ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • DISYEMBRE 2015

Liahona

Huling Pagsaksi ni Pangulong Packer, p. 10

Para sa mga Guro: Mas Magagandang Tanong, Mas Maraming Natututuhan, p. 20

Walang Hanggang Kasal: Isang Tipan sa Loob ng Tipan, p. 24

Pagpapanatag ng Inyong Isipan Tungkol sa Hinaharap, p. 34

"Gayon din naman, ang kaharian ng langit ay katulad ng isang taong nangangalakal na humahanap ng magagandang perlas:

"At pagkasumpong ng isang mahalagang perlas, ay yumaon siya at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili yaon."

Mateo 13:45–46

Liahona, Disyembre 2015

10

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Maglaan ng Oras para sa Tagapagligtas**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Banal na Katangian ni Jesucristo—Mahabagin at Mabait**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

10 **Isang Saksi ng Tagapagligtas na si Jesucristo**
Ni Pangulong Boyd K. Packer
Isang 45 taon nang Apostol ang nagpapatotoo "nang may lubos na katiyakan" tungkol sa Tagapagligtas.

14 **Si Joseph Smith at ang Aklat ng Apocalipsis**
Ni David A. Edwards
Bakit tinawag ni Joseph Smith ang aklat ng Apocalipsis na "isa sa pinakamalilinaw na aklat na ipinasulat ng Diyos"?

20 **Tamang Pagtatanong sa Tamang Paraan**
Ni Scott H. Knecht
Ang tamang tanong ay makagagawa ng malaking kaibhan pagdating sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo.

24 **Ang Bago at Walang-Hanggang Tipan**
Ni Elder Marcus B. Nash
Para sa lahat ng sumusunod sa mga kondisyon ng bago at walang hanggang tipan, ang gantimpala ay kagalakan at kapayapaan sa daigdig na ito at buhay na walang hanggan sa susunod na buhay.

32 **"Nangako ako sa Diyos"**
Ni Néstor Curbelo
Ang determinasyon ng isang miyembro sa Ecuador ay naging malaking impluwensya sa kasay-sayan ng Simbahan doon.

34 **Mapayapa**
Ni Elder D. Todd Christofferson
Mag-ukol ng oras sa Kapaskuhang ito na madama ang pagtiyak ng Tagapagligtas.

MGA BAHAGI

8 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Isang Handog na Buhay at Pagmamahal**
Ni Brad Allred

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Tunay na Pasko**
Ni Pangulong Howard W. Hunter

SA PABALAT
Harap: Paglalarawan ni Matthew Reier. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Patrizio Martorana/iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Clebher Tex.

MGA YOUNG ADULT

44 **Napaagang Pag-uwi mula sa Misyon**
Ni Brittany Romanello Casco
Naniwala ako sa mga kuwento ng pagpapagaling ni Cristo sa maysakit, at naniwala ako na gagawin din Niya iyon para sa akin.

48 **Mga Young Adult Profile: Namumuhay Bilang Isang Saksi sa Germany**
Ni Justina McCandless
Ang pag-unawa sa pagtingin ng Ama sa Langit sa kanya ay nakatulong kay Esther sa kanyang mga pakikipag-ugnayan sa iba.

Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang natutuhan mo mula sa iyong mga magulang?

MGA KABATAAN

50 **Paano Makikita ang Tunay na Kahulugan ng Pasko**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

51 **Isang Regalong Nagpapabago ng Buhay sa Thrift Store**
Ni Keanu Williams
Sagot sa isang panalangin sa Kapaskuhan ang naging dahilan para maging walang-hanggan ang isang pamilya.

52 **Ang Bagong Lipat na Lalaki**
Ni Matthew Flitton
Halos mag-isa si Matthew sa kanyang korum, ngunit hindi nagtagal ay nalaman niya na kailangan lang anyayahan ang marami sa mga priest na dumalo.

54 **Kilala Nila si Joseph**
Kilalanin si Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng mga salita ng mga taong personal na nakakilala sa kanya.

56 **Tagatanggap ka ba o Tagabigay?**
Muling pag-isipan ang iyong pananaw sa pagsunod sa mga kautusan at paglilingkod sa Simbahan.

57 **Poster: Gamitin Ito o Mawawala Ito sa Iyo**

58 **Mga Tanong at mga Sagot**
Pakiramdam ko ay hindi sapat ang kakayahan ko na maging Young Women class president. Paano ako magiging mas mahusay na lider?

60 **Mga Bagay na Natutuhan Ko Bilang Isang Kabataang Nabinyagan**
Ni Elder Jörg Klebingat
Ang pagdarasal sa tuwina at pamumuhay para magkaroon ng bisa ang Pagbabayad-sala araw-araw ay makakatulong sa iyo na makadama ng tiwala at kalinisan sa lahat ng oras.

64 **Pansariling Pag-unlad sa Aking Family Tree**
Ni Raisa Marcondes
Sa paggawa ng kanyang family history, natuklasan ni Raisa na hindi lang siya ang miyembro ng Simbahan sa kanyang pamilya.

MGA BATA

65 **Mga Banal na Kasulatan para kay Spencer**
Ni Elder Marcus B. Nash
Hindi alam ni Spencer kung bakit hindi siya makatulog nang mahimbing nang magpunta ang kanyang mga magulang sa ibang lugar. Ano ang nangyari?

66 **Isang Aral mula sa Aking Ama**
Ni Elder David A. Bednar
Ang ama ni Elder Bednar ay hindi miyembro ng Simbahan, ngunit tinuruan pa rin siya nito ng isang mahalagang aral tungkol sa priesthood.

67 **Mga Larawang May Kaugnayan sa Banal na Kasulatan: Ang Aklat ni Mormon**

68 **Bisperas ng Pasko Kasama ang mga Córdoba**
Ni Honney Thalia Cabel Losno
Si Marycielo at ang kanyang kapatid na babae ay may maibibigay sa mga Córdoba na mas maganda pa kaysa mga regalo para sa Pasko.

70 **Ang Puzzle ng Panunumbalik**
Ni Heidi Poelman
Kinailangan ni Anna na magbigay ng mensahe sa Primary. Ngunit paano niya maipaliliwanag ang kahulugan ng Panunumbalik*?*

72 **Oras para sa Banal na Kasulatan: Si Jesucristo ay Paparitong Muli!**
Ni Erin Sanderson

74 **Para sa Maliliit na Bata: Ang Kuwento ng Pagsilang ni Cristo**

DISYEMBRE 2015 TOMO 18 BLG. 12
LIAHONA 12572 893
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Joseph W. Sitati
Mga Tagapayo: Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef
Writing at Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
December 2015 Vol. 18 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.

"Mapayapa," pahina 34: Inaanyayahan tayo ni Elder Christofferson na mag-ukol ng oras sa Kapaskuhang ito na maupo nang tahimik at mag-isip tungkol sa sanggol na si Jesus. Isiping basahin ang artikulo nang sama-sama bilang pamilya at pagkatapos ay anyayahan ang diwa ng pagpipitagan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagkanta ng mga himno, o panonood ng mga Bible video (makukuha sa Biblevideos.org) tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay bigyan ng oras ang bawat tao na mag-isip tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas at kung ano ang kahulugan nito sa kanila. Maaari kang maghanda ng mga journal o papel para sa mga tao na gustong isulat ang kanilang mga ideya. Ipabahagi sa mga kapamilya ang kanilang mga ideya kung gusto nila.

Video sa Pasko, Mormon.org: Umisip ng mga paraan na magagamit ng iyong pamilya ang video tungkol sa Pasko sa taon na ito para ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Maaari kang maghanda ng mga pagkain sa Pasko na ibabahagi sa mga kaibigan at dalhin mo ang mga ito na may kasamang card na may web address ng video. Maaari ka ring magplano ng family social media campaign at gumawa ng mga mithiin kung ilang tao ang mababahaginan mo ng video. Ang isa pang opsiyon ay anyayahan ang mga kaibigan na panoorin ninyo ang video.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** para makakita ng mga ideya sa family home evening, mga tulong sa Sunday lesson, at content na maibabahagi mo sa mga kaibigan at pamilya (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol).

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *67*
Bagong Tipan, *14*
Buhay na walang hanggan, *24*
Family history, *64*
Gawaing misyonero, *32, 44, 48, 51, 52*
Gawain sa templo, *42, 43, 58*
Habag, *7*
Ikalawang Pagparito, *72*
Jesucristo, *4, 10, 24, 34, 50, 60, 72*
Kabaitan, *7, 41, 58*
Kapayapaan, *34*
Kasal, *24*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *65*
Pagbabayad-sala, *10, 44, 60*
Pagkatuto, pag-aaral, *20*
Paglalaan, dedikasyon, *32*
Paglilingkod, *4, 39, 41, 56, 58, 68*
Pagmamahal, pag-ibig, *8*
Pagsunod, *24, 56*
Pagtuturo, *20*
Pamumuno, *58*
Panalangin, *41, 42, 60*
Panunumbalik, *70*
Pasko, *4, 8, 34, 38, 39, 40, 41, 42, 43, 50, 51, 68, 72, 74, 80*
Priesthood, *66*
Sakripisyo, *8, 32, 39, 40, 43, 56, 60*
Smith, Joseph, *14, 54, 70*
Talento, mga, *57*
Tipan, mga, *24*

Ni Pangulong
Thomas S. Monson

MAGLAAN NG ORAS PARA SA Tagapagligtas

Isa pang Kapaskuhan ang paparating at kasunod nito ang pagsapit ng isang bagong taon. Parang kahapon lamang tayo nagdiwang ng pagsilang ng Tagapagligtas at gumawa ng mga resolusyon.

Sa ating mga pagpapasiya para sa taon na ito, ipinasiya ba nating maglaan ng oras sa ating buhay at puwang sa ating puso para sa Tagapagligtas? Gaano man tayo katagumpay sa ngayon sa gayong pagpapasiya, tiwala ako na nais nating lahat na paghusayin pa ito. Ang Kapaskuhang ito ang tamang panahon para suriin at panibaguhin ang ating mga pagsisikap.

Sa kaabalahan natin sa buhay, dahil sa napakaraming iba pang bagay na umaagaw sa ating pansin, mahalagang gumawa tayo ng sadya at tapat na pagsisikap na gawing bahagi si Cristo ng ating buhay at tahanan. At mahalaga na tayo, gaya ng mga Pantas mula sa Silangan, ay manatiling nakatuon sa Kanyang bituin at "[lumapit] upang siya'y sambahin."[1]

Sa buong kasaysayan, ang mensahe ni Jesus ay hindi nagbabago. Kina Pedro at Andres sa dalampasigan ng Galilea, sinabi Niya, "Magsisunod kayo sa hulihan ko."[2] Kay Felipe ay dumating ang panawagan na, "Sumunod ka sa akin."[3] Sa Levita na nakaupo sa paningilan ng buwis ay dumating ang utos na, "Sumunod ka sa akin."[4] At sa inyo at sa akin, kung makikinig lang tayo, darating din ang paanyayang iyan: "Sumunod sa akin."[5]

Kapag sinundan natin ngayon ang Kanyang mga yapak at tinularan ang Kanyang halimbawa, magkakaroon tayo ng mga pagkakataong pagpalain ang buhay ng iba. Inaanyayahan tayo ni Jesus na ibigay ang ating sarili: "Masdan, hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan."[6]

Mayroon ka bang dapat paglingkuran ngayong Pasko? Mayroon bang naghihintay sa pagbisita mo?

Ilang taon na ang nakararaan bumisita ako sa bahay ng isang matandang biyuda sa araw ng Pasko. Habang naroon ako, tumunog ang doorbell. Naroon at nakatayo sa may pintuan ang isang napakaabala at bantog na doktor. Hindi siya pinapunta; sa halip, nadama lang niya ang pahiwatig na bisitahin ang isang pasyenteng nalulumbay.

Sa Kapaskuhang ito, gustung-gusto ng mga taong nararatay sa sakit na mabisita sa araw ng Pasko. Isang araw ng Pasko nang bumisita ako sa isang bahay-kalinga, naupo ako at nakipag-usap sa limang matatandang babae, na ang pinakamatanda ay 101 anyos. Bulag siya, subalit nakilala niya ang boses ko.

"Bishop, nahuli ka yata ng dating ngayong taon!" sabi niya. "Akala ko hindi ka na darating."

Masaya kaming nag-usap. Gayunman, isang pasyente ang may pananabik na dumungaw sa bintana at paulit-ulit na sinabing, "Alam kong dadalawin ako ngayon ng anak ko." Inisip ko kung darating nga ito, dahil ilang Kapaskuhan na ang nagdaan na hindi ito nakadalaw.

May panahon pa ngayong taon na tumulong, magpadama ng pagmamahal, at magkusang-loob—sa madaling salita, tularan ang ipinakita ng ating Tagapagligtas at maglingkod sa paraang gusto Niya tayong maglingkod. Kapag naglingkod tayo sa Kanya, hindi tayo mawawalan ng pagkakataon, tulad ng bantay sa bahay-tuluyan

noong araw,[7] na maglaan ng oras sa ating buhay at puwang sa ating puso para sa Kanya.

Nauunawaan ba natin ang kagila-gilalas na pangakong nasa mensahe ng anghel na ibinigay sa mga pastol na nasa bukid: "Dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan. . . . Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon . . . ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon"?[8]

Habang nagpapalitan tayo ng mga regalo sa Pasko, nawa'y ating alalahanin, pasalamatan, at tanggapin ang pinakadakilang regalo sa lahat—ang handog ng ating Tagapagligtas at Manunubos, upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

"Sapagkat ano ang kapakinabangan ng tao kung ang isang handog ay ipinagkaloob sa kanya, at hindi niya tinanggap ang handog? Masdan, hindi siya nagsasaya sa yaong ibinigay sa kanya, ni nasisiyahan sa kanya ang siyang nagkaloob ng handog."[9]

Nawa'y sundin natin Siya, paglingkuran Siya, igalang Siya, at tanggapin natin sa ating buhay ang Kanyang mga handog sa atin, upang tayo, sa mga salita ni Amang Lehi, ay "[mayakap] magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal."[10] ■

MGA TALA

1. Mateo 2:2.
2. Mateo 4:19.
3. Juan 1:43.
4. Mateo 9:9.
5. Doktrina at mga Tipan 38:22.
6. Doktrina at mga Tipan 64:34.
7. Tingnan sa Lucas 2:7.
8. Lucas 2:10–11.
9. Doktrina at mga Tipan 88:33.
10. 2 Nephi 1:15.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Nananawagan sa atin si Pangulong Monson na "gumawa tayo ng sadya at tapat na pagsisikap na gawing bahagi si Cristo ng ating buhay at tahanan." Isiping talakayin sa mga tinuturuan mo kung paano nila magagawa ang sadyang pagsisikap na ito nang mag-isa at bilang pamilya. Maaari mo silang pag-isipin ng isang partikular na tao o pamilya na mabibisita o mapaglilingkuran nila sa Paskong ito. "May panahon pa ngayong taon para tumulong, magpadama ng pagmamahal, at magkusang-loob."

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Mga Paraan para Makapaglingkod sa Kapaskuhan

Nag-uukol ng panahon si Pangulong Monson para bisitahin ang matatanda at nasa mga bahay-kalinga, lalo na sa Kapaskuhan. Napansin niya na mayroong masasaya dahil may bumisita sa kanila, samantalang ang iba ay umaasam lang sa mga bisitang hindi dumarating kailanman. May mga tao na naghihintay na mabisita ng isang tao—marahil ngayong Pasko, maaaring *ikaw* ang taong iyon.

Ang sumusunod ay listahan ng ilang paraan lamang na makakatulong kang tiyakin na walang sinumang malulumbay sa Paskong ito. Malayang mag-isip ng iba pang mga paraan na makakatulong ka sa inyong komunidad sa panahong ito. "Mayroon bang naghihintay sa pagbisita mo?"

- Gumawa ng mga Christmas card na ipadadala sa mga missionary at sa mga walang-asawa at matatandang miyembro ng inyong ward o branch.
- Magboluntaryo sa isang organisasyon sa inyong komunidad.
- Mamigay ng mga kopya ng Aklat ni Mormon bilang Pamaskong regalo sa iyong mga kaibigan at kapitbahay.
- Bisitahin ang matatanda sa inyong ward o pamilya.
- Maghanda ng mga pagkaing ipadadala sa iyong mga kapitbahay.

Para sa iba pang mga ideya kung paano ka makapaglilingkod sa inyong komunidad, magpunta sa lds.org/topics/humanitarian-service/help.

Sundan ang Liwanag

Matapos isilang si Jesus, dinalhan Siya ng mga Pantas ng mga handog. Sinundan nila ang isang bago at maningning na bituin sa langit para mahanap Siya.

Sundan ang landas para makarating kay Jesus. Anong mga handog ang madadala mo sa Kanya?

MGA PAGLALARAWAN NI KAYLEIGH JOLLEY

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa ***reliefsociety.lds.org****.*

Mga Banal na Katangian ni Jesucristo: Mahabagin at Mabait

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas.

"Sa mga banal na kasulatan, ang pagkahabag ay literal na nangangahulugan ng 'pakikiramay.' Nangangahulugan din ito ng pagpapakita ng pakikidalamhati, pakikipighati, at awa para sa kapwa tao."[1]

"Binigyan tayo ni Jesus ng maraming halimbawa ng mahabaging pagmamalasakit," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. "Ang taong pilay sa lawa ng Betesda; ang babaing nangalunya; ang babae sa balon ni Jacob; ang anak na babae ni Jairo; si Lazaro na kapatid ni[na] Maria at Marta—bawat isa'y kumatawan sa biktima sa landas ng Jerico. Bawat isa'y nangailangan ng tulong.

'Sa pilay sa Betesda, sinabi ni Jesus, 'Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka.' Sa makasalanang babae ay ipinayo [N]iya, 'Humayo ka, at huwag ka nang magkasala.' Upang matulungan ang babaing

dumating para umigib ng tubig, naglaan Siya ng balon ng tubig, 'na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.' Sa namatay na anak na babae ni Jairo ay dumating ang utos, 'Dalaga, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka.' Sa nakalibing na si Lazaro ay, 'Lumabas ka.'

"Lagi nang nagpapakita ang Tagapagligtas ng walang hanggang kakayahang mahabag. . . . Buksan natin ang pintuan ng ating mga puso, upang Siya—ang buhay na halimbawa ng tunay na pagkahabag—ay makapasok."[2]

Isipin Ito

Sino ang mapagpapala ng inyong pagkahabag?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Mga Awit 145:8; Zacarias 7:9; I Ni Pedro 3:8; Mosias 15:1, 9; 3 Nephi 17:5–7

MGA TALA

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagkahabag."
2. Thomas S. Monson, "Ang Kaloob na Pagkahabag," *Liahona,* Mar. 2007, 4–5, 8.
3. Linda S. Reeves, "Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2012, 120.
4. Linda S. Reeves, "Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon," 118.
5. Linda S. Reeves, "Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon," 120.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa mga Banal na Kasulatan

"Lumuhod kaming mag-asawa sa tabi ng aming 17-taong-gulang na anak na babae at nagsumamong palawigin pa ang kanyang buhay," sabi ni Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency. "Ang sagot ay hindi, ngunit . . . . nalaman namin . . . na . . . kinahahabagan tayo [ng Tagapagligtas] sa ating mga kalungkutan."[3]

"Isa sa mga paborito kong kuwento sa buhay ng Tagapagligtas ang kuwento tungkol kay Lazaro. Sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na 'Iniibig nga ni Jesus si Marta, . . . ang kaniyang kapatid [na si Maria], at [ang kapatid nilang] si Lazaro.'"[4] Nang magkasakit si Lazaro, dumating ang balita kay Jesus, ngunit nang dumating Siya ay patay na si Lazaro. Tumakbo si Maria kay Jesus, lumuhod sa Kanyang paanan, at nanangis. Nang makita ni Jesus na tumatangis si Maria, "nalagim siya sa espiritu, at . . . tumangis" (Juan 11:33, 35).

"Iyan ang ating tungkulin. Kailangan nating madama at makita mismo at pagkatapos ay tulungan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit na madama at makita at malaman na pinasan ng ating Tagapagligtas hindi lamang ang lahat ng ating kasalanan kundi maging ang ating mga pasakit at pagdurusa at pighati upang malaman Niya kung ano ang nadarama natin at kung paano tayo aaliwin."[5]

ANAK NA BABAE NI JAIRO, NI WILSON ONG

ISANG HANDOG NA BUHAY AT PAGMAMAHAL

Ni Brad Allred

Ipinakita sa amin ng kaloob ng aking ina ang tunay na kahulugan ng Pasko.

Noon pa man ay nakakahawa na ang pagmamahal sa buhay ni Tiyo Ed. Sa kasamaang-palad, may sakit siya sa bato. Ilang taon nang napaglalabanan ni Ed ang sakit sa bato sa tulong ng dialysis. Ang mga panggagamot ay masakit at madalas. Sa bawat panggagamot ay pagod na pagod siya hanggang sa susunod na panggagamot, at pagsapit ng taglagas ng 1995, wala na siyang kasigla-sigla.

Sa wakas ay sinabihan ng doktor si Ed na kung hindi siya makakahanap ng bagong bato sa lalong madaling panahon, hindi na magtatagal ang buhay niya. Kahit isang bato lang ang kailangan para mabuhay, ayaw humingi ni Ed ng isang bato kaninuman dahil sa panganib na talagang kaakibat ng anumang operasyon. Pero wala siyang pagpipilian. Ilang malalapit na kaibigan at kapamilya ang sinubukan upang malaman kung magkatugma ang mga bato nila. Iisa lang ang nakitang tugmang-tugma: ang sa kapatid na babae ni Ed na si Dottie—ang aking ina.

Noong Disyembre 7, marami sa mga kaibigan at kapamilya ni Ed ang nakiisa sa pag-aayuno at pagdarasal para sa kanya at kay Dottie. Ang mga surgeon na nagsagawa ng operasyon ay magkapatid na kambal. Ang mas nakakatuwa, isa sa kanila ang nagbigay ng isang bato sa isa. Humanga si Ed at ang aking ina nang malaman nila na sa bawat operasyon, ginawa ng dalawang doktor na ito ang lahat at pagkatapos ay iniyuko ang kanilang ulo at ipinaubaya sa Panginoon ang kahihinatnan nito.

Sa araw ng operasyon, tinanggal ng isang doktor ang isa sa mga bato ng aking ina. Nang tahiin niya ang hiwa, maingat na inilagay ng kanyang kapatid ang donasyong bato sa loob ng tiyan ni Ed.

Tagumpay ang operasyon, ngunit hinintay nila kung tatanggapin ng katawan ni Ed ang bagong bato. Pinigil ang mga antibody sa kanyang immune system para mapaganda ang kanyang tsansa, kaya kinailangang ibukod si Ed sa intensive care unit para maprotektahan siya sa mga virus. Kahit nakalabas na siya ng ospital, kinailangan siyang ilayo sa lahat maliban sa kanyang sariling pamilya. Gayunman, pagsapit ng Bisperas ng Pasko, binigyan si Ed ng espesyal na pahintulot na dumalo sa taunang pagdiriwang ng Bisperas ng Pasko ng lolo't lola ko.

Nakasuot ng face mask, pumasok si Ed sa pintuan, dumiretso kay Dottie, at niyakap ito nang mahigpit. Habang magkayakap sila, lahat ay napaiyak. Nadama ng lahat ang pagmamahal na nagmumula sa kanila. Isang kapatid na babae ang nagsakripisyong ibigay sa kanyang kapatid na lalaki ang handog na buhay. Ito ay isang handog na pagmamahal,

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

"Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya."

Juan 3:16–17

isang handog na sakripisyo, isang handog na hindi niya mailalaan para sa kanyang sarili.

Habang pinagmamasdan ko sila, na dumadaloy ang mga luha sa aking pisngi, bigla kong naisip: ganito yata ang pakiramdam ng makaharap ang Tagapagligtas. Ginawa Niya ang isang bagay para sa atin na hindi natin kayang gawin para sa ating sarili. Dahil banal, Siya lamang ang nakapagtiis na magsakripisyo nang labis upang matugunan ang batas ng katarungan. At dahil sakdal, Siya lamang ang karapat-dapat na magbayad-sala para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan upang ang batas ng awa ay maibigay sa lahat ng tatanggap sa Kanya bilang kanilang Tagapagligtas.

Nang namnamin ko ang mga ideyang ito, nangako akong muli na gagawin ang lahat para ipakita ang aking pasasalamat sa Tagapagligtas at sa Kanyang sakripisyo. Sisikapin kong mamuhay bilang disipulo upang balang-araw ay maging marapat akong pumasok sa Kanyang kinaroroonan, yakapin Siya, at personal Siyang pasalamatan sa pagmamahal sa akin nang sapat para magsakripisyo nang gayon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGBABAHAGI NG MGA HANDOG

Ano ang kahulugan sa iyo ng mapagmahal na sakripisyo ng Panginoon?

Sino ang maaaring makinabang sa handog na pagmamahal ng Tagapagligtas?

Kanino mo maaaring ibahagi ang ebanghelyo, ihandog ang mensahe ng pag-asa, o ibahagi ang kagalakan ng Kapaskuhan?

PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE; LARAWANG KUHA NI MARIDAVISTOCK/THINKSTOCK

Ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015)
Pangulo ng Korum ng Labindalawang

Isang Saksi ng Tagapagligtas na si JESUCRISTO

Sa kanyang 54 na taon bilang General Authority at sa kanyang 45 taon bilang Apostol, isang natatanging saksi "ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23), mapagpakumbabang ibinahagi ni Pangulong Packer ang patotoong iyan. Bago siya namatay noong Hulyo 3, 2015, hiniling ni Pangulong Packer na ibahagi sa Liahona *ang sumusunod na mga hango mula sa kanyang ministeryo. Sa diwa ng Kapaskuhan, binibigyang-diin ng mga ito ang kanyang pagsaksi at pagmamahal sa Tagapagligtas na si Jesucristo.*

Mahal ko ang Panginoon

"Mahal ko ang Pasko. May espiritu sa Kapaskuhan. Bumababa ito sa mundo—hindi lamang sa mga miyembro ng Simbahan kundi sa iba't ibang panig ng mundo—isang patotoo at isang pagsaksi na si Jesus ang Cristo. . . . Bilang lingkod ng Panginoon, bilang isa sa Labindalawa, alam ko na si Jesus ang Cristo. . . .

"Mahal ko ang Panginoon. Mahal ko ang Kanyang gawain. Mahal ko Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at pinatototohanan ko Siya na ating Guro at ating Kaibigan."[1]

Sa Kanya ay Sumasaksi Ako

"May ilang bagay na napakasagrado talaga para talakayin. . . .

"Hindi dahil lihim ang mga ito, kundi sagrado; hindi dapat talakayin, kundi dapat pangalagaan at protektahan at igalang nang husto.

"Nalaman ko kung ano ang ibig sabihin ng propetang si Alma:

"'. . . Ibinigay sa marami na malaman ang mga hiwaga ng Diyos; gayunpaman, sila ay pinasailalim sa isang mahigpit na pag-uutos na hindi nila ipamamahagi tanging alinsunod lamang sa bahagi ng kanyang salita na ipinag-kaloob niya sa mga anak ng tao, alinsunod sa pagtalima at pagsusumikap na kanilang ibinigay sa kanya.

"'At kaya nga, siya na magpapatigas ng kanyang puso, siya rin ang tatanggap ng higit na maliit na bahagi ng salita; at siya na hindi magpapatigas ng kanyang puso, sa kanya ay ibibigay ang higit na malaking bahagi ng salita, hanggang sa ibigay sa kanya na malaman ang hiwaga ng Diyos, hanggang sa kanyang malamang ganap ang mga ito' (Alma 12:9–10). . . .

"Ngayon, nagtataka tayo pareho kung bakit dapat tawagin ang isang katulad ko sa

DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG BATANG MUSMOS*, NI CARL HEINRICH BLOCH



banal na pagkaapostol. Napakaraming katangiang kailangan na wala sa akin. Kulang na kulang ang pagsisikap kong makapaglingkod. Nang pag-isipan ko ito, isang bagay lang ang pumasok sa isipan ko, isang katangian na maaaring may dahilan, at iyon ay, dahil nasa akin ang patotoong *iyon*.

Ipinapahayag ko sa inyo na alam ko na si Jesus ang Cristo. Alam ko na Siya ay buhay. Siya ay isinilang sa kalagitnaan ng panahon. Itinuro niya ang Kanyang ebanghelyo, nilitis Siya, at ipinako sa krus. Nagbangon sa ikatlong araw. Siya ang unang bunga ng pagkabuhay na mag-uli. Siya ay may katawang may laman at buto. Ito ay pinatototohanan ko. Sa Kanya'y sumasaksi ako."[2]

Tinanggap Niya ang Parusa

"Bago ang Pagpapako sa Krus at pagkatapos niyon, maraming tao ang kusang nag-alay ng kanilang buhay sa di-makasariling mga hakbang ng kabayanihan. Ngunit walang sinumang dumanas ng tiniis ni Cristo. Nasa Kanya ang bigat ng kasalanan ng buong sangkatauhan, lahat ng kasalanan ng tao. At sa di-tiyak at kritikal na kalagayan ay naroon ang Pagbabayad-sala. Sa Kanyang kusang pagkilos, maaaring magkasundo ang awa at katarungan, maitaguyod ang walang hanggang batas, at makamtan ang pagpapamagitan dahil kung wala ito ay hindi matutubos ang tao.

"Pinili Niyang tanggapin ang parusa alang-alang sa buong sangkatauhan para sa lahat ng kasamaan at kabuktutan; sa kalupitan, kahalayan, paglabag, at katiwalian; sa pagkalulong; sa mga pagpatay at pagpapahirap at paninindak—para sa lahat ng nangyari o lahat ng mangyayari sa mundong ito. Sa pagpiling ito ay dinanas Niya ang kahindik-hindik na kapangyarihan ng diyablo, na hindi nagkaroon ng laman ni dumanas ng hirap sa buhay na ito. Iyon ang Getsemani!

"Kung paano naisagawa ang Pagbabayad-sala ay di natin alam. Walang taong nakakita nang lumayo ang diyablo at magtago dahil sa kahihiyan sa harap ng Liwanag ng dalisay na nilalang na iyon. Hindi kayang patayin ng lahat ng kasamaan ang Liwanag na iyon. Nang mangyari ang nangyari, ang hinihinging halaga ay nabayaran. Kapwa ang kamatayan at impiyerno ay wala nang kapangyarihan sa lahat ng magsisisi. Sa wakas ay naging malaya ang tao. Pagkatapos ay maaari nang sundan ng bawat kaluluwang nabuhay ang Liwanag na iyon at matubos.

"Sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang sakripisyo, 'sa pamamagitan ng Pagbabayad-salang [ito] ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo' (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3)."[3]

Ang Dalubhasang Guro

"Sa pagsisikap kong ituro ang Kanyang ebanghelyo, nakilala ko Siya, si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Bugtong na Anak ng Ama. Nagpipitagan ako sa Kanyang harapan na may matinding pagsasaalang-alang sa itinuro Niya, at matinding pagpapahalaga sa kung paano Siya nagturo. Hindi masamang hangarin ng sinuman sa atin na magturo na katulad ng pagtuturo Niya. Hindi masamang hangarin ng sinuman sa atin na maging katulad Niya. Hindi lamang Siya isang guro; Siya ang dalubhasang guro."[4]

Mga Katotohanang Mahalagang Malaman

"Bilang mga mortal, maaaring hindi, sa katunayan talagang hindi natin lubos na nauunawaan kung *paano* isinakatuparan ng Tagapagligtas ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ngunit sa ngayon ang *paraan* ay hindi kasinghalaga ng *dahilan* ng Kanyang pagdurusa. Bakit Niya ito ginawa para sa inyo, para sa akin, para sa buong sangkatauhan? Ginawa Niya ito dahil sa pag-ibig sa Diyos Ama at sa buong sangkatauhan.

DETALYE MULA SA *HINDI AKING KALOOBAN, KUNDI ANG IYONG KALOOBAN, ANG MASUNOD*, NI HARRY ANDERSON

'Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan' (Juan 15:13).

"Sa Getsemani, humiwalay si Cristo sa Kanyang mga Apostol para manalangin. Anuman ang nangyari ay wala tayong kakayahang malaman! Ngunit alam natin na naisagawa Niya ang Pagbabayad-sala. Handa Siyang akuin ang mga pagkakamali, mga kasalanan at bigat ng konsiyensya, mga pag-aalinlangan at takot ng buong mundo. Nagdusa Siya para sa atin para hindi na tayo magdusa pa. Marami ang dumanas ng pagdurusa at masakit at malagim na kamatayan. Ngunit saklaw ng Kanyang pagdurusa ang lahat ng ito. . . .

"Ang Kanyang pagdurusa ay kaiba sa lahat ng pagdurusa bago o pagkatapos niyon dahil pinasan Niya ang lahat ng kaparusahan na ipinataw sa lahat ng tao. Isipin ninyo iyan! Wala Siyang utang na dapat bayaran. Wala Siyang nagawang kasalanan. Gayunman, ang lahat ng kasalanan, pagdurusa at lungkot, sakit at kahihiyan, lahat ng pagdurusa sa isipan, damdamin, at katawan na naranasan ng tao—ay naranasan Niyang lahat. Iisang Tao lamang sa buong talaan ng kasaysayan ng sangkatauhan ang walang kasalanan, na karapat-dapat na magbayad para sa mga kasalanan at paglabag ng lahat ng tao at makayanan ang sakit na kaakibat ng pagbabayad para sa kanila.

Iisang Tao lamang sa buong talaan ng kasaysayan ng sangkatauhan ang walang kasalanan, na karapat-dapat na magbayad para sa mga kasalanan at paglabag ng lahat ng tao at makayanan ang sakit na kaakibat ng pagbabayad para sa kanila.

"Inialay Niya ang Kanyang buhay at sinabing, 'Ako ang magdadala ng mga kasalanan ng sanlibutan' (Mosias 26:23). Siya ay ipinako; Siya ay namatay. Hindi nila makukuha ang Kanyang buhay mula sa Kanya. Pumayag Siyang mamatay. . . .

"Kung nagkamali o nalihis kayo sa loob ng maikling panahon, kung nadarama ninyo na bihag kayo ng kaaway, maaari kayong sumulong nang may pananampalataya at hindi na magpagala-gala pa sa mundo. May mga taong handang gabayan kayo pabalik sa kapayapaan at katiwasayan. Ang biyaya ng Diyos, tulad ng pangako sa mga banal na kasulatan, ay dumarating 'sa kabila ng lahat ng ating magagawa' (2 Nephi 25:23). Ang posibilidad nito, para sa akin, ang katotohanan na napakahalagang malaman.

"Ipinapangako ko na maaaring dumating ang maningning na umaga ng kapatawaran. Pagkatapos 'ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip' (Mga Taga Filipos 4:7) ay muling darating sa buhay ninyo, na parang pagsikat ng araw, at kayo at Siya ay 'hindi na aalalahanin [pa ang inyong kasalanan]' (Jeremias 31:34). Paano ninyo malalaman? Malalaman ninyo! (Tingnan sa Mosias 4:1–3.)"[5]

Ang Aking Patotoo

"Matapos ang maraming taon na ako ay nabubuhay at nagtuturo at naglilingkod, matapos ang milyun-milyong kilometro ng paglalakbay ko sa mundo, sa lahat ng aking naranasan, may isang dakilang katotohanan akong ibabahagi. Iyan ay ang aking pagsaksi sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

"Itinala nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang sumusunod matapos ang espirituwal na karanasan:

"'At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"'Sapagkat siya ay aming nakita' (D at T 76:22–23).

"Ang kanilang mga salita ay aking mga salita."[6]

"Kaylaki ng pribilehiyong napasaakin sa buong buhay ko na maibigay ang aking natatanging patotoo na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos. Pinatototohanan ko nang buong pagpapakumbaba, ngunit may lubos na katiyakan, na Siya ang Bugtong na Anak ng Ama. Ito ang Kanyang Simbahan; Siya ang nangungulo rito at namamahala sa gawaing ito. Siya ang ating Manunubos. Alam ko na Siya ay buhay, at kilala ko Siya. Ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen."[7] ■

MGA TALA

1. "Our Witness of the Lord," General Authority training, Dis. 5, 1974.
2. "The Spirit Beareth Record," *Ensign,* Hunyo 1971, 87, 88.
3. "Sino si Jesucristo?" *Liahona,* Mar. 2008, 15.
4. *Mine Errand from the Lord: Selections from the Sermons and Writings of Boyd K. Packer* (2008), 337.
5. "Ang Di-Makasarili at Sagradong Sakripisyo ng Tagapagligtas," *Liahona,* Abr. 2015, 37–38; tingnan din sa "Truths Most Worth Knowing," Church Educational System Devotional, Nob. 6, 2011.
6. "Ang Saksi," *Liahona,* Mayo 2014, 97.
7. Isinulat ni Pangulong Packer ang huling pagpapatotoong ito bago siya namatay.

SI JOSEPH SMITH
AT ANG AKLAT NG APOCALIPSIS

Si Propetang Joseph Smith ay tumulong na alisin ang ilan sa mga hiwagang bumabalot sa aklat ng Apocalipsis at ipinakita ang kaugnayan nito sa ating panahon.

Ni David A. Edwards
Mga Magasin ng Simbahan

Ang aklat ng Apocalipsis ay isinulat sa unang siglo A.D., ngunit ito ang huling aklat sa Bagong Tipan na tinanggap bilang kanoniko (banal na kasulatan na may awtoridad). Ilang Kristiyanong iskolar sa mga sumunod na siglo ang pinagdudahan ang tinukoy na may-akda nito, tinutulan ang ilan sa mga doktrina nito (halimbawa, ang mga turo tungkol sa Milenyo o ang turo na hahatulan ang mga tao ayon sa kanilang ginawa), at ipinalagay na ang mga pagbanggit nito sa mga bagay-bagay sa Lumang Tipan at paglalarawan sa mga pangitain ay kakatwa at ibang-iba sa mga nakasulat sa Bagong Tipan.

Ngunit ang ilang di mapapabulaanang katotohanan ang dahilan kaya tinanggap ng halos lahat ng tao ang aklat. Halimbawa, marami sa mga sinaunang manunulat na Kristiyano ang nagbanggit sa aklat ng Apocalipsis, na iniuugnay ito kay Juan ang Apostol, at madalas na binanggit at lubos na sinang-ayunan ito sa kanilang mga katha. Ang iba pang mga aklat na itinuturing nang banal na kasulatan ay walang gayong katibayan.

Sa mga unang taon ng ika-19 na siglo, kung kailan tinawag ng Diyos si Joseph Smith bilang Propeta ng Panunumbalik, ang aklat ng Apocalipsis ay kasama sa halos lahat ng bersyon ng Biblia at paborito ng maraming mambabasa. Ang matalinghagang paglalarawan ng pangitain ni Juan ay pumukaw sa imahinasyon ng mga tao at dahil dito naglabasan

PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH; *JOHN ON PATMOS,* NI MARK STEINER © PROVIDENCE COLLECTION

Dahil kay Joseph Smith, alam natin na nabatid ni Nephi na si Juan na Tagapaghayag ay hinirang at inorden noon pa man na isulat ang mga pangitain sa mga huling araw na matatagpuan ngayon sa aklat ng Apocalipsis (tingnan sa 1 Nephi 14:19–29).

ang iba-ibang interpretasyon, na patuloy na nangyayari ngayon.

Bilang Propeta ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon, si Joseph Smith ay may natatanging posisyon na magbigay-linaw sa aklat ng Apocalipsis at tumulong na padaliin ang pagbasa at pag-unawa rito. Ginawa niya ito sa dalawang paraan: (1) ipinaliwanag niya ang ilang partikular na bahagi ng aklat na Apocalipsis at pinalawak ang kabuuang konteksto nito, at (2) nilinaw at pinasimple ito.

Ipinaliwanag at Pinalawak

Ang pinakamagandang halimbawa ng pagpapaliwanag ni Joseph Smith sa aklat ng Apocalipsis ay mababasa sa Doktrina at mga Tipan 77. Natanggap noong Marso 1832, ang paghahayag na ito ay binubuo ng mga tanong at sagot tungkol sa partikular na mga talata sa Apocalipsis, mga kabanata 4–11. Sinabi ng Propeta na ang paliwanag na ito ay inihayag sa kanya habang ginagawa niya ang inspiradong pagsasalin ng Biblia (tingnan sa D at T 77, pambungad na bahagi).

Ang mga tanong ay tuwiran, na ang pinakanais alamin ay, "Ano ang kahulugan nito?" at "Kailan ito mangyayari?" Ang mga sagot ay tuwiran din, bagama't hindi laging naglalaman ng lahat ng posibleng sagot. Ang mga sagot na hiningi at natanggap ni Propetang Joseph Smith ay nagpawalang-saysay sa mga haka-haka tungkol sa aklat at nakatulong sa atin upang maiugnay ang pangitain ni Juan sa gawain sa mga huling araw.

Halimbawa, ang paghahayag na ito ay tumutulong sa atin na makita na ang pitong tatak na inilarawan ni Juan sa kabanata 5 ng Apocalipsis ay kumakatawan sa pitong pinakamalalaking kaganapan sa kasaysayan ng mundo at ang huling dalawang tatak ay nauukol sa ating panahon ngayon at sa hinaharap (tingnan sa D at T 77:6–7), na tumutulong sa atin na malaman kung bakit mas nagtuon ang pangitain ni Juan sa ikaanim at ikapitong tatak. Pagkatapos ay ipinaliwanag ng paghahayag ni Joseph Smith kung paano nauugnay ang ilan sa mga numero sa ikaanim na tatak (ang apat na anghel at ang 144,000 lingkod na ibinukod mula sa mga lipi ni Israel) sa gawain ng Panunumbalik at pagtitipon sa mga huling araw (tingnan sa D at T 77:9–11).

Ang paliwanag na ito sa paghahayag, mangyari pa, ay hindi nag-iisang kontribusyon ni Propetang Joseph Smith na ginawa upang maipaunawa sa atin ang aklat ng Apocalipsis mula sa kanyang pagsasalin ng Biblia. Habang nagsasalin, may mga pagkakataong nabigyan siya ng inspirasyon na palinawin lamang ang teksto,[1] ngunit madalas siyang nabigyan ng inspirasyon na magdagdag o magbago ng teksto upang maiugnay ito sa iba pang mga banal na kasulatan nang sa gayon ay mapagtibay nito ang isa't isa.[2] Bahagi ng ginawa ni Joseph Smith sa Biblia, kung gayon, ang pag-ugnay-ugnayin ang magkakatulad na paksa mula sa iba't ibang aklat upang pagisahin ang mga turo at propesiyang matatagpuan sa mga aklat na ito, at ang prinsipyong ito ay akma rin sa aklat ng Apocalipsis.

Bukod pa rito, sa pamamagitan ng iba pang mga paghahayag at pagsasalin, pinalawak ni Joseph Smith ang konteksto ng aklat ng Apocalipsis sa pagpapakita na naglalaman din ito ng mga pangitain na may mga detalyadong impormasyon na ibinibigay sa mga propeta sa paglipas ng panahon. Sa Aklat ni Mormon at sa mahalagang Perlas, nalaman natin na sina Nephi, kapatid ni Jared, Moises, at si Enoc ay nagkaroon lahat ng pangitain tungkol sa magiging takbo ng kasaysayan ng tao, kabilang na ang katapusan ng mundo. Nalaman din natin na bagama't ang iba pang mga propeta ay pinakitaan ng katapusan ng mundo, sila ay pinagbawalang ibahagi ito sa mundo dahil si Juan ang inorden noon pa man na magsulat nito (tingnan sa 1 Nephi 14:25–26). Kaya nga, ang Aklat ni Mormon, na inilabas sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ay nagtuturo sa atin na nilayong mapasaatin ang paglalarawan ni Juan ng mga kaganapang hahantong sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at na iyon ay mahalagang pag-aralan natin.



DETALYE MULA SA *THE REVELATION OF ST. JOHN THE DIVINE*, NI PAUL MANN; DETALYE MULA SA *CHRIST OF THE CORNFIELD*, NI THOMAS FRANCIS DICKSEE

ISA SA MGA PABORITONG TALATA NI JOSEPH SMITH MULA SA AKLAT NG APOCALIPSIS

"Ang patotoo ni Jesus ay siyang espiritu ng hula" (Apocalipsis 19:10).

Ang pahayag na ito ng anghel kay Juan ay paulit-ulit na binanggit ni Propetang Joseph Smith. Ito ay susi para maunawaan ang katangian ng patotoo at gayundin ang pangangailangan sa mga propesiya at paghahayag sa Simbahan at sa ating sariling buhay. Halimbawa, sinabi ni Joseph Smith:

"Hindi darating ang kaligtasan kung walang paghahayag; walang kabuluhan para sa sinuman na maglingkod kung wala ito. Walang sinumang maaaring maging lingkod ni Jesucristo nang hindi nagiging isang Propeta. Walang sinumang maaaring maging lingkod ni Jesucristo maliban kung may patotoo siya kay Jesus; at ito ang diwa ng propesiya (*History of the Church,* 3:389).

Dahil sa karagdagang liwanag na iyon na inihayag sa pamamagitan ni Joseph Smith, mas makikita natin ang pinakapangunahing tema ng Apocalipsis: na "Sa katapusan magtatagumpay ang Diyos laban sa diyablo sa mundong ito; walang katapusang tagumpay ng mabuti sa masama, ng mga Banal laban sa mga umuusig sa kanila, ng kaharian ng Diyos laban sa mga kaharian ng tao at ni Satanas. . . . Ang tagumpay ay [m]atatamo sa pamamagitan ni Jesucristo."[3] Bukod pa rito, binigyang-diin ni Joseph Smith na ang mensahe ng Apocalipsis ay nakatuon kay Jesucristo bilang ating pag-asa at itinuturo sa atin na sa pagiging tapat sa Kanya at sa Kanyang gawain sa mga huling araw, madaraig natin ang mundo.

Linawin at Ipaunawa

Sa isang kumperensya ng Simbahan noong Abril 8, 1843, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang aklat ng Apocalipsis ay isa sa mga pinakasimpleng aklat ng Diyos na naisulat."[4] Ang pahayag na ito ay maaaring ikinagulat ng kanyang mga tagapakinig dahil lubhang salungat ito sa kanilang naranasan. Kaya ano ang ibig sabihin dito ng Propeta?

Bagama't ipinaliwanag ni Joseph Smith ang ilang kahiwagaan ng aklat ng Apocalipsis, sa mensaheng ito tila layon din niyang linawin at simplihan ito. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagpapakita na ang matalinghagang paglalarawan ng aklat ay hindi laging matalinghaga na gaya ng maaari nating isipin at ang banal na kasulatan na mahirap maunawaan ay hindi nangangahulugang mas mahalaga o mas makabuluhan na ito sa atin.

Halimbawa, binanggit din ni Joseph Smith sa kanyang mensahe na kung masusing babasahin ang aklat ng Apocalipsis hindi makakaroon ng iba't ibang interpretasyon. Binigyang-diin niya na ang unang tatlong kabanata ng aklat ay tungkol sa panahon ni Juan at "ang mga bagay na nararapat mangyaring madali" (Apocalipsis 1:1) at ang iba pang nilalaman ng aklat ay "mga bagay na dapat mangyari sa haharapin" (Apocalipsis 4:1), o lampas pa sa panahon ni Juan.[5] Kung lilimitahan lang ang pinatutungkulan ng matalinghagang paglalarawan sa mga bahaging ito ng aklat, ang mga impormasyong ito tungkol sa panahon ay magpapaliwanag at magpapasimple sa mga bahaging iyon.

Maliban diyan, itinuro ni Joseph Smith na kapag sinabing hayop, kung minsan ang kinakatawan nito ay talagang hayop lang. Ipinaliwanag niya na nang makakita si Juan ng mga nilalang sa kalangitan (tingnan sa Apocalipsis 4:6), ang nakita niya ay talagang . . . mga hayop sa langit. Ipinahiwatig ng Propeta kung gayon na ilan sa mga paglalarawan ni Juan ng kanyang mga pangitain ay literal habang ang ilan

Ilang Bagay na Alam Natin Tungkol sa

AKLAT NG APOCALIPSIS

Dahil kay JOSEPH SMITH

Dahil sa karag-dagang liwanag na inihayag sa pamamagitan ni Joseph Smith, higit nating na-uunawaan ang tema ng Apoca-lipsis ukol sa ta-gumpay ni Cristo at ng Kanyang mga Banal laban sa mga diyablo at sa mundo.



Matapos buksan ang ikapitong tatak, babalik si Cristo, at ang masa-sama ay lilipulin.

Ang mundo ay lilinisin, at magsisimula ang panahon ng Milenyo *(tingnan sa D at T 88:89–110).*

APOCALIPSIS 7:1–8

D AT T 77:8–11

Ang apat na anghel at ang 144,000 lingkod na ibinuk-lod sa mga lipi ni Israel ay nauugnay sa gawain ng Panunumbalik at pagtitipon sa mga huling araw.

APOCALIPSIS 20:2

1 NEPHI 22:26

Si Satanas ay igagapos sa Milenyo "dahil sa kabutihan ng mga tao [ni Cristo]."



PAGKABUHAY NA MAG-ULI

PANUNUMBALIK

APOSTASIYA

APOCALIPSIS 12:4, 7–9

D AT T 29:36–37; 76:25–29

Maikling tinukoy sa pangitain ni Juan ang digmaan sa langit bago tayo isinilang para bigyang-diin ang patuloy na digmaan sa lupa sa pagitan ng mga puwersa ng Diyos at ni Satanas.

APOCALIPSIS 5–8

D AT T 77:6–7, 12

Ang pitong tatak ay kumakatawan sa pitong kapanahunan. Ang huling dalawang pagharap sa ating panahon at iba pa.

"Ang mundo ay papanaw maging sa pamamagitan ng apoy *(tingnan sa D at T 43:32–33).*

APOCALIPSIS 20:5

D AT T 76:81–85

Ang mga hindi mabu-buhay na muli hangga't hindi natatapos ang Milenyo ay ang mga taong magmamana ng kahariang telestiyal.

"At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios" *(Apocalipsis 21:2).* ***Ito ay tumutukoy sa pagbabalik ng lungsod ni Enoc*** *(tingnan sa Moises 7:63).*

APOCALIPSIS 20:11–13

D AT T 128:6–7

Kabilang sa mga aklat (sa lupa at sa langit) kung saan hahatulan ang mga tao sa kanilang mga gawa ay ang mga talaan na may kinalaman sa kaligtasan ng mga patay.

APOCALIPSIS 17:5

1 NEPHI 13:6; 14:10

Ang bagay na tinukoy ni Juan bilang "Dakilang Babilonia, ina ng mga patutot at ng mga kasuklamsuklam sa lupa" ay ang simbahan ng diyablo. Kabilang sa simbahang ito ang lahat ng puwersa na sumasalungat kay Cristo, Kanyang ebanghelyo, at Kanyang Simbahan, sapagka't may dalawang simbahan lamang: ang Simbahan ng Kordero ng Diyos at ang simbahan ng diyablo.

JOSEPH SMITH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG COMMUNITY OF CHRIST ARCHIVES, INDEPENDENCE, MISSOURI, HINDI MAAARING KOPYAHIN; JOHN ON PATMOS SEEING HOLY CITY © PROVIDENCE COLLECTION; DETALYE MULA SA THE SECOND COMING, NI HARRY ANDERSON; DETALYE MULA SA *THE FIRST VISION,* NI DEL PARSON; IBA PANG MGA IMAHE © ISTOCK/THINKSTOCK

ay simboliko.[6] Ipinaliwanag din niya ang isang alituntunin na nauugnay sa gayong simbolismo:

"Sa tuwing nagbibigay ang Diyos ng pangitain ng isang imahe, hayop, o anumang uri ng larawan, lagi Niyang itinuturing na responsibilidad Niya na magbigay ng paghahayag o interpretasyon ng kahulugan nito, at kung hindi magkagayon, hindi natin responsibilidad o pananagutan ang paniwala natin dito. Huwag mabagabag kapag hindi ninyo alam ang kahulugan ng isang pangitain o larawan, kung hindi nagbigay ng paghahayag o interpretasyon ang Diyos tungkol sa paksa."[7]

Ang mabatid ang interpretasyon ng bawat detalye ng hiwaga ng mga pangitain ay hindi mahalaga sa inyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang hiwaga at matalinghagang salita ng mga propeta ay hindi katulad ng hiwaga ng Diyos, na ibinibigay sa taong "nagsisisi at pinaiiral ang pananampalataya, at gumagawa ng mabubuting gawa, at patuloy na nananalangin nang walang hinto" (Alma 26:22).

Sa pagpapalinaw at pagpapaunawa ng aklat ng Apocalipsis, inaalis ng Propeta ang mga magiging hadlang sa mas mahahalagang aspeto ng ebanghelyo ni Jesucristo. Mangyari pa, ang pangitain ni Juan ay nagbibigay sa atin ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga huling araw: ang Apostasiya at Panunumbalik, ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, ang Kanyang tagumpay laban sa diyablo, ang Kanyang paghahari, at ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Huling Paghuhukom. Ang mga bagay na ito ay makakatulong sa atin habang sinisikap nating hanapin ang katotohanan at sundin ang kalooban ng Panginoon. Ngunit kung labis tayong magtutuon sa interpretasyon ng inilarawang imahe sa pangitaing iyon, baka makaligtaan natin ang mga bagay na pinakamahalaga.[8]

Kapag pinag-aralan natin ang aklat ng Apocalipsis at sinamantala ang pagkakataong maliwanagan sa kaalamang inihahayag nito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, makikita natin sa malawak na pananaw ang sariling katayuan natin sa kasaysayan ng daigdig at sa pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga anak. Sa kaalamang ito, makikita natin ang kahalagahan ng ating personal na patotoo kay Jesucristo at ang lubos na pakikibahagi sa Kanyang gawain sa mga huling araw. Pagkatapos ay madaraig natin ang mundo at, sa pamamagitan ni Cristo, ay magmamana ng lahat ng bagay mula sa Ama (tingnan sa Apocalipsis 3:21; 21:7). ■

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa ang, Apocalipsis 2:1, talababa *a*; o Apocalipsis 6:14, talababa *a*.
2. Halimbawa, sa pagsasalin ni Joseph Smith sa Apocalipsis 1:7 (sa Bible appendix) ay ganito ang sinasabi: "Sapagkat masdan, siya ay paparito *sa mga* ulap *kasama ang kanyang laksa-laksang banal sa kaharian, na nadaramitan ng kaluwalhatian ng kanyang Ama*. At makikita siya ng bawat mata; at sila na sumibat sa kanya, at lahat ng lahi ng mundo ay mananaghoy dahil sa kanya." Ang mga salitang idinagdag ni Joseph Smith (sa italics) sa talatang ito ay iniuugnay ang talatang ito sa iba pang mga turo tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Cristo—halimbawa, Mateo 16:27 ("ang kaluwalhatian ng kaniyang Ama") at Judas 1:14 ("laksalaksang banal").
3. Bible Dictionary, "Revelation of John."
4. *History of the Church,* 5:342.
5. Mangyari pa, tulad ng alam ni Joseph Smith, ang unang lima sa pitong tatak ay tumutukoy sa nakalipas na mga pangyayari, ngunit ang limang tatak na ito ay nagtuturo ng paksang umiikot sa layunin o huling yugto ng kasaysayan ng sangkatauhan, na nagwawakas sa mga pangyayaring humahantong sa Ikalawang Pagparito—na lampas pa sa panahon ni Juan.
6. Sa halimbawang ito, ang mga hayop mismo ay literal, na kumakatawan sa apat na uri ng hayop, bagama't ang *paglalarawan* ni Juan sa mga ito ay naglalaman ng makahulugang elemento (maraming mata at pakpak) na kumakatawan sa kanilang abstraktong mga katangian sa halip na sa kanilang anyo (tingnan sa Apocalipsis 4:6–8; D at T 77:4).
7. *History of the Church,* 5:343.
8. Tila nadama ni Joseph Smith na akma ito lalung-lalo na sa mga missionary. Sabi niya: "Oh, kayong mga elder ng Israel, makinig sa aking tinig; at kapag ipinadala kayo sa mundo upang mangaral, sambitin ang mensaheng ipinahahatid sa inyo; ipangaral at ihiyaw, 'Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit; magsisi at maniwala sa Ebanghelyo.' Ipahayag ang mga pangunahing alituntunin, at hayaan ninyo ang mga hiwaga, at baka kayo malupig. Huwag mabahala kailanman sa mga pangitain ng mga hayop at paksa na hindi ninyo nauunawaan" (*History of the Church,* 5:344).

Tamang Pagtatanong sa Tamang Paraan

Ni Scott H. Knecht
Seminaries and Institutes

Ang malaman kung paano maghanda, gumawa, magtanong, at sumagot ng mga tanong ay malaking tulong sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo.

Napakaraming bagay na maaaring gamitin sa paggawa ng magandang lesson o makabuluhang pag-uusap ng pamilya. Ang mga aktibidad, tahimik na pag-aaral, at paghahanda kasama ang isang grupo ay ilan sa mga paraan na magagamit ng mga guro ng ebanghelyo—sila man ay may pormal na tungkuling magturo, mga boluntaryong guro sa seminary o institute teacher, o mga magulang—para mapaganda pa ang kanilang pagtuturo.

Pero kabilang sa dalawa o tatlong nangungunang kasanayan na dapat taglayin ng lahat ng guro ay ang mahusay na paggamit ng mga tanong: paggawa ng mga tanong, aktwal na pagtatanong, at paghikayat na makatanggap ng mga makabuluhang sagot. Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang magtanong at sumagot ng mga tanong ay mahalagang alituntunin sa pag-aaral at pagtuturo."[1] Upang maging mahusay na guro, mahalagang taglayin ang ganitong kasanayan. Narito ang limang mungkahi para gawin iyan.

Hangaring Makuha ang Pinakamagagandang Sagot

Ang maupo sa isang klase bilang magaaral at makarinig ng magagandang tanong ay nagpapaalala sa atin ng bisa ng mahusay na pagtuturo. Ngunit ang paggawa at pagbibigay ng mabibisang tanong ay kailangang pag-isipang mabuti at tila mahirap para sa maraming guro. Mabuti na lang, ito ay kasanayang maaaring matutuhan ng guro.

Kapag gumawa kayo ng mga tanong, sikaping tukuyin kung anong uri ng sagot ang makukuha ng tanong. May mga tanong na humihingi ng partikular na sagot—sagot na talagang tugma sa itinanong. Ang gayong mga tanong ay angkop sa klase sa matematika ("Ano ang area ng kuwadradong ito?") o sa klase ng siyensya ("Sa anong temperatura kumukulo ang tubig?") dahil iisa lang ang natuklasan at napatunayang sagot. Makakatulong din ang mga ito sa pag-aaral ng ebanghelyo bilang paraan ng paglalahad ng impormasyon para mapasimulan ang talakayan ngunit hindi ito gaanong nagpapalawig ng talakayan. Sa pangkalahatan, gayunman, ang gayong uri ng mga tanong ang madalas na ginagamit dahil mas madali itong ihanda.

Itinatanong natin halimbawa ang, "Ano ang huling pinag-aralan natin?" o "Sabihin ninyo sa akin ang pangalan ng . . ." Ang mga tanong na ito ay kadalasang nagiging dahilan ng hindi pagsagot ng mga tinuturuan ninyo. Sa palagay nila alam nila ang sagot nila pero hindi sila sigurado kaya natatakot

IMAHENG GAWA NG DIGITALSTORM/ISTOCK/THINKSTOCK

silang magbakasakali. Madalas iniisip ng guro na kaya walang sumasagot ay dahil napakahirap ng tanong, pero ang totoo napakasimple ng tanong kaya hindi na ito pinag-iisipan pa ng mga mag-aaral at kayang sagutin nang mabilisan.

Upang makahikayat ng talakayan, ang mas makakatulong na tanong ay yaong makakakuha ng iba-iba at pinag-isipang mga sagot. Kapag ganitong uri ng tanong ang ibinibigay ninyo, malalaman ninyo kung ano ang iniisip ng mga tinatanong ninyo tungkol sa paksa at kung ano ang nakakagulo sa isip nila habang nagtatalakayan kayo. Halimbawa, ang Moroni kabanata 1 ay naglalaman ng apat na talata, bawat isa rito ay puno ng masidhing damdamin. Ano ang mangyayari kung babasahin ninyo ang lahat ng apat na talata sa mga tinuturuan ninyo at pagkatapos ay magtatanong ng, "Alin sa mga talatang ito ang nakaantig nang lubos sa damdamin ninyo?" Bigyan sila ng isang minuto bago makapagsalita. Dahil hindi kayo humihingi ng partikular na sagot, halos lahat ng sasabihin nila ay katanggap-tanggap. Ginamitan ko ang mismong kabanatang iyan ng tanong na iyan at nakatanggap ako ng kahanga-hangang mga sagot na nagpalalim ng mga talakayan.

Ang gayong uri ng mga tanong ang nagpapaisip at nagpapadama kumpara sa mga tanong na kailangan lang alalahanin ang isang bagay o maglahad ng impormasyon. Mahalaga namang alalahanin ang impormasyon sa ilang pagkakataon o sitwasyon, ngunit maraming paraan na masasabi ng guro ang mga dapat alalahanin, tulad ng "Naaalala ninyo na pinag-usapan natin noong nakaraan ang Moroni 1 at kung paano nakapaloob sa bawat talata ang ilang nakakaantig na mga aral . . . ." Sa pagsabi lamang niyan, mapupukaw na ang isipan, at mas malamang na makilahok ang mga mag-aaral at magpatuloy sa talakayan. Gayunman, kung sasabihin kong, "Ano ang napag-usapan noong nakaraan?" Ang karaniwang itutugon lang sa akin ay katahimikan at pagkibit ng balikat.

Ibigay ang Pangalawang Tanong

Ang karaniwang tanong na ginagamit ng guro ng ebanghelyo ay may pagkakatulad dito: "Kung gayon, gaano kahalaga ang pananampalataya sa buhay ninyo?" Sa una ay parang lubhang makabuluhang tanong iyan, ngunit kung pag-iisipan ninyo ito, iisa lang naman ang sagot: "Napakahalaga." Siyempre, ang pananampalataya (at iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo) *ay* napakahalaga, ngunit karaniwang walang kapupuntahan ang ganyang klaseng tanong dahil kailangan pa ninyong sundan ito ng isa pang tanong, na gaya ng: "Bakit napakahalaga nito?" o "Maaari mo ba kaming bigyan ng halimbawa kung kailan ito naging mahalaga sa buhay mo?" Ang ganyang mga tanong ay makapagsisimula ng talakayan sa klase, kaya ang mga iyon na kaagad ang itanong at huwag nang itanong ang una. Ang pagbibigay ng pangalawang tanong ay makapagtitipid ng oras at magpapaganda ng talakayan.

Isulat ang Inyong Tanong sa Simula pa lang

Napakalahagang gawin ninyo ang dalawang bagay habang naghahanda kayo ng aralin. Una, isulat ang mga tanong sa papel. Huwag lamang itong isipin; isulat ito. Piliing mabuti ang mga salita at basahin ito nang ilang beses para matiyak na naipaparating nito ang gusto ninyong itanong sa malinaw na paraan.

Ikalawa, tanungin ang inyong sarili, ano ang gagawin ng mga tinuturuan ko kapag ibinigay ko ang tanong na iyan? May mga pagkakataon na inakala ko na talagang maganda na ang naisulat kong tanong, pero nang sabihin ko ito nang malakas, at inilarawan sa isipan ko ang klase ko, alam ko na hindi maganda ang kalalabasan nito. Maaaring maganda ang epekto nito sa ibang klase, pero sa klase ko alam kong hindi ito epektibo, kaya bumalik ako sa simula. Alam ko na kung may dalawa o tatlong tanong ako na talagang pinag-isipan at isinulat sa aking lesson plan, makapagsisimula ako ng talakayan. Kusa nang susunod ang iba pang mga tanong, ngunit kailangan kong simulan sa magandang tanong.

Ang ganitong pamamaraan ay epektibo rin sa tahanan. Sa pamilya namin tila marami kaming biglang napag-uusapan tungkol sa ebanghelyo kapag may mga naiisip kaming itanong at isagot, ngunit may mga pagkakataon na kailangang sabihin nang mas tuwiran at seryoso ang isang bagay sa isa sa mga anak namin. Sa mga pagkakataong iyon nalaman ko na kung ako ay naghanda ng partikular na mga tanong, pinapraktis kung paano ko itatanong ang mga ito, at pinag-aralan kung ano ang maaaring kalabasan, mas nagiging maayos ang mga bagay-bagay Ang mga tanong ay hindi nakasulat sa papel; nakasulat ito sa aking puso, at magagamit ko kung kailangan.



Huwag Matakot sa Katahimikan

Kung nakagawa kayo ng talagang magandang tanong, na pag-iisipan at makakakuha ng iba't ibang sagot, huwag kayong magtaka kung bakit kakailanganin ng ilang sandali bago makaisip ng isasagot ang mga tao. Maaaring tahimik ang lahat, ngunit huwag kayong mag-alala. Ang mababaw na mga tanong—mga tanong na kailangan lang ng kaukulang mga sagot (hal., "Ilan ang Saligan ng Pananampalataya?")—ay mabilis sagutin. Ang malalalim na mga tanong—yaong mga nangangailangan ng pagtugon—ay kadalasang kailangang matagal na pag-isipan ng isang mag-aaral. Sa ganitong sitwasyon, makakatulong sa inyo ang katahimikan. Hayaang mangyari ito, at kapag nagsimula nang sumagot ang mga tinuturuan ninyo, magugulat na lang kayo sa mga naisip nilang sagot.

Magtanong tungkol sa mga Banal na Kasulatan

Kung talagang gusto ninyong mapahusay ang inyong kakayahang gumawa at magtanong nang mahusay, kailangan ninyong matutuhang magbigay ng magagandang tanong tungkol sa mga banal na kasulatan sa oras ng inyong pag-aaral atpaghahanda.

Isang paraan sa pagbabasa ng banal na kasulatan ay gawin ito para makatanggap ng inspirasyon. Nagbabasa tayo ng mga kabanata at talata para madama ang kagandahan ng nilalaman nito at maturuan sa doktrina at katotohanan. Ang ibang pamamaraan, na mas nakakatulong sa mga magulang o mga guro na naghahanda ng mga aralin, ay ang basahin ang mga banal na kasulatan at maghanap ng maitatanong mula sa mga banal na kasulatan. Ginagawa ko ito upang pukawin ang isipan habang sinisikap kong magpasiya kung paano pinakamainam na maipaunawa sa mga tinuturuan ko ang mga banal na kasulatan. Narito ang isang halimbawa: ang Doktrina at mga Tipan 18:10 ay naglalaman ng isang parirala na maraming nakakaalam at nagpapagaan ng ating mga damdamin, "Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos." Gustung-gusto ko ang kaisipang iyon, pero kung ito ay isang inspirasyon lang sa akin, hindi ito ganoong kapakipakinabang sa klase.

Ano kaya kung pagnilayan ko ang tanong na ito habang nag-aaral at naghahanda: "Ano kung gayon ang kahalagahan ng isang kaluluwa? Alam kong ito ay dakila, pero maaari ba nating lagyan ng halaga ito?" Isang gabi habang kumakain kami itinanong ng isa sa mga anak ko ang mismong tanong na iyon, at bunga nito marami kaming napag-usapan. Dito kami nagtapos: Ang halaga ng isang kaluluwa ay ang handang isakripisyo ng isang tao para dito, at ano ang isinakripisyo ng ating Ama para sa ating mga kaluluwa? Isinakripisyo Niya ang buhay ng Kanyang sakdal na Anak. Dahil dito ang bawat kaluluwa ay nagkaroon ng halagang hindi kayang mailarawan. Hindi sana namin nakamit ang gayong pangunawa kung hindi kami nagtanong tungkol sa mismong talatang iyon.

Ang pag-uusap na iyon sa hapunan ay madaling iangkop sa iba pa nating pagtuturo. Kung gusto ninyong makapagbigay ng mas magagandang tanong tungkol sa mga banal na kasulatan, magtanong tungkol sa mga banal na kasulatan habang nagbabasa at nag-aaral at naghahanda kayo. Maging mausisa at huwag matakot na magsaliksik ng sagot. Ang banal na kasulatan ay mananatiling totoo kahit masusing siyasatin ito. Kapag napahusay ninyo ang pagtatanong tungkol sa mga banal na kasulatan habang nag-aaral kayo, mas mahusay kayong makapagtatanong tungkol dito sa mga tinuturuan ninyo.

Paghusayin ang Kakayahan Ninyong Magturo

Likas na sa atin ang hangaan angmagagaling na guro at isipin na isinilang na talaga silang ganoon. Tila pinagkalooban sila ng talento na napakahirap matamo ng isang karaniwang tao. Mangyari pa, ang kakayahang magturo ay isa sa mga kaloob ng Espiritu (tingnan sa Moroni 10:9–10), kaya maaaring ang ilan sa mga kasanayang nakikita ninyo ay kaloob mula sa langit—subalit ito ay isang kaloob na bukas sa lahat ng naghahangad nito. Halos lahat ng ginagawa ng magagaling na guro ay maaari din ninyong makuha sa pag-aaral at pagpaparaktis. Ang matutong magtanong nang epektibo ay isang kasanayan. Kapag mapanalangin ninyong hinangad na makayang gawin iyon, makikita ninyo na malaking tulong ang makagawa ng mga tanong na magpapaisip sa mga tinuturuan ninyo, at ang kakayahan ninyong gawin iyon ay mag-iibayo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

TALA

1. Henry B. Eyring, "The Lord Will Multiply the Harvest" (satellite broadcast address para sa mga tagapagturo ng relihiyon sa Church Educational System, Peb. 6, 1998), 5–6.

MGA IMAHENG GAWA NG © ISTOCK/THINKSTOCK

Bilang bahagi ng Kanyang plano, itinakda ng Ama ang bago at walang-hanggang tipan para bigyang-kakayahan ang Kanyang mga anak na lalaki at babae na makabalik sa Kanyang piling at magmana ng buhay na walang hanggan.

PAGLALARAWAN NG KUMPIRMASYON, NI SARAH CARABINE JENSON; KANANG IBABA: LARAWANG KUHA NG MAG-ASAWA SA HARAP NG LOS ANGELES CALIFORNIA TEMPLE NA KUHA NI JERRY GARNS; MGA IMAHE SA LIKURAN MULA SA ISTOCK/THINKSTOCK

Ni Elder Marcus B. Nash
Ng Pitumpu

ANG BAGO AT WALANG-HANGGANG Tipan

Sa pag-unawa at pamumuhay natin ayon sa bago at walang-hanggang tipan, magmamana tayo ng buhay na walang hanggan.

Ang Layunin ng Buhay

Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit.[1] Ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit ay naglalaan sa bawat isa ng pagkakataong tumanggap ng buhay na walang hanggan, na siyang uri ng pamumuhay ng Diyos.[2] Wala nang mas dakilang kaloob kaysa rito.[3] Ipinaliliwanag ng kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan ang layunin ng buhay at, kung pipiliin natin, papatnubayan tayo sa ating pagpapasiya taglay ang walang-hanggang pananaw.

Ang plano at kahalagahan nito sa buhay na ito ay makapangyarihang ipinaliwanag sa isang artikulo sa Oktubre 2015 *Liahona* tungkol sa paksa ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol.[4] Bilang bahagi ng Kanyang plano, itinakda ng Ama ang bago at walang-hanggang tipan para makabalik ang Kanyang mga anak sa Kanyang piling at magmana ng buhay na walang hanggan.

Sa Kanyang paunang salita sa Doktrina at mga Tipan, sinabi ng Panginoon: "Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan; . . .

"Nang ang aking walang hanggang tipan ay mapagtibay."[5]

Ang tipang ito, na madalas tukuyin ng Panginoon bilang "bago at walang hanggang tipan," ay sumasakop sa kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, kabilang na ang lahat ng ordenansa at tipan na kailangan para sa kaligtasan ng sangkatauhan.[6] Bagama't ang pagtatakda ng Panginoon ng bago at walang-hanggang tipan sa lupa ay isang pangunahing layunin ng Panunumbalik, hindi nauunawaan ng ilang Banal sa mga Huling Araw ang kahalagahan ng tipan at ang pangakong mababuting bagay na daratíng sa mga taong sumusunod dito. Layunin ng artikulong ito na tulungan ang bawat isa sa atin na mas maunawaan at maipamuhay ang bago at walang-hanggang tipan upang magmana tayo ng buhay na walang hanggan. Ipinaliliwanag din nito kung paano umaakma ang isa sa mga pinakamahalagang ordenansa at tipan ng ebanghelyo—ang walang-hanggang kasal—sa loob ng bago at walang-hanggang tipan ng ebanghelyo.

Ang Kahulugan at Layunin ng Bago at Walang-Hanggang Tipan

Ang isang tipan sa pakahulugan ng ebanghelyo ay isang usapan, isang kontrata, o isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng isang tao (o mga tao) na tumatanggap ng mga ordenansa ng priesthood na isinasagawa ng isang taong may awtoridad ng priesthood at sumasang-ayon na susunod sa mga tuntunin at kundisyon ng kaugnay na tipan. Ang mga tuntunin at kundisyong ito ay itinakda ng Diyos.[7]

Ang bago at walang-hanggang tipan "ang kabuuan ng lahat ng tipan at obligasyon ng ebanghelyo."

Ang bago at walang hanggang tipan "ang kabuuan ng lahat ng tipan at obligasyon ng ebanghelyo"[8] na ibinigay noong unang panahon[9] at muling ibinalik sa lupa sa mga huling araw na ito. Ipinaliwanag ito sa Doktrina at mga Tipan 66:2: "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, pinagpala ka sa pagtanggap mo sa *aking walang hanggang tipan, maging ang kabuuan ng aking ebanghelyo,* na ipinadala sa mga anak ng tao, upang sila ay magkaroon ng buhay at gawing kabahagi ng mga kaluwalhatiang ipahahayag sa mga huling araw, gaya ng isinulat ng mga propeta at apostol noong unang panahon."[10] Dahil naipanumbalik na ang tipan sa huling dispensasyon ng panahon, ito ay "bago," at dahil laganap ito sa buong kawalang-hanggan,[11] ito ay "walang hanggan."

Sa mga banal na kasulatan binanggit ng Panginoon "ang" bago at walang-hanggang tipan at ang "isang" bago at walang-hanggang tipan. Halimbawa, sa Doktrina at mga Tipan 22:1, tinukoy Niya ang binyag bilang "*isang* bago at walang hanggang tipan, maging yaon na mula sa simula." Sa Doktrina at mga Tipan 132:4, tinukoy rin Niya ang walang hanggang kasal bilang "*isang* bago at isang walang hanggang tipan." Kapag binabanggit Niya ang "isang" bago at walang-hanggang tipan, tinutukoy Niya ang isa sa maraming tipan na nakapaloob sa Kanyang ebanghelyo.

Kapag binabanggit nang lahatan ng Panginoon "ang" bago at walang-hanggang tipan, tinutukoy Niya ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na sumasakop sa lahat ng ordenansa at tipang kailangan para sa kaligtasan at kadakilaan ng sangkatauhan. Hindi ang binyag ni ang walang-hanggang kasal "ang" bago at walang-hanggang tipan; bagkus, bawat isa sa mga ito ay bahagi ng kabuuan.

Ang mga Nagtitiis Hanggang Wakas sa Bago at Walang-Hanggang Tipan ay Tatanggap ng Buhay na Walang Hanggan

Dakila at walang-hanggang mga pagpapala ang ipinangako sa mga tumatanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo na isinasagawa ng wastong awtoridad ng priesthood at ibinubuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako,[12] at pagkatapos ay sumusunod sa mga sagradong tipan na may kaugnayan sa mga ordenansa. Kabilang sa mga pagpapalang ito ang pagpapatawad sa mga kasalanan,[13] ang kapangyarihan ng kabanalan,[14] at ang patnubay ng Espiritu Santo,[15] pati na ang mga patnubay, inspirasyon, kapanatagan, kapayapaan, pagasa, at pagpapabanal na kaakibat ng kaloob na iyon.[16]

Dakila at walang-hanggang mga pagpapala ang ipinangako sa mga taong tumanggap ng ordenansa ng ebanghelyo.

Ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala at kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan—na siyang ipinamumuhay ng Diyos![17] Ang kaloob na ito ay ibinibigay lamang sa mga taong tumatanggap ng lahat ng ordenansa ng ebanghelyo at sumusunod sa mga tipan na nakapaloob sa bago at walang-hanggang tipan.[18] Sa mga salita ng Panginoon: "[Ang] bago at walang hanggang tipan . . . ay pinasimulan para sa kaganapan ng aking kaluwalhatian."[19] Tunay ngang ang mga pumapasok sa bago at walang-hanggang tipan at nagtitiis hanggang wakas ay "magbabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli . . . at magmamana ng mga trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan, mga sakop, lahat ng taas at lalim."[20] Mariing ipinahayag ng Panginoon na "ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon[g ito], at sa [buo]ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig; at sila ay makararaan sa mga anghel, at sa mga diyos, na inilagay roon, tungo sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian sa lahat ng bagay, na ibinuklod sa kanilang mga ulo, kung aling kaluwalhatian ay magiging isang kaganapan at isang pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan. Pagkatapos sila ay magiging mga diyos."[21]

Bilang buod, ang mga pumapasok sa bago at walang-hanggang tipan at matapat na nagtitiis hanggang wakas ay (1) tatanggap ng kaganapan ng kaluwalhatian ng Diyos, (2) magtatamasa ng kapangyarihan ng kabanalan sa panahong ito at sa kawalang-hanggan,[22] (3) dadakilain, (4) matatamasa ang walang-hanggang kasal at pag-unlad, at (5) magiging mga diyos. Kung pagsasama-samahin, ang mga pagpapalang ito ay hahantong sa kaloob na buhay na walang hanggan.

Kailangan Nating Sundin ang Bawat Tipan sa Loob ng Bago at Walang-Hanggang Tipan

Maliwanag na ipinahayag ng Panginoon na tinatanggap lang natin ang makalangit na mga pagpapalang ito kapag sinusunod natin ang Kanyang mga batas na nakatakda sa bago at walang-hanggang tipan: "[Ang] bago at walang hanggang tipan . . . ay pinasimulan para sa kaganapan ng aking kaluwalhatian; at siya na tumatanggap ng kaganapan nito ay kailangan at dapat na sumunod sa batas, o siya ay mapapahamak, wika ng Panginoong Diyos."[23] Ipinahayag din Niya, "Sapagkat lahat ng magkakaroon ng pagpapala sa aking mga kamay ay susunod sa batas na itinakda para sa pagpapalang yaon, at ang mga batayan nito, gaya ng pinasimulan bago pa ang pagkakatatag ng daigdig."[24] Sa bahagi ring iyon ng Doktrina at mga Tipan, inulit ng Panginoon ang bagay na ito: "Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban sa kayo ay sumunod sa aking batas hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatiang ito."[25]

Ang tuwirang utos na kailangan nating sundin ang mga batas ng Diyos upang matanggap ang kaluwalhatiang alok Niya sa matatapat ay angkop sa lahat ng ordenansa at tipang nakapaloob sa bago at walang-hanggang tipan. Halimbawa, kung hindi ako tumanggap ng ordenansa at sumunod sa tipan ng binyag, ako ay mapapahamak, ibig sabihin ay hindi ako maaaring umunlad—hindi

ko maaaring manahin ang kaganapan ng Kanyang kaluwalhatian. Gayundin kung hindi ako tumanggap ng mga ordenansa sa templo at sumunod sa kaugnay na mga tipan o, tunay ngang kung tumanggi akong tanggapin ang alinman sa mga ordenansa ng ebanghelyo o kung tumanggi akong sundin ang alinman sa kaugnay na mga tipan, hindi ako dadakilain. Sa halip, ako ay mapapahamak, ibig sabihin ay matitigil ang aking paglago. Sa madaling salita, kailangan kong matanggap ang bawat ordenansa ng ebanghelyo at sundin ang bawat kaugnay na tipan kung nais kong magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Ang mga kundisyon ng mga tipan na sinang-ayunan nating mga Banal sa mga Huling Araw na ipamuhay ay maaaring igrupo sa apat na kategorya: (1) taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Tagapagligtas, lagi Siyang alalahanin, at sundan ang Kanyang halimbawa; (2) sundin ang lahat ng Kanyang kautusan; (3) maging handang paglingkuran ang mga anak ng Diyos bilang bahagi ng Kanyang gawain ng kaligtasan, kahit personal tayong magsakripisyo; at (4) ilaan ang ating sarili at ang ating kabuhayan sa gawain ng Panginoon.

Ayon sa batas ng Diyos, ang ebanghelyo (at ang mga kaluwalhatiang alok nito) ay natatanggap sa pamamagitan ng nakatakdang mga ordenansang pinangangasiwaan ng awtoridad ng priesthood. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood naipapakita ang kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay—ngunit ayon lamang sa pagtupad natin sa kaugnay na mga tipan. Ang tipan ay nagpapasigla, o nagbibigay-buhay, sa ordenansa, tulad ng pagpapaandar ng makina ng isang sasakyan at paghahatid sa mga sakay nito sa iba't ibang lugar. Sa madaling salita, basta tinutupad natin nang taimtim at tapat ang mga tipang nauugnay sa mga ordenansang tinatanggap natin, lalago ang ating kaalaman tungkol sa Diyos at mararanasan natin ang "kapangyarihan ng kabanalan"[26] dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo.[27]

> Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood ay naipapamalas ang kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay.

Ang Lugar ng Kasal sa Bago at Walang-Hanggang Tipan

Sa Doktrina at mga Tipan 132:4, sinabi ng Panginoon na maghahayag Siya ng "isang" bago at walang-hanggang tipan at idinagdag na, "Kung ikaw ay hindi tutupad sa tipang iyon, kung gayon ikaw ay mapapahamak; sapagkat walang sinuman ang makatatanggi sa tipang ito at mapahihintulutang pumasok sa aking kaluwalhatian." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa tipan ng walang-hanggang kasal[28] na isinasagawa ng wastong awtoridad ng priesthood,[29] na siyang sentro at mahalagang bahagi "ng" bago at walang-hanggang tipan (ang kabuuan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo).[30] Binigyang-diin ng Panginoon ang malaking kahalagahan ng tipan ng walang-hanggang kasal sa pagsasabi sa atin na ang mga tumatanggi sa tipang ito ay hindi tatanggap ng buhay na walang hanggan.[31]

May ilang tao, kabilang na ang ilang miyembro ng Simbahan, na mali ang pakahulugan sa Doktrina at mga Tipan 132:4 na ang pag-aasawa ng mahigit sa isa ay kailangan para sa kadakilaan, na naghihikayat sa kanila na maniwalang ang pag-aasawa ng mahigit sa isa ay kailangan para sa kadakilaan sa walang-hanggang kaharian. Gayunman, hindi ito pinagtibay sa mga paghahayag. Tulad ng nakatala sa Doktrina at mga Tipan 131 at 132, pinasimulan ng Panginoon ang batas ng walang-hanggang kasal sa malinaw na pagtukoy sa pagbubuklod ng isang lalaki at isang babae (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:4–7, 15–25). Sa pagtatakda ng batas ng walang-hanggang kasal sa konteksto ng pagpapakasal sa iisang tao, nilinaw ng Panginoon na ang mga pagpapala ng kadakilaan, na ibinibigay sa bawat lalaki at bawat babaeng pumapasok nang marapat sa tipan ng walang-hanggang kasal na isinasagawa ng wastong awtoridad ng priesthood, ay walang kinalaman sa pagpapakasal sa mahigit sa isa o sa iisang tao lamang.[32]

Nilinaw sa Doktrina at mga Tipan 132:19 na ang buhay na walang hanggan ay ipinangako sa isang mag-asawang parehong walang ibang asawa na ibinuklod ng awtoridad ng priesthood at sumusunod sa tipan—nang wala ng iba pang kundisyon o kailangang gawin. Sinumang lalaki at babae na ibinuklod sa ganitong paraan at sumusunod sa tipan ay dadakilain.[33] Ang ginawa sa Simbahan noong unang panahon ay naaayon sa doktrina ng walang-hanggang kasal ayon sa ipinaliwanag dito.[34] Kabilang sa ordenansang nagbubuklod sa mga mag-asawa para sa kawalang-hanggan ang katulad na mga tipan at pagpapala sa mga mag-asawang walang ibang asawa at para sa awtorisadong pagpapakasal sa mahigit sa isa na isinagawa noong araw. Ang mga tipan at pagpapala ring ito ay makukuha sa kabilang-buhay ng matatapat na hindi nagkaroon ng pagkakataong mabuklod sa buhay na ito.[35]

Matapos ihayag ang batas at tipan ng walang-hanggang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, itinuro ng Panginoon kay Joseph Smith na ang isang butihing

LARAWANG KUHA SA REXBURG IDAHO TEMPLE

lalaki ay maaaring makasal sa mahigit sa isang babae sa loob ng tipan ng walang-hanggang kasal kapag pinahintulutan o inutusan ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang inorden na propeta (na mayhawak ng kaugnay na mga susi ng priesthood).[36] Ang pahintulot at utos na magpakasal sa marami, na ibinigay ng Panginoon kay Abraham at sa iba pang mga propeta noong unang panahon,[37] ay ibinigay rin kay Propetang Joseph Smith: "Aking ibinibigay sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph, ang isang pagtatalaga, at panumbalikin ang lahat ng bagay."[38]

Pagkaraan ng ilang taon, pinawalang-bisa ng Panginoon ang Kanyang pahintulot at utos sa mga miyembro ng Simbahan na magpakasal sa marami (sa madaling salita, mabuklod sa mahigit sa isang buhay na asawa) nang ilabas ni Pangulong Wilford Woodruff (1807–98) ang Pahayag ng 1890.[39] Ito ay humantong sa pagwawakas ng pagpapakasal sa marami, na ibig sabihin ay walang miyembro ng Simbahan ang maaaring ikasal o ibuklod sa mahigit sa isang buhay na asawa. Kapansin-pansin na hindi hinahadlangan ng Pahayag ang sinumang karapat-dapat na lalaking nabuklod sa isang pumanaw nang asawa na mabuklod sa isa pang buhay na asawa. Ang nabanggit na ito ay naaayon sa inihayag na doktrina na ang pagpapakasal sa iisang asawa ang pamantayan ng Panginoon sa kasal maliban kung iba ang ipahayag at ipahintulot Niya sa pamamagitan ng hinirang Niyang kinatawan, ibig sabihin ay ang Pangulo at propeta ng Simbahan.[40]

"Ang selestiyal na kasal ay mahalaga sa kaganapan ng kaluwalhatian sa daigdig na darating."

Para sa Unang Panguluhan at bilang sagot sa tanong na "Mahalaga ba ang magpakasal sa marami o ang selestiyal na kasal sa kaganapan ng kaluwalhatian sa daigdig na darating?" Isinulat ni President Charles W. Penrose (1832–1925): "Ang selestiyal na kasal ay mahalaga sa kaganapan ng kaluwalhatian sa daigdig na darating, tulad ng ipinaliwanag sa paghahayag hinggil dito; ngunit *hindi isinaad na mahalaga rin ang magpakasal sa marami*."[41]

Noong 1933 ipinahayag ng Unang Panguluhan: "Ang selestiyal na kasal—ibig sabihin, ang kasal para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan—at ang poligamya o pagpapakasal sa marami ay hindi pareho ang kahulugan. Ang mga pagpapakasal sa iisang tao para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, na idinaraos sa

ating mga templo alinsunod sa salita ng Panginoon at sa mga batas ng Simbahan, ay mga Selestiyal na kasal."[42]

Ayon sa mga pahayag na ito, isinulat ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85) ng Korum ng Labindalawang Apostol: *"Ang pagpapakasal sa marami ay hindi kailangang-kailangan sa kaligtasan o kadakilaan*. Ipinagkait kay Nephi at sa kanyang mga tao ang kapangyarihang magkaroon ng mahigit sa isang asawa subalit maaari nilang makamtan ang lahat ng pagpapala sa kawalang-hanggan na iniaalok ng Panginoon sa sinumang tao. *Sa ating panahon, ibinuod ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag ang buong doktrina ng kadakilaan at isinalalay ito sa pagpapakasal ng isang lalaki sa isang babae. (D at T 132:1–28.)* Pagkatapos noon idinagdag niya ang mga alituntunin tungkol sa pagkakaroon ng maraming asawa sa malinaw na kundisyon na anumang gayong kasal ay may bisa lamang kung pinahintulutan ng Pangulo ng Simbahan. (D at T 132:7, 29–66.)"[43]

Ngayon, ayon sa tagubilin ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta, wala nang plural marriage o pagpapakasal sa marami sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang mga taong gumagawa nito ay hindi tinutulutang sumapi sa Simbahan o manatiling mga miyembro nito. Pinagtitibay ng Simbahan na monogamya ang pamantayan ng Diyos sa pag-aasawa maliban kung iba rito ang ipahintulot o ipag-utos Niya sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Hindi itinuturo ng Simbahan na kailangang magpakasal sa marami para sa kadakilaan.

Para sa lahat ng sumusunod sa mga kundisyon ng bago at walang-hanggang tipan, ang gantimpala ay kagalakan at kapayapaan sa mundong ito at buhay na walang hanggan sa kabilang-buhay.

Katapusan

Marami tayong hindi alam tungkol sa kabilang-buhay; gayunman, alam natin na ang pagtanggap at pagsunod sa bago at walang-hanggang tipan ay kailangan upang magmana ng buhay na walang hanggan. Alam din natin na para dito, "yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito"—sa buhay na ito—"ang iiral sa atin doon"—sa kabilang-buhay—"lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian."[44]

Ang makalangit na mga pagpapala na makakamtan sa pamamagitan ng bago at walang-hanggang tipan ay mahalaga sa dakilang layunin ng plano ng Ama at sa Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw na ito. Ang "ganap na kaliwanagan ng pag-asa"[45]

na binibigyang-inspirasyon ng maluwalhating tipang ito sa matatapat ay naglalaan ng "isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mababuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos."[46] Para sa lahat ng sumusunod sa mga kundisyon ng bago at walang-hanggang tipan, ang gantimpala ay kagalakan at kapayapaan sa mundong ito at buhay na walang hanggan sa kabilang-buhay.[47] ■

MGA TALA

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129; tingnan din sa *God Loveth His Children* (polyeto, 2007), 1.
2. Tingnan sa Robert D. Hales, "Ang Plano ng Kaligtasan: Isang Sagradong Yaman ng Kaalaman na Gagabay sa Atin," *Liahona,* Okt. 2015, 32–39.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
4. Tingnan sa Robert D. Hales, "Ang Plano ng Kaligtasan: Isang Sagradong Yaman ng Kaalaman na Gagabay sa Atin," *Liahona,* 32–39.
5. Doktrina at mga Tipan 1:17, 22.
6. Doktrina at mga Tipan 66:2.
7. Tingnan sa Bible Dictionary, "Tipan."
8. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* inedit ni Bruce R. McConkie, 3 tomo (1954–56), 1:156.
9. Tingnan sa Jeremias 32:40; Doktrina at mga Tipan 22:1.
10. Idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 39:11; 45:9; 49:9; 88:131, 133; 101:39.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:7.
12. Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972): "*Ang Banal na Espiritu ng Pangako ay ang Espiritu Santo* na naglalagay ng tatak ng pagsang-ayon sa bawat ordenansa: binyag, kumpirmasyon, ordinasyon, kasal. *Ang pangako ay na matatanggap ang mga pagpapala sa pamamagitan ng katapatan.* Kung susuwayin ng isang tao ang isang tipan, sa binyag man, ordinasyon, kasal o anupaman, babawiin ng Espiritu ang tatak ng pagsang-ayon, at hindi matatanggap ang mga pagpapala. Bawat ordenansa ay ibinuklod sa isang pangako ng gantimpala batay sa katapatan. Babawiin ng Banal na Espiritu ang tatak ng pagsang-ayon kapag nasuway ang mga tipan" (*Doctrines of Salvation,* 1:45; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:52–53; 132:7).
13. Tingnan sa Mga Gawa 2:38; 2 Nephi 31:17; Moroni 8:25.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21; tingnan din sa Moroni 10:32–33.
15. Tingnan sa Juan 14:26; Doktrina at mga Tipan 121:45–46.
16. Tingnan sa 2 Nephi 32:5; 3 Nephi 27:20; Moroni 8:26; Doktrina at mga Tipan 11:13; Moises 6:59–61.
17. "Ang buhay na walang hanggan ay buhay ng Diyos, o buhay sa piling ng Diyos" (Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1956, 61). "Ang mga taong ikinasal sa templo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan ay nagtatamo ng pagpapala ng *buhay na walang hanggan*. Binibigyang-diin ko ang *buhay na walang hanggan*. Ang buhay na walang hanggan ay buhay ng Diyos, ibig sabihin, maging katulad niya" (Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions,* tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo (1957–66), 4:197).
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
19. Doktrina at mga Tipan 132:6.
20. Doktrina at mga Tipan 132:19.
21. Doktrina at mga Tipan 132:19–20.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
23. Doktrina at mga Tipan 132:6.
24. Doktrina at mga Tipan 132:5.
25. Doktrina at mga Tipan 132:21.
26. Doktrina at mga Tipan 84:20–21.
27. Tingnan sa Moroni 10:32–33.
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:4, 15.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:7, 18.
30. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:6–7; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 66:2.
31. Pansinin lamang na ipinagkakait ang buhay na walang hanggan sa mga taong "tumatanggi" sa tipang ito. Ang mga tao, sa kabilang banda, na hindi nagkaroon ng pagkakataong makasal nang walang hanggan sa buhay na ito ay bibigyan ng pagkakataong makasal nang walang hanggan sa kabilang-buhay. Tingnan din sa talababa 35 sa ibaba.
32. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:15–25.
33. Para sa karagdagang halimbawa na nagpapatunay na ang mga taong ikinasal sa iisang asawa na ibinuklod para sa kawalang-hanggan at sumusunod sa kaugnay na mga tipan ay gagantimpalaan ng kadakilaan, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131.
34. Tingnan sa Gospel Topics, "Plural Marriage in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," topics.lds.org.
35. "Walang sinumang Banal sa mga Huling Araw na mamamatay pagkatapos mamuhay nang tapat ang mawawalan ng anumang bagay dahil sa nabigo silang gawin ang ilang bagay samantalang hindi naman siya nabigyan ng pagkakataon para magawa iyon. Sa madaling salita, kung ang isang binata o isang dalaga ay hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa, at namuhay sila nang tapat hanggang sa oras ng kanilang kamatayan, mapapasakanila ang lahat ng mga pagpapala, kadakilaan at kaluwalhatian na matatanggap ng sinumang lalaki o babae na nagkaroon ng ganitong pagkakataon at pinagbuti ito. Ito ay tiyak at positibong mangyayari" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* [2012], 146–47).
36. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:34–35, 37–39.
37. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:34–39.
38. Doktrina at mga Tipan 132:40.
39. Tingnan sa Opisyal na Pahayag 1.
40. Tingnan sa Jacob 2:27–30. Bagama't hindi naipaliwanag ng Panginoon ang lahat ng dahilan sa pag-uutos o pagpapahintulot na magpakasal sa marami, sa Doktrina at mga Tipan 132 nag-aalok ang Panginoon ng dalawang kadahilanan: (1) upang matupad ang mga pangakong ibinigay sa tipang Abraham, at (2) "upang magpakarami at kalatan ang lupa" (D at T 132:63; tingnan din sa talata 34). Ang Jacob 2:30 marahil ang nag-aalok ng pinakamahalagang maikli at malinaw na pahayag kung bakit paminsan-minsan ay nag-uutos ang Panginoon na magpakasal sa marami: "Sapagkat kung loloobin ko, wika ng Panginoon ng mga Hukbo, na magbangon ng mga binhi sa akin, ay uutusan ko ang aking mga tao; kung hindi ay makikinig sila sa mga bagay na ito." Tingnan din sa Gospel Topics, "Plural Marriage in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," topics.lds.org.
41. Charles W. Penrose, "Peculiar Questions Briefly Answered," *Improvement Era,* Set. 1912, 1042; idinagdag ang pagbibigay-diin.
42. Sa James R. Clark, nagtipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 na tomo (1965–75), 5:329.
43. Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* 2nd ed. (1966), 578–79; idinagdag ang pagbibigay-diin. Tingnan din ang sumusunod na pahayag ni Elder Melvin J. Ballard (1873–1939) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang mga taong napagkaitan ng walang-katapusang paglago ay hindi magiging katulad ng Diyos, dahil bukod pa sa kaugnay na iba pang mga bagay, iyan ang dahilan kaya siya Diyos. *Ang kawalang-hanggan ng tipan ng kasal ay dapat unawain nang malinaw ng mga Banal sa mga Huling Araw na pagbubuklod ng isang babae man lang sa isang lalaki para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Sa gayon ay huwag malito sa puntong iyon at isipin na ang ibig sabihin talaga nito ay mahigit sa isang babae.* Maaari ngang gayon, siyempre, ngunit ang talagang ibig sabihin nito ay magkasamang ibinuklod ang isang lalaki at isang babae man lang sa kapangyarihan ng banal na priesthood at sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng Espiritu Santo sa pagbubuklod para sa panahon at sa buong kawalang-hanggan, at pagkatapos ay tuparin nila ang kanilang mga tipan, bago sila maging karapat-dapat para sa pinakamataas na antas ng kaluwalhatiang selestiyal, at sa kanila lamang sa lahat ng grupo ng mga anak ng ating Ama ang pangakong ginawa na walang-katapusan o walang-hanggang paglago" (*The Three Degrees of Glory: A Discourse by Melvin J. Ballard,* Set. 22, 1922, 10; idinagdag ang pagbibigay-diin).
44. Doktrina at mga Tipan 130:2.
45. 2 Nephi 31:20.
46. Eter 12:4.
47. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23.

"AKO'Y NANGAKO SA DIYOS"

Ni Néstor Curbelo
Church History Adviser, South America South Area

Naitatag ang Simbahan sa Guayacana, Ecuador, dahil na rin sa malaking itinulong ni Virgilio Simarrón, na gumawa ng mahirap na desisyon para manatiling tapat sa kanyang patotoo.

Si Virgilio Simarrón Salazar ay isang lider sa kanyang sinilangang bayan sa Chachi ng hilagang Ecuador. Hanggang ngayon, pinananatili ng Chachi ang kanilang kakaibang pamumuhay at sariling sistema ng hustisya na may pampamayanang konseho, mga gobernador, at mga hukom. Ang mga tungkuling ito ng pamumuno ay karaniwang mga katungkulang ikinararangal na ilang henerasyon nang iniingatan ng mga pamilya at lubos na iginagalang at pinahahalagahan ng pamayanan. Ang paggalang sa posisyon ay pagtitiwalang dapat ingatan at ipasa sa susunod na henerasyon.

Ngunit ang mga plano sa buhay ni Virgilio Simmarón ay nagbago noong 1996, nang ang kanyang anak na si Wilson, ay nagbalik mula sa pag-aaral sa Quinindé na may dalang mga kopya ng Aklat ni Mormon at matibay na patotoo sa kanyang bagong relihiyon. Puspos ng pananampalataya at kasigasigan ng isang taong natagpuan ang katotohanan, ibinahagi ni Wilson ang mensahe ng ebanghelyo sa kanyang pamilya, at di nagtagal ay nabinyagan sila sa Canandé River.

Subalit nang ibahagi ng pamilya Simarrón ang ebanghelyo sa Chachi sa kanilang mga kaibigan at kapitbahay, nagkaroon ng matinding di-pagkakasundo. Itinuring ng ilang taga Chachi na isang erehe si Virgilio Simarrón dahil sa kanyang mga paniniwala at tinangkang gawan siya ng karahasan. Ipinalagay ng iba, na bilang gobernador, hindi siya dapat nakikilahok sa bagong relihiyon na maaaring maging dahilan ng pagkakawatak-watak ng mga tao. Dahil sa alalahaning ito, iniharap nila siya

Dahil sa gawaing misyonero ng pamilya Simarrón, 60 katao ang nabinyagan sa Canandé River noong Mayo 1999.

sa pampamayanang konseho para litisin. Ito ay isa sa magiging pinakamahirap na mga karanasan sa buhay ni Virgilio.

Ikinuwento ni Wilson ang nangyari: "Ang buong konseho ay nagsabi ng ganito sa aking ama, 'Ikaw ay mananatiling gobernador namin kung tatalikuran mo ang Simbahan ni Jesucristo; dapat kang tumiwalag.' Sabi ng aking ama, 'Ako'y nangako sa Diyos, at kapag nangako ang isang tao sa Diyos, hindi ito maaaring bawiin. Hindi ko maaaring talikuran ang Simbahan. Kung sa palagay ninyo isa akong gobernador na nagdudulot ng pagkakawatak-watak ng mga taga-Chachi, kung gayon mga kababayan ko, pumili kayo ngayon sa araw na ito ng ipapalit sa akin.' Pagkatapos ay nakita kong umiyak ang aking ama. Lubos na tumahimik ang konseho nang mahigit limang minuto—wala ni isang nagsalita. Pagkatapos ay may nagsabing, 'Kung gayon Gobernador, umalis ka na.' Dahan-dahang tumayo ang aking ama, gayundin ang aking ina, ang kapatid kong babae, at ako at bumaba at iniwan ang konseho."

Matapos tanggalin si Brother Simarrón sa katungkulan, maraming hirap ang dinanas ng pamilya. Dahil sa pangaalipustang dinanas mula sa maraming tao na dating gumagalang sa kanila, nagtuon ang pamilya sa relihiyong tinanggap nila at ipinangaral ang ebanghelyo nang buong sigasig. Ang kanilang stake president na si Omar Intriago Cesar, ay naglahad: "Sinimulan nilang ipangaral ang ebanghelyo sa bahay-bahay sa bawat pamilya ng komunidad na ito. Ang Guayacana Branch ay nagsimula kay Virgilio Simarrón at sa kanyang anak na si Wilson. Naitatag ang Simbahan dahil sa kanyang pananampalataya, sa kanyang lakas, at sa kanyang patotoo."

Sa loob lamang ng ilang taon, ang pagsisikap ng pamilya Simarrón ay nagbunga nang lubos. Ang Mayo 30, 1999, ay naging araw ng pagdiriwang sa Guayacana nang idaos ang pagbibinyag para sa malaking bilang ng mga tao. Paggunita ni President Intriago, "Dumating kami kasama sina Roberto Garcia, ang mission president, at kapwa kami nakilahok sa dakilang araw na iyon, kung saan sa mga dalampasigan ng Canandé River, dalawang missionary ang nagbinyag ng 60 katao. Pagkatapos, kinumpirma namin ni President Garcia ang mga miyembro ng Simbahan na nabinyagan. Ito ay isang pribilehiyo na hindi ko kailanman malilimutan sa aking buhay."

Bagama't iniwan ni Virgilio ang kanyang pagiging gobernador upang manatiling tapat sa kanyang patotoo, naipasa niya ang isa pang pamana sa sumunod na henerasyon; iyan ay ang paglilingkod sa mga tao sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo. Nasaksihan niya ang paglilingkod ni Wilson sa full-time mission at ang pag-uwi at pagpapakasal nito sa asawang si Ruth, at ang pagkakaroon nila ng mga anak. Pakaraan ng ilang taon, namatay si Virgilio nang tapat sa Simbahan. Nasaksihan pa ng kanyang asawang si Maria Juana Apa, ang pagtawag sa kanilang anak, noong 2014, bilang branch president sa Guayacana.

Lubos na batid ni Wilson ang pamanang nais ng kanyang ama na ibigay sa kanya noon pa man. "Ang aking mga ninuno ay pawang mga gobernador, pinuno ng mga kawal, magigiting na mandirigma," sabi niya. "Pakiramdam ko lahat ng mga katangiang ito ng aking mga ninuno ay nananalaytay pa rin sa akin. Pero ngayong ako ay miyembro na ng Simbahan, lahat ng katangiang iyon ay nakatulong sa akin na maging isang mabuting kawal ni Jesucristo." ■

Itaas: Isang bagong henerasyon ng mga pinuno, sina Ruth at Wilson Simarrón ng Guayacana Branch (kasama ang mga miyembro ng branch na makikita sa kaliwa).

MGA RETRATO SA KAGANDAHANG-LOOB NG AWTOR

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

MAGING PAYAPA

Umaasa ako na sa Kapaskuhang ito ay mag-uukol kayo ng oras para maupo at magnilay-nilay at hayaang panatagin kayo ng Espiritu ng Tagapagligtas at tiyaking muli sa inyo ang pagiging marapat ng inyong paglilingkod, ng inyong mga handog, at ng inyong buhay.

Laging nakasisiya sa akin na pagnilayan ang paglilingkod at pagsasakripisyo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang pamilya, sa kanilang ward, at sa kanilang Ama sa Langit. Ito ay banal at sagradong bagay. Palagay ko wala nang karangalang hihigit pa kaysa sa iturin ng Panginoon na karapat-dapat at angkop ang ating handog at na Kanyang pagpipitaganan at tatanggapin ito.

Iyan ang dakilang parangal ng Ama sa Anak kapag Siya ay tinutukoy Niya na "minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan" (3 Nephi 11:7; tingnan din sa Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 9:35; D at T 93:15; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Ito ay napakagandang pagturing. Wala nang karangalan ang hihigit pa kaysa sa masabihan ng Diyos na, "Aking minamahal na anak na lalaki" o "Aking minamahal na anak na babae," at papurihan ka na katanggap-tanggap sa Kanya ang iyong handog, "na siya kong labis na kinalulugdan."

Dalangin ko na sa Kapaskuhang ito ay madama ninyo kung gaano kahalaga sa Panginoon ang inyong handog, kung ano kayo sa Kanyang paningin, kung ano ang katayuan Ninyo bilang Kanyang anak na lalaki o anak na babae. At dalangin ko na ang pagkaalam sa katayuang iyan ay magbigay sa inyo ng matinding kapanatagan, katiyakan, at tiwala na kayo ay karapat-dapat sa Kanyang paningin.

CHRISTUS THE CONSOLATOR, NI CARL HEINRICH BLOCH



ANG KALOOB NA KAPAYAPAAN NG TAGAPAGLIGTAS

"Siya na nakaranas na ng lungkot at pighati ay nangungusap sa bawat balisang puso at naghahandog ng kapayapaan. 'Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man' (Juan 14:27)."

Pangulong Thomas S. Monson, "Mga Regalong Pinahahalagahan" *Liahona,* Dis. 2006, 5.

Ang Pagsilang ng Tagapagligtas

Kapag pinag-uusapan natin ang pagsilang ni Jesucristo, napagninilayan din natin ang sumunod na naganap. Lubhang mahalaga ang Kanyang pagsilang dahil sa mga bagay na Kanyang mararanasan at pagdudusahan upang higit Niya tayong matulungan—na magtatapos lahat sa Kanyang Pagkapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa Alma 7:11–12). Ngunit kabilang din sa Kanyang misyon ang kagandahan ng Kanyang paglilingkod, ang mga himala ng Kanyang ministeryo, ang kapanatagang dulot Niya sa mga nagdurusa, at ang galak na inalay Niya—at patuloy na iniaalay—sa mga nagdadalamhati.

Nais ko ring isipin ang nangyari kalaunan. Dalawa sa aking mga paboritong talata na tumutukoy sa panahong iyan ay matatagpuan sa dulo ng kabanata 7 sa aklat ng Apocalipsis:

"Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init.

"Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata" (Apocalipsis 7:16–17; tingnan din sa 21:4).

Naipaunawa niyan sa akin ang banal na pag-asa sa mangyayari, sa magiging kalagayan sa panahon ng dakilang Milenyo at ng selestiyal na paghahari ni Cristo na kasunod nito.

Gayunman, bago isipin ang lahat ng magaganap na iyan, palagay ko sa panahong ito ng taon, pagtuunan na lang muna natin ang sanggol na iyon sa sabsaban. Huwag mag-alala o magtuon nang labis sa magaganap; isipin lamang ang munting sanggol na iyon. Mag-ukol ng tahimik at payapang sandali na pagnilayan ang simula ng Kanyang buhay—ang pagwawakas at bunga ng propesiya ng langit ngunit pagsisimula ng buhay Niya sa lupa.

Mag-ukol ng panahon na magpahinga, maging payapa, at isipin ang musmos na sanggol na ito. Huwag alalahanin o pagtuunan nang labis ang magaganap sa buhay Niya o sa buhay ninyo. Sa halip, mag-ukol ng tahimik na sandali na pagnilayan ang marahil ay pinakapayapang sandali sa kasaysayan ng mundo—kung kailan nagalak ang kalangitan hatid ang mensaheng "Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya" (Lucas 2:14).

Hayaang Panatagin Kayo ng Espiritu

Ilang taon na ang nakararaan narinig ko sa radyo ang panayam kay Bishop Desmond

Tutu, ang archbishop Anglican sa South Africa. Kalalathala pa lang nila ng kanyang anak na babae ng aklat tungkol sa pagkakasundong naganap sa South Africa matapos ang apartheid.[1] Sa kabuuan, nais iparating ng mensahe ng aklat na may taglay na kabutihan ang lahat ng tao.

Isang maganda at mapamukaw na tanong ang ibinigay ng host kay Bishop Tutu: "Nagbago ba ang pakikipag-ugnayan ninyo sa Diyos habang nagkakaedad kayo?"

Tumahimik sandali si Bishop Tutu bago sumagot ng, "Oo. Mas tumatahimik na ako kapag nasa presensya ng Diyos."

Naalala niya na kapag nagdarasal siya noong kanyang kabataan, napakarami

DETALYE MULA SA *CHRIST HEALING THE BLIND,* NI DOMENICO FIASELLA, SA KAGANDAHANG-LOOB NG JOHN AND MABLE RINGLING MUSEUM OF ART; KANAN: *THE HOLY NIGHT,* NI CARL HEINRICH BLOCH

Mag-ukol ng tahimik na sandali na pagnilayan ang marahil ay pinakapayapang sandali sa kasaysayan ng mundo—kung kailan nagalak ang kalangitan hatid ang mensaheng "Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya."

niyang hinihiling at isinasamo. Para siyang may bitbit na "listahan ng mga bibilhin." Ngunit ngayon, sabi niya, "Palagay ko sinisikap [ko] na mas mapalapit sa Kanya habang nagdarasal. Tulad ng pag-upo ninyo sa harap ng apoy sa panahon ng taglamig, na naroon lang kayo sa harap ng apoy, at hindi kailangang magpakatalino o anupaman. Pinapaginhawa kayo ng init."[2]

Palagay ko ay magandang metapora iyan—makipag-usap lang sa Panginoon at hayaang panatagin Niya kayo tulad ng init ng apoy sa panahon ng taglamig. Hindi ninyo kailangang maging perpekto o maging pinakadakilang tao na nabuhay sa mundo o maging pinakamahusay na tao para makasama Siya.

Umaasa ako na sa Kapaskuhang ito ay mag-uukol kayo ng oras na maupo at magnilay-nilay at hayaang panatagin kayo ng Espiritu ng Tagapagligtas at tiyaking muli sa inyo ang pagiging marapat ng inyong paglilingkod, ng inyong mga handog, at ng inyong buhay. Maupo nang tahimik kasama ang munting sanggol na iyon at espirituwal na mapalakas at mas handa sa lahat ng magaganap kalaunan. Hayaan na ang sandaling iyon ay maging pagpapahinga at pagpapanariwa at kapanatagan at pagpapanibago.

Nawa'y ipagkaloob sa inyo ng Diyos ang pagpapalang iyan sa Paskong ito habang kayo, kasama ko, ay nagpapatotoo sa Tagapagligtas na si Jesucristo—sa kahalagahan Niya sa ating buhay, sa lahat ng buhay ng tao, at sa pinakalayunin ng buhay.

Sinasamba natin Siya, naglilingkod tayo sa Kanya, at mahal natin Siya. Nawa'y makitaan ang buhay ninyo ng pagmamahal na iyan sa ihahandog ninyo sa Kapaskuhang ito at sa tuwina. ■

MGA TALA

1. Desmond Tutu at Mpho Tutu, *Made for Goodness: And Why This Makes All the Difference* (2011).
2. Desmond Tutu, sa "Desmond Tutu, Insisting We Are 'Made for Goodness'" (NPR panayam ni Renee Montagne, Mar. 11, 2010), npr.org.

TUMATAKBONG PATUNGO SA TEMPLO

Noong Disyembre 1999 naghahanda kami para sa taunang pagbiyahe sa Switzerland Temple tuwing Kapaskuhan. Ang pagbiyaheng iyon, na isang espesyal na tradisyon na sinimulan namin kaagad matapos kaming ikasal, ay isang paraan ng paggunita namin sa pagsilang ng Tagapagligtas.

Walong oras na biyahe sa kotse ang layo ng bahay namin sa templo, at masama na ang panahon bago pa man kami umalis. Dahil sa mga nabunot na puno, malakas na hagupit ng hangin, at maniyebeng daan magiging mapanganib ang paglalakbay.

Hindi ko talaga maunawaan kung bakit napakaraming sagabal gayong alam namin na nais ng Panginoon na pumunta kami sa templo. Hindi ba Niya aalisin ang sagabal sa aming daraanan?

Kami ng asawa kong si Antonio at ang aming mga anak ay lumuhod at nanalangin at sinabi sa ating Ama sa Langit na kung hindi Niya kami pipigilang umalis, tutuloy kami sa pagpunta sa Bern kinabukasan.

"Kung talagang hindi madaraanan ang kalsada" sabi ni Antonio pagkatapos naming magdasal, "babalik tayo."

Alam ko tama ang desisyon namin, ngunit kinakabahan pa rin ako. Kinaumagahan, atubili pa rin ako kaya nagpasiya akong magdasal muli. Sinabi sa akin ni Antonio na natanggap na namin ang sagot, pero magiliw at matiyaga pa rin siyang lumuhod na katabi ko.

Nang umalis kami, nagbubukang-liwayway pa lang at maiitim na ulap ang nakalambong sa amin. Habang nasa biyahe, nabanaag ko ang mangasul-ngasul na kalangitan malapit sa mga bundok. Sumilay ang manipis na sinag ng araw sa mga ulap.

Ang aandap-andap na sikat ng araw ay nagpalakas sa aking nanghihinang pananampalataya. Himalang sumikat ang araw at tumaas ang temperatura. Walang hamog, walang niyebe, walang hangin—kundi isa lamang maaliwalas, at dipangkaraniwang init sa panahon ng taglamig. Napuno ng luha ang mga mata ko. Tila sinagot ng Ama sa Langit ang aming mga panalangin.

Nang makarating kami sa Bern, nagsimulang bumuhos ang niyebe at nagpatuloy ito sa buong pamamalagi namin doon. Habang papunta kami sa templo bago sumapit ang madaling-araw kinabukasan, sinabayan na ng pagbagsak ng mga niyebe ang bagyo. Sandali akong natakot, at tumakbo na ako patungo sa templo.

Pagkatapos ay may naisip ako: "Ganito talaga ang

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

mangyayari. Gagambalain tayo ng mundo ng mga ligalig, ngunit dapat tayong tumakbo sa kapayapaan ng Panginoon na matatagpuan sa Kanyang bahay.”

Napakasaya namin sa templo nang Kapaskuhang iyon, ngunit nag-alala kami sa paglalakbay pauwi. Patuloy ang pagbagsak ng niyebe, at nilagnat pa nang mataas ang aming bunsong anak. Sa araw ng paglisan namin, gayunman, himalang tumigil ang pagbagsak ng niyebe, at humupa ang lagnat ng aming anak nang matanggap niya ang basbas ng priesthood.

Sa lakas na dulot sa amin ng kapayapaan ng templo, isang talata sa Biblia ang naisip ko: “May anomang bagay kayang napakahirap sa Panginoon?” (Genesis 18:14). Dama ang pasasalamat, natanto ko na walang napakahirap sa Panginoon. ■

Antonella Trevisan, Udine, Italy

Habang papunta kami sa templo bago sumapit ang madaling-araw kinabukasan, sinabayan na ng pagbagsak ng mga niyebe ang bagyo.

ANG HIMALANG HANDOG SA AKIN SA ARAW NG PASKO

Noong taglagas ng 1968, tinanong ng aming bishop ang mga magulang ko kung mag-aambag ba sila ng pera para sa pagtatayo ng Provo Utah Temple. Hindi na ginagawa iyan ngayon ng mga ward, pero karaniwang ginagawa ito noon. Nangako si Itay na mag-aambag ng US $1,000. Maaaring hindi gaanong malaking halaga iyan ngayon, pero malaki iyon sa amin noon. Dalawa ang trabaho ni Itay para masuportahan ang isang anak sa kolehiyo, isang anak sa misyon, at lima pang anak.

Nang kausapin kami ni Itay sa family council at sinabi sa amin ang ipinangako niyang $1,000 para sa templo, naaala kong naisip ko na, “Mas mabuti pang mangako ng $1 milyon kasi pareho namang di kakayanin ang halagang iyon.” Hindi ako makapaniwala na nangako siya ng ganoon kalaking halaga gayong wala nang apat na buwan para maipon namin ang pondo.

Pumili kami ng apat na paraan para makaipon ng pera: hindi kami magbibigayan ng regalo sa Pasko at iaambag ang perang gagastusin namin sana sa mga regalo; iaambag namin ng mga kapatid kong babae ang kita namin sa pag-aalaga ng bata; magtatrabaho kahit paano ang nakababata kong kapatid na lalake para kumita; at pupunta kaming buong pamilya sa taniman sa aming lugar at pipitas ng mga mansanas araw-araw sa loob ng ilang linggo, at iaambag ang kikitain namin.

Binalutan namin ng pangregalo ang kahon ng sapatos na paglalagyan namin ng aming mga deposito, idinagdag ang larawan ng templo at ang larawan ni Jesucristo, at ipinatong ang kahon sa maliit na mesa. Lalo kaming natutuwa kapag nadaragdagan ang mga ambag namin. Nakatuon na kami sa mga regalong gusto naming ibigay para sa Tagapagligtas. Talagang pinasalamatan ko ang regalo na ibinigay Niya sa mga anak ng Diyos—ang Kanyang buhay—kaya gusto kong may maibigay sa Kanya bilang kapalit.

Ang pagpitas ng mga mansanas ang naging pinakamahirap ngunit kasiya-siyang paraan para kumita ng pera. Nakakapagod ito, ngunit pinalakas at ginantimpalaan kami habang magkakasamang gumagawa bilang pamilya. Kami ay nagsimulang “magka[sama-]sama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa’t isa” (Mosias 18:21).

Habang papalapit ang Pasko, sinisilip ko ang laman ng kahon, pero lagi akong nalulungkot. Kahit marami na kaming ginawa, matatagalan pa bago namin makamit ang hinahangad namin.

Gayunpaman, masaya ang pakiramdam ko sa desisyon naming huwag bumili ng mga regalo. Alam kong maliliit lang ang mga sakripisyo namin, ngunit naniniwala ako na matutuwa ang Tagapagligtas.

Isang araw ay ibinalita sa amin ni itay na nakaipon na kami nang sapat at naiambag na niya ang pera. Hindi ko alam kung paano namin nakumpleto ang ipon nang gayon kabilis.

Ang katuparan ng pangako ni Itay ng Paskong iyon ay isang himala. Ngunit para sa akin, ang tunay na himala ay ang matanto na sa pamamagitan ng pagbibigay sa halip na pagtanggap, mas napalapit ako sa Tagapagligtas. Mas maganda iyon kaysa anumang regalo sa Pasko na natanggap ko. Pagkaraan ng pitong taon ang regalo ay naibalik sa akin nang lumuhod ako sa isang altar sa Provo Temple para mabuklod sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan sa aking asawa. ■

Joan Burton Stott, California, USA

Nang buksan ko ang isang kahon, nakita ko ang isang apron na sariling gawa na yari sa telang Pamasko.

MGA TALI NG SAKRIPISYO

Isang Pasko maraming taon na ang nakararaan napakarami kong iniisip kaya hindi ko maramdaman ang kapaskuhan. Ang asawa kong si Andy, ay nagkaroon ng ubo, at matapos ang ilang pagsusuri, ay mabilis na nauwi sa pinsala sa baga, operasyon, pag-ooperang muli ng kanyang esophagus, at mga biopsy—"para mapaghandaan ang anumang resulta." Inopera siya isang linggo bago kami lumipat sa bagong tirahan.

Ilang linggo bago sumapit ang Pasko, nakakuwentuhan ko ang kapitbahay kong si Janae. Itinanong niya kung nakahanda na ako para sa Pasko. Nagawa kong sabihin na maghahanda ako hangga't maaari. Binanggit ko na lagi kaming gumagawa ng cookies kasama ang lola ko bago sumapit ang Pasko, at na gusto kong gawan ng mga apron ang mga anak kong babae pero malamang na hindi ko na ito kayanin.

Pagkaraan ng isang linggo naupo ako sa malambot na silya sa tabi ng aming Christmas tree. Natutulog na ang mga bata, at nagtatrabaho naman sa kanyang opisina si Andy nang may tumimbre sa pinto. Binuksan ko ang pinto at nakita ko si Janae sa pintuan, may hawak na tatlong kahon habang banayad na bumabagsak ang niyebe sa bandang likuran niya.

"Tuloy ka," sabi ko, at alam kong nakita niya na nagulat ako.

"Salamat, pero kailangan ko nang umuwi," sabi niya. "Para sa mga anak mo ito."

Iniabot ni Janae ang mga kahon.

"Mga apron iyan," sabi niya. "Simple lang ang mga iyan, pero natapos kong tahiing lahat ngayong gabi."

Sa sandaling iyon ng pinaghalong saya at pagkagulat, sinambit ko ang mahinang pasasalamat. Nagyakapan kami, at sinundan ko siya ng tingin sa kanyang pag-uwi.

Nang umupo akong muli, maingat kong kinalag ang puting satin na laso ng isang kahon. Nang mabuksan ito, nakita ko ang isang apron na sarilinggawa na yari sa telang Pamasko. Hinawakan ko ang laylayan ng apron habang iniisip ko si Janae. Mayroon siyang apat na maliliit na anak, kabilang na ang kambal na mahigit isang taong gulang pa lang. Nagtuturo siya ng piano, at mayroon siyang matrabaho at mahalagang tungkulin sa ward namin.

Pinilit kong isipin kung paano at kailan siya nagkaroon ng oras na gumawa ng mga apron, at nalaman ko agad na wala siyang oras. Talagang nag-ukol siya ng oras.

Naluha ako sa nadamang pagmamahal ng Ama sa Langit na ibinigay Niya sa pamamagitan ni Janae—isang haplos ng pagmamahal at kapanatagan habang ako ay niyayakap "sa bisig ng [Kanyang] pagmamahal" (D at T 6:20).

Maraming taon na ang lumipas mula nang matanggap namin ang mga apron. Nakaliitan na ito ng aking mga anak, ngunit itinatabi ko pa rin ito sa aking paminggalan, nakasabit ang mga tali nito sa makintab na kawit na nakapailalim sa mga bagong apron. Sa tuwing nakikita ko ang mga regalo ni Janae, naalala ko ang kapanatagan at pagmamahal na nadama ko nang gabing iyon. Ipinapaalala nito sa akin ang gusto kong maging—isang disipulo ni Jesucristo na karapat-dapat sa paghahayag at handang maglingkod. ■

Candice A. Grover, Idaho, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

HINDI AKO NAG-IISA

Habang alistong nakaupo sa loob ng hukay na taguan, tinanaw ko ang buhanginan sa gawing hilaga—sa bandang Iraq. Ika-24 ng Disyembre iyon sa panahon ng Desert Shield, at ako ang naatasang magbantay simula hatinggabi.

Ako lang ang Banal sa mga Huling Araw sa aming batalyon, kaya mas lalong naging malungkot sa akin ang kapaskuhan. Nasa disyerto kami ng Saudi Arabia simula pa noong Agosto, at ngayon sumapit na ang Pasko sa gabing malamig at puno ng mga bituin. Tahimik na ang kampo, at may ilang oras pa ako para pagmasdan ang mangasul-ngasul at abuhing buhanginan at ang mga nasa isipan ko.

Naisip ko ang aking asawa at anak sa Georgia, USA, at ang mga kasayahang di ko madadaluhan—ang Christmas tree, ang mga regalo, at ang mga pagkain tuwing Pasko. Sinimulan kong pagnilayan ang kuwento ng Pasko.

Inisip ko ang gabi nang isinilang si Cristo. Inisip ko kung gaano ito kadilim at kung may sinag ba ng buwan na magpapaliwanag sa lupain o mga kutitap lang ng mga bituin. Dahil walang de-kuryenteng ilaw sa Kanyang pagsilang, tiyak na ang gabing iyon ay kasing-dilim ng namamasdan ko ngayon. Walang mga kasayahan—madilim at tahimik na gabi lamang.

Pagkatapos ay may naisip akong bagay na napakaganda. Nakasaad sa Biblia na may mga Pantas na Lalaki na nagsidating mula sa Silangan, na ginabayan ng isang bituin na lumitaw sa kalangitan sa gabi. Habang minamasdan ko ang madilim na kalangitan, natanto kong nasa gawing silangan ako ng Betlehem at ang isa sa mga sentro ng kaalaman sa panahong iyon ay ang Baghdad. Nagmula kaya ang mga Pantas na Lalaki sa lugar na di-kalayuan sa kinaroroonan ko? Anong bituin ang nagningning? Naroon pa rin kaya ito sa kalangitan? Makikita ko ba ito?

Tumingala ako sa langit na namamangha sa mga likha ng Diyos at sumaya ang pakiramdam ko. Hindi na mahalaga kung ang kinaroroonan ko ay ang mismong lugar o kung nasa langit man ang bituin ding iyon. Ang mahalaga, tulad ng mga Pantas na Lalaki, ay alam ko ang tungkol sa sanggol na isinilang sa Betlehem na siyang Hari ng mga hari.

Hindi ako nag-iisa sa Paskong iyon; sa halip, ako ay nakikiisa sa lahat ng mga naghahanap sa Kanya, maging sila man ay mga Pantas na Lalaki, mga propeta, o nalulumbay na sundalo sa isang hukay na taguan. Nang gabing iyon ang aking patotoo sa pagsilang ng Tagapagligtas ay napalakas, at ang Banal na Espiritu ay dama ko pa rin kinabukasan.

Sa halip na maging malungkot ang Pasko sa taong iyon, naging isa ito sa mga pinaka-itinatangi kong Pasko. ■

Robert Hoffman, Washington, USA

Habang minamasdan ko ang madilim na kalangitan, natanto kong nasa gawing silangan ako ng Betlehem.



Nagdasal ako na bago matapos ang gabi, ang garapon na "Kahalili ni Santa" ay puno na.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

ANG LEPTA NG BALO SA PANAHON NGAYON

Ang hiram na puting mantel at mga nakadispley na snowmen sa gitna nito ay nagpasaya sa cultural hall habang ginagawa ang ilang biglaang paghahanda para sa aming pampamilyang Christmas party.

Habang hinihintay namin ang mga bisita, natuon ang pansin ko sa mesa na may nakapatong na garapong walang laman—na may nakasulat na "Kahalili ni Santa." Nagdasal ako na sana ay mapuno ang garapon bago matapos ang gabi.

Habang naghahanda para sa party nalaman ko na ang asawa ng pinsan ko ay mahigit isa't kalahating taon nang walang trabaho. Ang pangunahing pinagkakakitaan ng kanyang pamilya ay paghahatid ng diyaryo, na nagsisimula nang alas-3:30 n.u. bawat araw. Malaki sa kanilang kinikita ang napupunta sa pambayad sa sangla at iba pang mga pangangailangan, at wala na halos natitira para sa mga gusto nila, tulad ng mga regalo sa Pasko.

Ang pamilya ng pinsan ko ang isa sa mga naunang dumating. Pinagmasdan ko sila habang naglalakad sa pagitan ng mga mesa, palampas sa aming Pamaskong garapon. Nang nakalapit na sila, huminto ang asawa ng pinsan ko para basahin ang nakasulat sa garapon. Walang pag-aatubiling inilabas niya ang kanyang lumang pitaka, kumuha ng ilang dolyares, at inihulog ito sa garapon, kahit hindi alam kung sino ang pamilyang "nangangailangan."

Naantig ako nang lubos, at kaagad kong naalala ang kuwento sa Bagong Tipan tungkol sa balo at kanyang dalawang lepta. Ang mayayamang tao ay naghuhulog ng maraming salapi sa kabang-yaman nang "lumapit ang isang babaing bao, at siya'y naghulog ng dalawang lepta" (tingnan sa Marcos 12:41–42).

Pagkatapos ay sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo:

"Ang dukhang balong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman:

"Sapagka't silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis, datapuwa't siya sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga'y ang buong kaniyang ikabubuhay" (Marcos 12:43–44).

Sinabi ni Cristo na nagbigay siya sa "kaniyang kasalatan" at inihulog maging "ang buong kaniyang ikabubuhay." Maaari namang magbigay lang siya ng isang lepta. Malamang sapat na iyon para matugunan ang hinihingi, ngunit ang kanyang matapat na puso at kahandaang isakripisyo ang lahat ang napansin ng Anak ng Diyos.

Siguro wala ni isang mangungutya sa asawa ng pinsan ko kung lampasan man niya ang garapon na iniisip na, "kung ako ay mayroon ako ay magbibigay" (Mosias 4:24). Ang kanyang napakagandang halimbawa ng pagmamahal sa kapwa-tao ay hindi lamang nakaantig sa akin kundi maging sa iba pang mga miyembro ng aking pamilya na nagmamasid sa kanya. Alam kong magiging maayos ang kalagayan ng kanyang pamilya dahil "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, . . . at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya" (Moroni 7:47).

Inasam namin na may maibigay sa kanyang pamilya nang gabing iyon, na ginawa namin kalaunan, ngunit dahil nagbigay siya kahit na siya mismo ay nangangailangan, ipinakita niya sa amin na pagdating sa bagay na pinakamahalaga, siya ay isang mayamang tao na. ■

Stephanie H. Olsen, Utah, USA

PAANO NILA NALAMAN ANG KAILANGAN KO?

Halos 20 taon na ang nakararaan natanggap ko ang tawag sa misyon na maglingkod sa Japan. Dama ang matinding pag-asam at bahagyang pag-aalala, naghanda ako sa pag-alis papuntang misyon sa buwan ng Enero. Sa panahong ito parehong nawalan ng trabaho ang mga magulang ko.

May pondo ako para sa gastusin sa misyon sa pagdating ko sa Japan pero kapos sa pera ang pamilya ko. Hindi ko alam kung saan ako makakakuha ng perang pambayad sa mga paunang gastusin tulad ng mga isusuot sa misyon, maleta, at iba pang mga kailangan. May part-time job ako pero hindi sasapat ang kita ko roon. Ang higit na ipinag-aalala ko ay kung paano ako makakakuha ng pera para makapag-aplay kaagad ng pasaporte at hawak ko na ito sa oras na aalis na ako papuntang Japan.

Isang hapon, nanlulumong pumasok ako sa kuwarto ko at sumamo sa Ama sa Langit. Sinabi ko na gusto kong maglingkod sa Japan at nagpasalamat na ang pangarap kong maglingkod ay malapit nang matupad. Pinilit kong huwag maiyak, habang sinasabi sa Kanya na kailangan ko ng $75 para sa pasaporte at wala ako ng ganitong halaga. Nang tumayo ako matapos manalangin, alam ko na magiging maayos ang lahat. Hindi ko alam kung paano, pero panatag ako na maglalaan ang Panginoon.

Nang araw ding iyon binuksan ko ang mailbox namin at nakakita ng Christmas card sa loob. Ang taong naghatid niyon ay gumawa ng paraan para hindi siya makilala. Walang selyo ang card; hindi ito ipinadaan sa koreo.

Sa loob ng card ay may naka-type na, "Congratulations! Ikaw ang napalad na nakatanggap ng mabubuting gawa. Maligayang Pasko, Hannah. Good luck sa misyon mo."

May lamang $100 ang card. Tumayo ako sa aming pintuan at umiyak. Sino ang gumawa nito, at paano nila nalaman ang kailangan ko?

Pagkaraan ng ilang taon hindi ko pa rin kilala kung sino ang nagdala ng pera sa bahay namin nang araw na iyon. Inisip ko ang taong iyon, o mga taong iyon, nang madalas mula noon. Ipinakita nila ang sa palagay ko ay ibig sabihin ng sinabi noon ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang pagkahabag ng mabubuting kaibigang may katangiang tulad ng kay Cristo ay nagpapaantig at nagpapabago nang lubos ng ating buhay. . . . Sa Simbahang ito, ang mga idinarasal na tulong ay madalas sinasagot ng Panginoon sa pamamagitan ng simple at araw-araw na paglilingkod ng mapagmalasakit na mga kapatid. Sa kabutihan ng mga tunay na kaibigan, nakita ko ang awa ng Panginoon mismo."[1]

Ang kabaitang iyon ay nagpabago sa akin, nakatulong sa akin na makaalis sa misyon sa takdang-oras at nagbigay sa akin ng inspirasyon na maghanap ng paraan na maging sagot sa dalangin ng iba. ■

Hannah Eiselin, Arizona, USA

TALA

1. Joseph B. Wirthlin, "Valued Companions," *Ensign,* Nob. 1997, 32.

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

Binuksan ko ang aming mailbox at nakakita ng Christmas card sa loob. Walang selyo ang card; hindi ito ipinadaan sa koreo.

Napaagang Pag-uwi

MULA SA MISYON

Ni Brittany Romanello Casco

Ang pagtanggap ng mission call ay isa sa mga pinakamaganda at maligayang sandali ng buhay ko. Maraming beses ko nang inisip ang pagmimisyon mula nang magkaroon ako ng patotoo sa ebanghelyo sa edad na 18. Naaalala ko na noong matanggap ko ang tawag na maglingkod sa Taiwan Taichung Mission, alam ko na tama ito, at sabik na akong makapaglingkod.

Binasa ko ang aking mga banal na kasulatan araw-araw, dumalo sa aking missionary at temple preparation class, at binalak pang matuto ng Mandarin Chinese sa sariling sikap. Bilang solong anak sa pamilya, alam ko na ang pagmimisyon ko ay magdudulot ng karangalan hindi lang sa aking sarili kundi pati sa aking mga magulang at sa aking Ama sa Langit. Pagpasok ko sa missionary training center (MTC), wala akong naramdamang magiging problema sa susunod na 18 buwan. Sabik ako sa lahat ng mangyayari tulad ng pagsaksi sa mga pagbibinyag at pagkain ng lutong Taiwanese na madalas kong marinig na pinag-uusapan. Nang pumasok ako sa MTC hindi ko inakala na maiiba sa inaasahan ko ang misyon ko.

Pagkakasakit

Noong mga apat na buwan na ako sa misyon, nagsimula akong makaramdam ng sakit—hindi lamang sa tuwing nagbibisikleta ako o nageehersisyo sa umaga kundi kahit natutulog o nag-aaral mag-isa. Mabilis na bumaba ang timbang ko. Kahit pag-inom lang ng tubig ay nagpapasama na ng pakiramdam ko. Hindi masuri ng mga doktor kung ano ang problema. Wala akong mga parasite o virus sa katawan. Ipinagtaka namin ng mission president ko at ng kompanyon ko ang patuloy na paghina ng aking kalusugan.

Nang sumunod na buwan, malakas pa rin ang pananampalataya ko na ikinagulat ko mismo. May nadarama mang lungkot, tiwala pa rin ako na kung patuloy akong magsisipag, magbibisikleta nang mas mabilis, at kakausapin ang lahat ng makita ko kahit sa baluktot na pagsasalita ng Chinese, ay mahimala akong pagagalingin ng Diyos. Naniwala ako sa mga kuwento tungkol sa pagpapagaling ng maysakit at pagbuhay ng patay ni Cristo, at buong puso akong naniwala na gagawin din Niya iyon para sa akin—na isang sakitin ngunit masigasig na missionary. Isang araw ng Linggo habang nagbibisikleta kami ng kompanyon ko papunta sa meetinghouse ng Simbahan para makipagkita sa isang

Nang pumasok ako sa missionary training center hindi ko inakala na maiiba sa inaasahan ko ang misyon ko.

PAGLALARAWAN NG MASSONSTOCK/ISTOCK/THINKSTOCK

國語 傳教士
你好

investigator, hindi ko na nakayanan ang sakit at panginginig ng aking katawan. Nang makarating kami sa meetinghouse, humingi ako ng basbas sa mga elder, na nakatulong sa akin. Sa pagdaan ng mga araw, naging mas madalas ang mga paghingi ng basbas ng priesthood at ang mga dalangin na mapagaling.

Pinakamalungkot na araw iyon sa misyon ko nang magising ako isang umaga sa napakainit na panahon ng Taiwan at matuklasang hindi ko kayang ibangon ang sarili ko mula sa higaan. Nang sandaling iyon dama ko na hindi na magtatagal ang pagiging missionary ko. Binisita ako ng aking mission president, at nag-usap kami. Pinag-usapan namin ang lahat ng mga posibilidad, at matapos ang maraming panalangin at pagluha, pinagtibay ng Espiritu na kailangan kong umuwi at magpagaling.

Napaagang Pag-uwi

Sa halip na umuwi at salubungin ng mga lobo at pagbati ng "Welcome Home," sinalubong ako ng nababagabag na mga magulang pagkababa ko sa eroplano at kaagad akong dinala sa emergency room ng ospital. Nagsimula ang maraming buwan ng pagsusuri, ngunit walang makitang karamdaman sa akin ang mga doktor. Bukod pa rito, ang mga taong nagmamalasakit sa akin ay nagtatanong ng, "Kailan ka babalik sa misyon?" "Hindi ka na ba babalik?" "Siguro dapat mag-asawa ka na." "Siguro mas mabuti pang hindi ka na lang nagmisyon."

Nakaramdam ako ng hiya at pagaalinlangan. Karapat-dapat ba ako sa pagmamahal ng Diyos? Bakit nangyayari ito gayong masigasig naman akong naglingkod? Hindi ba ako mabuting missionary? Pinapakinggan ba ako ng Diyos? Matatanggap ba ng mga kaibigan ko na parang "may pagkukulang" sa aking misyon?

Nang sumunod na anim na buwan, nahirapan akong panatilihing malakas ang aking patotoo, na ikinabagabag ng konsensya ko. Inisip ko kung ako ba ay nahulog mula sa biyaya at kung talagang mahal ako ng Ama sa Langit. Kahit unti-unti nang bumubuti ang pakiramdam ko, hindi ko na maibalik ang siglang taglay ko noong bago ako magmisyon. At hanggang sa sandaling iyon ay wala pa rin akong ganang magpatuloy sa buhay.

Pagkatapos, isang gabi ay nagkausap kami ng kaibigan ko. Naranasan din niya ang sakit at lungkot ng mapaaga ng pag-uwi mula sa misyon dahil sa karamdaman at sinisikap niyang muling makabalik sa misyon. Naalala ko na ang gabing iyon ang unang pagkakataon sa loob ng anim na buwan na nakadama ako ng tunay na kapayapaan. Ang tinig ng Espiritu ay bumulong sa akin, "Kailangan mong bumalik." Nakahinga ako nang maluwag dahil nalaman ko na kung anong direksyon ang patutunguhan ko. Nakipagkita ako sa aking bishop kinabukasan. Pagkatapos ay sumulat ako sa Missionary Department para taimtim na itanong kung maaari pa akong bumalik sa misyon. Pinagbigyan nila ang kahilingan ko, at pagkaraan ng isang buwan ay suot ko na muli ang aking name tag.

Gayunman, pagkaraan ng anim na buwan, naramdaman ko na naman ang dati kong sakit. Natatandaan kong nakahiga ako sa kama ng isang

Hindi man 100 porsiyentong napagaling ang aking katawan, ang puso ko naman ay mas handa na ngayong maglingkod sa layunin ng Panginoon.

ospital, nagdedeliryo dahil sa dami ng pagsusuri at itinusok na gamot sa akin. Hindi ako makapaniwala sa nangyayaring ito. Sa pagkakataong ito alam kong iyon na ang katapusan ng misyon ko. Habang lumuluha sa lungkot at panghihinayang, pinakinggan ko ang sinabi ng aking matalinong mission president: "Sister Romanello, lubus-lubos ang pagmamahal mo sa Panginoon, dahil bumalik ka." Napanatag ako sa mga sinabi niya. Habang sakay ng eroplano pauwi, sa pagkakataong ito ay nangako ako sa aking Ama sa Langit na mananatili akong tapat kahit hindi ako nakatanggap ng sagot.

Napagaling ng Pagbabayad-sala ni Cristo

Mahigit dalawang taon na ngayon mula nang makauwi ako. Maysakit pa rin ako, at hindi na nabalik ang dating lakas at sigla na taglay ko bago ako magmisyon. Hindi kailanman nalaman ng mga doktor ang sakit ko. Hindi naging madali para sa akin na maging returned missionary na hindi nakakumpleto ng nakatakdang haba ng panahon sa misyon. Gayunpaman, mahal ko pa rin ang bawat isa sa mababait na convert ko. Matagal bago ko natanto at napatunayan na ang napaikli kong paglilingkod sa misyon ay mahalaga tulad din na ang 18 o 24 na buwang pagmimisyon ay mahalaga sa ibang mga missionary.

Ang Panginoon ay nagbigay sa akin ng maraming oportunidad na makausap ang iba na ikinalungkot din ang di-inaasahang maagang pag-uwi. Alam ko na inakay ako sa kanila ng Ama sa Langit para ibahagi ang aking patotoo at tulungan silang matanto na ang mapauwi nang maaga dahil sa problema sa kalusugan ay hindi pagkukulang na dapat ilihim kundi isang karanasang dapat pag-usapan.

Sa unang pag-uwi ko, naranasan ko kung ano ang pakiramdam ng panghinaan ng pananampalataya, ngunit sa aking pangalawang pag-uwi, nadama ko kung paano manatiling tapat. Ginawa ko ang mga una at simpleng dapat gawin: pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagdalo sa institute, pakikibahagi sa simbahan, at pagganap sa aking mga tungkulin. Maraming beses kong ipinagdasal na malaman kung bakit naging ganoon ang mga pangyayari. Tinigilan ko ang paninisi sa aking sarili, at hindi na sinisi pa ang Ama sa Langit. Nang tingnan ko ang naging buhay ko mula nang ako ay umuwi at ang mga pagbisita ko sa mga kapatid nating Intsik na nakatira sa aming lungsod, hindi nawala sa akin ang matibay na paniniwalang may walang hanggang layunin para sa ating lahat.

Gustung-gusto ko ang mga salita sa Mosias 5:15: "Sa gayon, nais kong kayo ay maging matatag at huwag matitinag, laging nananagana sa mabubuting gawa, upang si Cristo, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan, ay matatakan kayong kanya, upang kayo ay madala sa langit, upang kayo ay magkaroon ng walang hanggang kaligtasan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng karunungan, at kapangyarihan, at katarungan, at awa niya na lumikha sa lahat ng bagay na nasa langit at sa lupa, na siyang Diyos ng lahat."

Naniniwala ako na kung ako ay mamumuhay nang matapat sa Panginoon, pagpapalain ako magpakailanman. Sa gayong paraan, alam kong pinagaling ako sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, dahil hindi man 100 porsiyentong napagaling ang aking katawan, ang puso ko naman ay mas handa na ngayong maglingkod sa layunin ng Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

ANO ANG MGA PUWEDE KONG GAWIN KUNG NAPAAGA ANG PAG-UWI KO DAHIL SA PROBLEMA SA KALUSUGAN?

Para sa mga may problemang pisikal, emosyonal, o mental, kausapin ang inyong bishop o branch president para malaman pa ang tungkol sa Young Church-Service Missionary Program.

"Ang service mission ay maaaring maging malaking pagpapala, na nagtutulot sa mga indibiduwal na manatili sa kanilang tahanan at makatanggap ng kaukulang pangangalagang medikal habang lumalago at umuunlad sa paglilingkod sa Panginoon."

Donald B. Doty, M.D., Chairman, Missionary Department Health Services, "Missionary Health Preparation," *Ensign,* Mar. 2007, 67.

Namumuhay Bilang Isang Saksi sa Germany

Ni Justina McCandless

Ang pagtatanggol sa kanyang mga paniniwala ay nagpadali sa kanya na ibahagi ang mga ito.

Mga 30 minuto lang na biyahe sa tren mula sa metropolis ng Hannover ay matatagpuan ang munting lungsod ng Stadthagen sa Germany na naliligiran ng mga bulaklak sa panahon ng tagsibol. Ito ang lugar na kinalakhan ng 19-na-taong-gulang na si Esther Graf. Isang lugar iyon kung saan lahat ng bagay ay kayang marating sa paglalakad o pagbibisikleta, nakahilera ang mga panaderya at tindahan ng ice cream sa tabing-daan, at puno ng mga paninda ang liwasan ng lungsod sa karaniwang araw.

Ang Stadthagen ay tahanan din ng maunlad na komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Bagama't maliit ang lungsod, ang Stadthagen ay may malaking ward—na hindi karaniwan sa Germany, kung saan halos lima lang sa bawat 10,000 Aleman ang miyembro. Ngunit para kay Esther iyon ang perpektong lugar para matutuhan kung paano ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo at paano gamitin ang mga alituntuning iyon para paglingkuran at pagpalain ang iba.

Noong 14 anyos si Esther, natanggap niya ang kanyang patriarchal blessing, na nagpaunawa sa kanya ng isang mahalagang bagay. "Naging malinaw sa akin kung gaano talaga ako kahalaga sa Ama sa Langit," sabi niya. "Nalaman ko kung gaano tayo kahalagang lahat sa Kanya."

Ginamit niya ang kaalamang iyan sa pakikitungo sa iba.

Sa kanyang calling sa stake young single adult council, halimbawa, responsibilidad niyang tiyakin na madama ng lahat na sila ay kabilang. "Natututo akong huwag mamintas sa iba kundi sa halip ay kilalanin sila."

Nasa isip niya rin iyan kapag nasa paaralan siya. "Madalas akong tanungin tungkol sa aking relihiyon, pero hindi ko minamasama iyon," sabi niya. "Lagi itong nagpapasaya sa akin dahil naipapaalala ko sa sarili ko kung gaano ito nakakatulong sa akin at gaano nito pinagpapala ang buhay ko. Sa pamamagitan ng ebanghelyo marami akong nalaman.

"Laging may mga tao na pinagtatawanan ang ating pananampalataya at hindi ito nauunawaan," sabi niya, "pero hindi naman masamang ipagtanggol ang ating paniniwala."

Ang pagmamahal at tiwala ni Esther sa Diyos ang higit na nakakatulong sa kanya na ipamuhay at ibahagi ang ebanghelyo.

"Bago kayo mag-alala," sabi niya, "magtiwala muna kayo sa Diyos. Kapag ginagawa ko iyan at nananampalataya ako, madali na ang iba. Kapag nagtiwala tayo sa Diyos, makakasulong tayo sa buhay nang may pananampalataya at tiwala sa hinaharap. Kapag ginawa natin iyan, maaari tayong mamuhay bilang mga saksi ng Diyos." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Germany.

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI ESTHER GRAF

TUNGKOL PA RIN KAY ESTHER

Ano ang gustong kainin ng mga Aleman?

Gusto ng mga Aleman ang potato o noodle casserole. Ang paborito kong pagkain ay patatas na may kasamang mga gulay at sarsa. Gustung-gusto ko ang gisantes at Brussels sprouts.

Ano ang libangan mo?

Nakikinig ako sa musika, kumakanta, at tumutugtog ng piyano o gitara. Mahilig akong mag-bake. Pinag-aaralan kong mag-isa ang paggawa ng masasarap na cake.

Paano makipagdeyt sa Germany?

Hindi kami nakikipagdeyt. Kakatwa kung sasabihin ng isang lalaking, "Gusto mo bang makipagdeyt sa akin?" Dito'y nakikilala mo ang mga tao sa pagsama sa mga grupo, at kung gusto mo ang isang tao, kausapin mo siya sa telepono at online. Magkikita kayo paminsan-minsan, at pagkatapos ay nasa inyo na kung gusto ninyong maging magkasintahan o hindi.

ANG SIMBAHAN SA GERMANY

- 39,401 Banal sa mga Huling Araw
- 15 stake
- 89 ward
- 85 branch
- 3 mission
- 2 templo

AYON SA BILANG

- 80,995,685 tao (kinalkula hanggang Hulyo 2014)
- 6,200 museo
- Mahigit 400 zoo, ang pinakamarami sa isang bansa sa mundo

MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA GERMANY

Kabisera: Berlin

Wika: Aleman (Deutsch)

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

PAANO MAKIKITA ANG TUNAY NA KAHULUGAN NG PASKO

Kapag naghahanda tayo para sa Pasko sa pamamagitan ng pagninilay sa tunay na kahulugan nito, naghahanda tayong madama si Cristo at ang Kanyang mensahe. Magmumungkahi ako ng tatlong bagay na maaari nating pag-aralan, pagnilayan, at isagawa sa panahong ito ng paghahanda.

Una, magalak sa pagsilang ng ating Tagapagligtas. Ipinagdiriwang natin ang pagsilang ng Anak ng Diyos, ang Lumikha, ang ating Mesiyas. Nagagalak tayo na ang Hari ng mga hari ay pumarito sa lupa, isinilang sa isang sabsaban, at namuhay nang sakdal. Nang isilang si Jesus, napakalaki ng kagalakan sa langit na hindi ito mapigilan (tingnan sa Lucas 2:8–14).

Pangalawa, pagnilayan ang Kanyang impluwensya sa ating buhay ngayon. Ang Pasko ay panahon ng pag-alaala sa Anak ng Diyos at pagpapanibago ng ating determinasyong taglayin ang Kanyang pangalan. Panahon ito upang muling suriin ang ating buhay at ating isipan, damdamin, at mga kilos. Gawin itong panahon ng pag-alaala, ng pasasalamat, at panahon ng pagpapatawad. Gawin itong panahon ng pagninilay sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa personal na kahulugan nito sa bawat isa sa atin. At higit sa lahat gawin itong panahon ng pagpapanibago at muling pangangako na ipamuhay ang salita ng Diyos at sundin ang Kanyang mga utos. Sa paggawa nito, higit natin Siyang naigagalang kaysa sa pamamagitan ng mga christmas light, regalo, o party.

Pangatlo, matatag na hintayin ang Kanyang pagdating. Bagama't ang Kapaskuhan ay karaniwang isang panahon ng paglingon sa nakaraan at pagdiriwang sa pagsilang ng ating Panginoon, para sa akin ay dapat din itong maging panahon ng pag-asam sa hinaharap. Asamin natin ang hinaharap. Paghandaan natin ang pinagpalang araw na muli Siyang paparito. Maging matalino tayong tulad ng mga tao noong araw na naghintay sa Kanyang pagdating.

Dalangin ko na sa panahong ito at sa araw-araw, makita natin ang kadalisayan ng kuwento ng pagsilang ng Tagapagligtas at taos-puso tayong magpasalamat sa Kanyang buhay, mga turo, at nakapagliligtas na sakripisyo para sa atin. Nawa'y maging dahilan ang pasasalamat na ito para mag-ibayo ang ating determinasyong sumunod sa Kanya. Nawa'y akayin din tayo nito na mas mapalapit sa ating pamilya, sa ating simbahan, at sa ating kapwa. At nawa'y matatag nating hintayin ang pinagpalang araw na iyon na muling pumarito sa lupa ang nabuhay na mag-uling Cristo bilang ating Panginoon, ating Hari, at ating banal na Tagapagligtas. ■

Mula sa 2010 Pamaskong Debosyonal ng Unang Panguluhan.

PAANO MO ITO NAIPAMUHAY?

Ilang Pasko na ang nakararaan, hiniling ng lola ko sa lahat ng kanyang mga anak at apo na maglingkod sa iba alang-alang sa kanya. Naggantsilyo ng mga sumbrerong pang-baby at naglingkod sa isang animal sanctuary ang mga kapatid kong babae, at isinabit naman ng kapatid kong lalaki ang mga Christmas light ng isang biyuda. Nakahanap ako ng mga pangalan ng kamag-anak at dinala ko ang mga ito sa templo. Lumiham kaming lahat kay Lola para ikuwento ang aming mga karanasan—napaluha siya nang basahin niya ang mga ito sa umaga ng Pasko. Pinasasalamatan ko ang halimbawa ng lola ko at natanto ko na "sa pamamagitan ng pagibig ay [naglingkod ako]" sa iba (Mga Taga Galacia 5:13), lalo kong minahal ang kapwa ko at mas napalapit ako sa mga miyembro ng pamilya na kapwa buhay at patay.

Amanda S., Utah, USA

ISANG REGALONG NAGPAPABAGO NG BUHAY SA THRIFT STORE

Ni Keanu Williams

Isang taon kaming walang gaanong pera para sa Pasko, kaya humingi ako ng tulong sa panalangin para maibili ko ng regalo ang aking amain na si Adrian (na tinatawag namin ng ate ko na Weegee). May dalawang dolyar lang kaming magkapatid para ipambili ng mga regalo.

Nang sabihin ni Inay na pupunta kami sa kalapit na thrift store para bumili ng mga regalo para sa Pasko, tumakbo ako sa kuwarto ko at humingi ng tulong sa panalangin: "Tulungan po sana Ninyo kaming makahanap ng regalo sa halagang dalawang dolyar."

Sa tindahan tiningnan namin ni Elaina ang mga aklat at nakakita kami ng triple combination na mukhang bago pa. Tuwang-tuwa kami nang makita namin ito. Mahigpit ko itong hinawakan habang tumatakbo kami sa pasilyo papunta kay Inay. Nagtatalon kami at sabay na nagsabing, "Nakakita na kami ng regalo para kay Weegee!" Tinanong ni Inay ang kahera, "Magkano ito?" Sagot ng babae, "Dalawang dolyar po." Nasagot ang panalangin ko.

Sa panahong iyon hindi miyembro ang aming amain. Ayaw niya sa mga Mormon, ayaw niyang maniwala sa "Aklat ni Mormon," at ayaw niyang sinusundo kami ng mga miyembro para sa mga aktibidad ng Young Men at Young Women. Itinataboy pa niya ang mga Elder. Pero hindi sumuko sa kanya ang mga miyembro at missionary ng ward.

Sa araw ng Pasko huli naming ibinigay ang regalo namin sa kanya. Sabi namin ni Elaina, "Ito po ang pinakamagandang regalong maibibigay sa inyo ninuman! Pasasayahin kayo nito." Ilang beses itong hinulaan ni Weegee, at pinagtawanan namin ang mga sagot niya. Sabi namin sa kanya, "Kamangha-mangha ang regalong ito! Babaguhin nito ang buhay ninyo. Binago nito ang buhay namin."

Nag-alala si Inay na baka magalit siya sa regalo namin sa kanya, pero alam namin ni Elaina na iyon ang tamang gawin.

Nang buksan niya ito, pinasalamatan niya kami sa regalo at sinabing babasahin niya ito.

Dahil mahal namin si Weegee, gusto naming malaman niya ang tungkol kay Jesucristo at ang regalo Niyang Pagbabayad-sala. Gusto naming maniwala siya tulad namin, manalangin siya at magsisi, at tanggapin niya ang ebanghelyo sa kanyang buhay.

Binasa niya at ipinagdasal ang Aklat ni Mormon, at sa tulong ng mga elder at miyembro ng ward, nabinyagan siya at miyembro na ngayon ng Simbahan. Napakasaya namin na mabuklod sa templo, at alam namin na magsasama-sama kami magpakailanman bilang pamilya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.



Wala akong gaanong pera para ibili ng regalo ang aking amain, kaya bago kami nag-shopping, nagdasal ako.

PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

MGA ARALIN SA ARAW NG LINGGO

Paksa sa Buwang Ito:
Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa mga Huling Araw

Ang BAGONG LIPAT NA LALAKI

Ako lang ang aktibong priest sa bago kong ward. Paano ko mapapasimba ang iba pang mga priest?

Ni Matthew Flitton
Mga Magasin ng Simbahan

Nang lumipat ang pamilya ko ilang buwan matapos akong mag-18 anyos, natagpuan ko ang aking sarili sa isang bagong ward na nahaharap sa isang hamon. Sa loob ng dalawang linggo ng paglipat ko, halos lahat ng priest ay inorden nang mga elder. Tinawag din ako bilang first assistant sa priests quorum.

Sa pagbibigay sa akin ng calling na ito, ipinaliwanag ng bishop na maraming priest sa attendance roll, pero halos walang nagsisimba sa kanila. Marami kaming gagawin para mahikayat na magsimba ang mga tao.

"Basta anyayahan mo lang magsimba ang mga tao," sabi niya.

Iisang priest lang ang nagsimba, isang lalaking nagngangalang Ryan, na dalawang beses lang sa isang buwan kung magsimba. Nagpasiya akong puntahang isa-isa ang digaanong aktibong mga miyembro namin sa korum at anyayahan sila sa aming mga aktibidad. Kabado ako, takot na baka mainis sila sa akin sa pag-anyaya sa kanila sa simbahan. Naisip ko na hindi sila nagsisimba dahil ayaw nila sa simbahan. Pero naisip ko rin na makakabuti para sa nalalapit kong pagmimisyon na subukang mag-anyaya, kaya nilakasan ko ang loob ko at sinimulan kong tawagan ang iba pang mga priest o puntahan sila sa bahay nila. Inanyayahan ko sila sa mga fireside, sa mga aktibidad, sa simbahan.

Nagulat ako na tumugon talaga ang ilan at nagpunta. Kalaunan ay nagkaroon kami ng isang grupo ng apat na priest na regular nang nagsisimba. Hindi dahil sa ayaw nila sa simbahan—naghintay lang silang maanyayahan. Kinakabahan lang din sila sa bagong sitwasyon—sa pagsisimba—tulad ko noon.

Mas matagumpay ang ilang aktibidad kaysa iba. Lahat ay nagdatingan para sa volleyball, pero nahirapan akong papuntahin sila sa iba pang mga aktibidad.

Ang youth conference sa taong iyon ay talagang masaya nang makita kong tumayo ang ilan sa mga kabataang lalaking ito at magbahagi ng kanilang patotoo. Nadama ko na parang nakagawa ako ng kaibhan sa kanilang buhay.

Isa sa mga kaibhang nakita ko ay ang pagsisimba ni Ryan linggu-linggo at naging mabuti kaming magkaibigan.

Kapwa kami tumanggap ni Ryan ng Melchizedek Priesthood mga anim na buwan pagkaraang malipat ako sa ward na iyon. Pinili kong unahin ang pagmimisyon bago mag-aral sa kolehiyo para makapagtrabaho at makaipon ako para sa pagmimisyon ko. May trabaho na si Ryan, at nagpasiya siyang huwag na ring mag-aral sa kolehiyo. Pagkatapos ng trabaho namin madalas kaming magkasama.

Minsan, halos magdamag kaming hindi natulog sa pagsisikap na tapusin ang pagbabasa ng aklat ni Alma dahil iyon ang unang pagkakataon na nabasa ni Ryan ang Aklat ni Mormon. Nakakapagod pero napalakas ang aming espiritu. Nakakatuwa ring makita ang mga pagbabagong ginawa ni

MGA PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

Ryan sa kanyang buhay. Tinalikuran niya ang mga dati niyang gawi, at pinalitan ito ng mas mababuti, at iniwanan ang ilan sa kanyang mga kaibigan para makasama niya ang mga taong katulad niya ang mga pamantayan.

Matagal ko nang inaasam ang aking pagmimisyon mula nang magsimba ako ilang taon na ang nakararaan. Hindi sigurado si Ryan kung magmimisyon siya. Habang magkasama, pinag-usapan namin ang pagmimisyon ko at ang kasabikan kong maglingkod. Nang hikayatin ko siya at sagutin ko ang kanyang mga tanong tungkol sa ebanghelyo, lalo akong nagtiwala sa sarili kong kakayahan na maglingkod bilang missionary. Nasa hustong gulang na si Ryan para magmisyon pero nahirapan siyang magpasiya.

"Hindi ako sigurado kung sapat na ang aking patotoo, kahit maganda ang pakiramdam ko noon tungkol sa Simbahan," sabi niya. "Gusto ko talagang magmisyon, pero talagang mahirap iwanan ang pamilya."

Sa wakas ay dumating ang araw na masisimulan ko nang punan ang mission papers ko. Nang sabihin ko ito kay Ryan, ginulat niya ako sa pagsasabing nagpasiya na rin siyang magmisyon. Sabay dumating ang aming mission call isang gabi. Umalis si Ryan para maglingkod sa Canada isang buwan bago ako nagsimulang magmisyon sa France.

Hindi dahil sa ayaw nila sa simbahan—naghintay lang silang maanyayahan.

Pagkauwi ko makalipas ang dalawang taon, hinanap ko ang lahat ng priest na nakasama ko. Nalungkot akong malaman na hindi na nagsimba ang ilan pagkaalis ko, ngunit masaya akong makitang muli si Ryan. Marangal siyang nakapaglingkod sa mission, at gaya ni Alma at ng mga anak ni Mosias, mas nagalak akong makita na kapatid ko pa rin siya sa Panginoon (tingnan sa Alma 17:2). ■

KILALA NILA SI JOSEPH

Anong klaseng tao si Joseph Smith, ang Propeta ng Panunumbalik? Marami pa tayong malalaman tungkol sa kanya sa pagbabasa kung ano ang sinabi ng mga taong nakakilala niya at ng mga taong kilalang-kilala siya.

MGA HINDI MORMON NA NAKAKILALA NI JOSEPH

Humanga ang maraming hindi Mormon na nakakilala ni Joseph. Halimbawa, si Josiah Quincy, na isang Harvard graduate at kalaunan ay naging mayor ng Boston, ay bumisita kay Joseph Smith sa Nauvoo. Sinabi niya na si Joseph ay isang "di-pangkaraniwang tao," isang lalaking isinilang upang mamuno, "kagalang-galang . . . na tila likas mong susundin." Sinabi niya na maaaring tukuyin sa mga textbook sa hinaharap si Joseph Smith bilang isang taong "malaki ang impluwensya sa tadhana ng kanyang mga kababayan."[1]

MGA BAGONG MIYEMBRONG NAKAKILALA NIYA

Ang mga bagong miyembrong nakakilala ni Joseph sa unang pagkakataon ay nagpahayag din ng paghanga sa kanya. Limang araw pagkarating sa Nauvoo mula sa England, lumiham si William Clayton sa kanyang pamilya: "Kagabi marami sa amin [ang] kasama ni Brother Joseph, nagalak ang aming puso na marinig siyang magsalita tungkol sa mga bagay ng Kaharian, isa siyang mapagmahal na tao at kasimbait ng sinuman sa atin. Mahal na mahal namin siya at gayon din ang madarama ninyo."[2]

Sinabi ni Mary Alice Cannon Lambert, na 14 na taong gulang nang dumating sa Nauvoo, "Sinalubong ng ilang namumunong kapatid ang pangkat ng mga banal na [dumating na sakay ng bangka]. Kabilang sa mga kalalakihang iyon si Propetang Joseph Smith. Nang mapako ang tingin ko sa kanya, nakilala ko siya kaagad at natanggap ko nang sandali ring yaon ang aking patotoo na siya ay Propeta ng Diyos."[3]

Marami pa kayong mababasa tungkol kay Joseph Smith sa mga kabanata 43 at 47 ng Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith. *Ang mga pahayag doon ay tutulong sa inyo na makilala si Propetang Joseph.*

MGA PAGLALARAWAN NI BROOKE SMART

MGA TAONG KILALANG-KILALA SIYA

Si John M. Bernhisel, isang naunang miyembro ng Simbahan, ay isang doktor. Umupa siya sa tahanan ng mga Smith nang ilang buwan. Sinabi niya na si Joseph Smith ay "matalino," puno ng sigla, "maalam sa likas na katangian ng tao," "may mahinahong pagpapasiya," "malawak na pananaw," at "makatarungan." "Mabait at mapagbigay siya, bukas-palad at magiliw, marunong makisama at masayahin, at mapag-isip ng mabuti. Siya ay tapat, prangka, matapang, at nakatatayo sa sariling paa, at hindi mapagbalatkayo [hindi mapagkunwari] na tulad ng mga taong nakikita ninyo."[4]

Si Howard Coray, isa sa mga clerk ni Joseph, ay humanga sa kakayahan ng Propeta na humarap sa lahat ng klase ng tao—mga doktor, abugado, pari, at iba pa—na nagpunta sa kanya para "magtanong ng mahihirap na bagay." Isinulat niya na si Joseph "ay laging handang gawin ang ipinagagawa sa kanya.... Talagang natuwa ako, na makita kung gaano siya kahinahon palagi, kahit kahalubilo niya ang mga dalubhasa, at ang kahandaan [pagiging alisto] niyang sumagot sa kanilang mga tanong."[5]

Sinabi ni Daniel D. McArthur, na kalaunan ay namuno sa isang handcart company papunta sa Salt Lake Valley, "Pinapatotohanan ko na siya ay totoong Propeta ng Diyos na buhay; at kapag lalo kong naririnig ang kanyang mga sinasabi at nakikita ang kanyang mga ginagawa lalo akong nakukumbinsi na totoong nakita niya ang Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo."[6]

MGA PROPETANG NAKAKILALA SA KANYA

Sinabi ni John Taylor, na naging ikatlong Pangulo ng Simbahan, "Kung tatanungin ninyo si Joseph kung ano ang hitsura ni Adan, sasabihin niya sa inyo kaagad; sasabihin niya ang laki at hitsura nito at lahat ng tungkol sa kanya. Itatanong ninyo siguro kung anong klaseng tao sina Pedro, Santiago at Juan, at sasabihin niya sa inyo. Bakit? Dahil nakita niya sila."[7]

Ang pamangkin ng Propeta na si Joseph F. Smith ang naging ikaanim na Pangulo ng Simbahan. Isinulat niya na si Joseph Smith "ay punong-puno ng karingalan at kadalisayan ang ... pagkatao, na kadalasa'y naipapahayag niya sa simpleng paglilibang—sa paglalaro ng bola, sa pakikipagbuno sa kanyang mga kapatid ... na ikinatutuwa niya; ... puno siya ng galak; puno siya ng saya; puno ng pagmamahal, at ng bawat katangi-ang nagpapadakila at nagpapabuti sa tao, at kasabay niyon siya ay simple at tila walang muwang; ... may kapangyarihan siya, sa tulong ng Diyos, na maunawaan din ang mga layunin ng Pinakamakapangyarihan. Iyan ang pagkatao ni [Propetang] Joseph Smith."[8] ■

MGA TALA

1. Josiah Quincy, "Joseph Smith at Nauvoo," *Figures of the Past from the Leaves of Old Journals,* ika-3 ed. (1883), 376–400; tingnan din sa Richard L. Bushman, "The Character of Joseph Smith," *BYU Studies,* tomo 42, blg. 2 (2003), 29–30.
2. Bushman, "The Character of Joseph Smith," 33.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 582.
4. *Mga Turo: Joseph Smith,* 584.
5. Bushman, "The Character of Joseph Smith," 29.
6. *Mga Turo: Joseph Smith,* 581.
7. *Mga Turo: Joseph Smith,* 120.
8. *Mga Turo: Joseph Smith,* 585.



TAGATANGGAP *ka ba o* TAGABIGAY?

Naisip mo na ba kung *bakit* mo pinaglilingkuran ang iba at sinusunod ang mga kautusan? Magandang gawin iyan sa buwang ito habang nag-aaral ka tungkol sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mga aralin mo sa simbahan. Maitatanong mo sa iyong sarili, mas nahihikayat ba ako sa *matatanggap* ko o sa *maibibigay* ko?

Matutulungan ka ng mga tanong sa itaas na makita kung nakatuon ka sa iyong sarili (sarili mo ang iniisip mo) o nakatuon ka sa iba (iniisip mo ang iba).

OK lang na isipin ang mga pagpapalang matatanggap mo, pero kung makita mo na sarili mo ang iniisip mo kaysa iba, sikaping magtuon sa Diyos. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Tandaan na hindi lamang sa inyo o sa akin ang gawaing ito. Maaari tayong tumingala at humingi ng tulong sa langit" ("Gawin ang Inyong Tungkulin—Iyan Ang Pinakamainam," *Liahona,* Nob. 2005, 58). ■

PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSON

GAMITIN ITO O MAWAWALA ITO SA IYO

Alisin ang mga pagdadahilan at paghusayin ang inyong mga talento. Maaari mong gampanan ang isang mahalagang tungkulin para mapaganda pa ang mundong ito.

PAGLALARAWAN NI GIOVANNA PONTES KASSIS

"Pakiramdam ko ay hindi sapat ang kakayahan ko na maging Young Women class president. Paano ako magiging mas mahusay na lider?"

Kung pakiramdam mo ay hindi sapat ang iyong kakayahan nang tumanggap ka ng tungkulin, karaniwan lang iyan. Sina Jeremias, Enoc, at Joseph Smith ay pawang mga bata pa at lahat ay nakadama ng kakulangan nang matanggap nila ang kanilang tungkulin bilang propeta, pero ginamit pa rin sila ng Panginoon upang isulong ang Kanyang kaharian. Tulad ng paggamit ng Panginoon sa mga propeta noon upang isagawa ang mga dakilang bagay, kapag nagdasal ka at umasa sa Kanya, magagamit ka Niya.

Marahil ang pinakamagandang magagawa mo para sa mga miyembro ng inyong klase ay maging kaibigan nila. Alamin ang kanilang mga pangalan. Maaari mo silang ipagdasal araw-araw at siguro'y mag-ayuno pa para sa kanila kung nahihirapan sila. Isiping tanungin sila sa mga ginagawa nila kapag wala sila sa simbahan, ngitian at batiin sila kapag nakita mo sila, at tabihan sila sa upuan sa simbahan o sa paaralan. Maging mapagmasid sa mga nangangailangan ng dagdag na pagmamahal at suporta.

At huwag matakot na humingi ng tulong. Hindi ka iiwang mag-isa ng Ama sa Langit—binigyan ka Niya ng mga counselor at mga adult adviser. Tutulungan ka nila, at tutulungan ka rin Niya.

Tulad ng sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Lumuhod kayo at hingin ang mga biyaya ng Panginoon; [pagkatapos ay] tumindig kayo at gawin ang ipinagagawa sa inyo. At ipaubaya ninyo ang lahat sa Panginoon. Makikita ninyo na hindi pala matatawaran ang nagawa ninyo" ("Sa mga Kababaihan ng Simbahan," *Liahona,* Nob. 2003, 114).

Makipagkaibigan

Bilang class president, nakadama rin ako ng kakulangan. Ngunit mahalaga na sikaping ipadama sa mga kabataang babae na sila ay minamahal at kabilang. Maging matulunging kaibigan at makinig sa iyong mga counselor kapag gumagawa ng mga desisyon. Magpakita ng mabuting halimbawa at sikaping ipamuhay ang mga pinahahalagahan ng Young Women, pero huwag asahang maging perpekto ang iyong sarili. Ang inaasahan lang ng Ama sa Langit ay magsikap ka. Kung mananalangin ka sa Kanya, bibigyan ka Niya ng lakas at patnubay na kailangan mo.

Rebecca N., edad 16, New Hampshire, USA

Maging Handang Maglingkod

Ganyan din ang pakiramdam ko, dahil ako ang Mia Maid class president noon. Naaalala ko pa ang pakiramdam ko nang pumasok ako sa opisina ng bishop para sa interbyu. Tatanggihan ko sana, pero alam ko na hindi ito isang atas na nagmula sa bishop ko—ito ay isang calling na nagmula sa Diyos. Tutulungan tayo ng Ama sa Langit na gampanan ang ating mga calling kung handa tayong sumunod sa Kanya at magpakumbaba.

Nicole P., edad 16, Philippines

Mahalin ang mga Pinaglilingkuran Mo

Upang maging mas mahusay na lider, kailangan mo talagang mahalin ang mga pinaglilingkuran mo. Sa gayo'y kailangan mong alisin ang anumang hinanakit at magpatawad. Maaari mong ipagdasal na makita ang kahalagahan nila na tulad ng Diyos. Manalangin na madama ang pagmamahal Niya sa iyo at sa mga miyembro ng klase mo. Alam ko mula sa karanasan na makakatulong ang Pansariling Pag-unlad para magkaroon ka ng mga

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

katangian at pinahahalagahang kailangan para gampanan ang iyong calling. Bibigyan ka ng Diyos ng lakas na kailangan mo kung hihingin mo ang tulong na iyan.
Mary B., edad 16, Washington, USA

Magsimulang Umunlad mula sa Kasalukuyan Mong Sitwasyon
Maaari kang maging mas mahusay na lider sa paggamit ng mga katangiang gusto mong taglayin. Ipagdasal na patnubayan ka ng Espiritu kapag gumagawa ka ng mga pagpapasiya. Ipagdasal na mapagtuunan mo ng pansin ang mga pangangailangan ng mga kabataang babae. Marami kang magagawa para maging mas mahusay na lider, pero nalaman ko na ang unang hakbang ay laging maniwala na kaya mo.
Savanna P., edad 15, Texas, USA

Pumunta sa Templo
Noong katatawag pa lang sa akin bilang deacons quorum president, hindi ko tiyak kung paano ko mapapalakas ang aking espirituwalidad. Sinimulan kong gumawa ng family history, karaniwan ay tuwing Linggo. Pumupunta ako sa templo tuwing Sabado ng umaga. Minithi kong magdala ng pangalan ng mga lalaking mabibinyagan at makukumpirma nang madalas hangga't maaari. Pagkatapos kong magpunta sa templo linggu-linggo, mas espirituwal na ang pakiramdam ko, at dahil diyan ay mas natulungan ko ang korum ko.
Josh B., edad 13, Utah, USA

Kumilos Ayon sa Inspirasyon
Kung binigyan ka ng calling ng Panginoon, iyon ay dahil may isang gawaing kaya mong gawin. Kailangan nating humingi sa Diyos, tulad ng sabi sa Santiago 1:5. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ihahayag sa atin ang dapat nating gawin (tingnan sa 2 Nephi 32:5). Sa tulong Niya, "malalaman [natin] ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5). Pagkatapos ay kailangan nating sundin ang inspirasyong natanggap natin. Lubos akong naniniwala na yamang ang Panginoon ang gumagabay sa atin, magagampanan nating lahat ang ating mga calling.
Lucy D., edad 17, France

Magplano ng mga Aktibidad na Nagpapalakas ng Espirituwalidad
Magmiting nang regular kasama ang inyong presidency at magplano ng mga aktibidad na nagpapalakas ng espirituwalidad na tutugon sa mga pangangailangan at interes ng mga kabataan. Kapag hindi dumalo ang isang kabataang babae sa klase mo, ipaalam sa kanya na na-miss mo siya. Isa sa mga talata sa banal na kasulatan na nakatulong sa akin ay ang Mosias 18:9.
Karen P., edad 16, Mexico

PINILI KAYO NG PANGINOON
"Kayo'y tinawag ng Diyos. Kilala kayo ng Panginoon. Alam Niya kung sino ang nais Niyang maglingkod sa bawat posisyon sa Kanyang Simbahan. Pinili Niya kayo. . . . Hindi ito ginawa ng taong inspiradong nagrekomenda sa inyo sa [tungkuling] ito dahil gusto nila kayo o kailangan nila ng taong gagawa nito. Nanalangin sila at sinagot na kayo ang dapat matawag. . . .

"Tinawag kayo para kumatawan sa Tagapagligtas. Ang inyong tinig na nagpapatotoo ay nagiging tulad ng Kanyang tinig, ang inyong mga kamay ay nagpapasigla tulad ng Kanyang mga kamay."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Manindigan sa Iyong Tungkulin," *Liahona*, Nob. 2002, 76.

SUSUNOD NA TANONG

"Gusto kong anyayahan ang mga pinsan ko sa simbahan, pero takot ako na baka magalit ang kanilang mga magulang. Paano ko maibabahagi ang aking patotoo sa mga pinsan ko?"

Ipadala ang sagot mo at, kung gusto mo, isang high-resolution na retrato bago sumapit ang Enero 15, 2016, sa liahona.lds.org o sa e-mail sa liahona@ldschurch.org.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) petsa ng kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ni Elder Jörg Klebingat
Ng Pitumpu

Mga Bagay na Natutuhan Ko Bilang

ISANG KABATAANG NABINYAGAN

Noong bago pa ako sa Simbahan, nakita ko ang isang magandang halimbawa ng sakripisyo mula sa ibang mga kabataan sa aking ward. Mula noon, marami na akong natutuhang magagandang aral.

Sumapi ako sa Simbahan noong 17 taong gulang ako. Nalaman ko ang tungkol dito dahil sa mga Amerikanong nagmula sa isang base-militar sa bayan kong sinilangan sa Germany. Walang German-speaking ward sa lugar namin, kaya nagsimba ako kasama ng mga Amerikano sa base-militar sa maliit na army chapel na ginagamit ng iba't ibang relihiyon.

Isang araw ng Linggo matapos akong mabinyagan, sa pagtatapos ng serbisyo, tumayo ang bishop at nagtanong, "Puwede po bang maiwan ang lahat ng magulang na may mga estudyante sa seminary?" Pinasama rin niya ako sa kanila.

Nang ang mga pamilyang ito, ang bishop, at ako na lang ang nasa chapel, ipinaliwanag ng bishop na puwede na akong sumali sa klase nila sa seminary sa susunod na pasukan. Ngunit nag-aaral ako noon sa German school sa lugar, na mas maaga nang isang oras ang simula kaysa sa American school na pinapasukan ng lahat ng kabataan sa base-militar. Para may sapat na oras akong tumakbo pababa ng burol at makarating sa paaralan ko sa oras, kailangan nilang ilipat ang oras ng klase nila sa seminary nang alas-6:00 n.u., na mapapaaga nang mahigit isang oras kaysa dati nilang klase.

Pagkatapos ay hiniling ng bishop na pagbotohan ng lahat kung handa silang gawin ang sakripisyong ito para makasali ako sa klase. Agad nagtaas ng kamay ang lahat ng magulang at lahat ng estudyante at pumayag sila.

Kahangang-hanga ang sandaling iyon para sa akin. May natutuhan akong aral doon tungkol sa sakripisyo. Ang

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Hiniling ng bishop sa lahat na pagbotohan ang maagang pagdaraos ng seminary para makadalo ako. Pumayag silang lahat.

mga kabataang estudyanteng ito ay handang isakripisyo ang kanilang sariling kaginhawan—hindi lang para sa isang araw o isang linggo kundi sa buong taon ng pag-aaral—alang-alang sa isang bagong binyag na hindi sana makakasali sa seminary.

Nagpapasalamat pa rin ako sa kanilang sakripisyo, batid kung gaano kahalaga ang isang taon na iyon sa seminary (sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan) noong bago pa lang ako sa Simbahan. Kung walang seminary wala sana akong gaanong kaugnayan sa Simbahan maliban sa araw ng Linggo. Ang daily seminary ay napakagandang paghahanda para sa misyon. Marami itong itinuro sa akin tungkol sa disiplina, at, mangyari pa, biniyayaan ako nito ng walang-katapusang kaalaman sa ebanghelyo at mga banal na kasulatan. Itanong mo sa akin ang lahat ng scripture mastery verse sa seminary noon sa Doktrina at mga Tipan, at alam ko pa rin iyon ngayon. Ang mga karanasang ito ay nakatulong sa akin na mapalapit sa Ama sa Langit at makayanan din ang mga hamon ng pagiging kaisa-isang miyembro ng Simbahan na nagsasalita ng German sa aking bayan.

Makipag-ugnayan sa Diyos

Nang makatapos ako ng pag-aaral at bago ako nagmisyon, natapos ko ang sapilitang serbisyo sa militar. Noong nasa militar pa ako, nakagawian ko ang isang bagay hanggang sa araw na ito: ang manalangin tuwina.

Alam naman natin na ang kapaligiran sa militar ay hindi laging napaka-espirituwal—mga locker, retrato, usapan, pelikulang pinanonood sa gabi. Pero alam kong magmimisyon ako. Gusto kong manatiling matatag. Ayaw kong mabigo. Ayaw kong magpatangay sa pamimilit ng barkada. Kaya inugali kong manalangin nang tahimik sa lahat ng oras.

Palipat-lipat ng gusali, akyat-baba ng burol sa kagubatan, nakahiga sa mga foxhole, naglalaro ng war games—saanman ako naroon, lagi akong nagdarasal sa Ama sa Langit hangga't kaya ko, na umaabot nang ilang minuto at oras kung minsan sa pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit para mapalapit sa Kanya at manatiling matatag. Kadalasan, nagpapasalamat lang ako.

Gawi ko pa rin ito. Kapag nagmamaneho ako sa kung saan o nakaupo sa bus o naglalakad sa isang lugar, likas na sa akin ang manalangin nang tahimik palagi o "manalangin tuwina" gaya ng sabi sa mga banal na kasulatan (tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 32:9). Magandang makagawian ito sa murang edad.

Alam nating dapat tayong manalangin, ngunit hindi lang iyan nangangahulugan ng pagluhod sandali sa umaga at gabi alang-alang sa Ama sa Langit. Ang panalangin ay dapat mauwi sa matapat, malalim, at patuloy na pakikipag-ugnayan sa inyong Ama, na, sa paglipas ng panahon, ay tutulong sa inyo na lalong mapalapit sa Kanya. Kapag nakagawian ninyong manalangin tutulungan kayo nitong harapin ang lahat ng tuksong nasa mundo (tingnan sa 3 Nephi 18:15, 18). Kaya nga, habang naglalakad kayo, o tuwing may libreng oras kayo, isiping bawasan ang oras sa pakikinig ng musika o pagte-text at dagdagan ang oras sa tahimik na pagdarasal.

Ipamuhay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa Lahat ng Oras

Habang patuloy kayong nananalangin at nag-aaral ng ebanghelyo, makikita ninyo na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nariyan para sa inyo oras-oras, araw-araw, upang tulungan kayong "panatilihin ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan" (tingnan sa Mosias 4:11–12). Makakalapit kayo sa Ama sa Langit para hingin ang kapangyarihang ito at talagang maging malinis anumang oras, hindi lamang sa araw ng Linggo, hindi lamang kapag lumapit kayo sa bishop para ipagtapat ang isang mabigat na kasalanan.

Nais ng Panginoon na umasa kayo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo araw-araw para maging malinis at karapat-dapat kayo, madama ninyo ang Espiritu, at magabayan kayo sa lahat ng oras sa halip na paminsan-minsan lang kayo patnubayan ng Espiritu. Sa pag-asa sa

Pagbabayad-sala araw-araw, maaaring mapasainyo ang pagpapalang ito anuman ang mga pagkakamaling nagawa ninyo noon. Nadarama ng maraming kabataan na ang pagsisisi ay pagpunta lamang sa bishop at pagsasabi sa kanya ng mabibigat na kasalanan. Ngunit ang pagsisisi ay higit pa riyan. Ang ibig sabihin nito ay mapagpakumbaba, palagian, mapanalangin, at araw-araw na pagsikapang (1) pag-aralan ang mga banal na kasulatan, lalo na ang mga nagtuturo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Cristo, at pagkatapos ay (2) matutong iangkop ito sa inyong buhay sa bawat sandali araw-araw. Para diyan ito. Ipaalam sa Ama sa Langit araw-araw na ito ang nais ninyo—na maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon.

Huwag hayaang ilayo kayo ng kaaway sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagpapadama sa inyo na hindi sapat ang inyong kabutihan, na mas mabuti ang ibang tao kaysa sa inyo—na para bang nakabitin sa harapan ninyo (II Mga Taga Corinto 13:5). Ngunit kapag nalaman na ninyo ang tungkol sa Pagbabayad-sala at kung paano umasa rito, makikita ninyo na madarama ninyo ang pagmamahal ng Panginoon sa kabila ng inyong mga pagkukulang.

Unawain kung sino kayo, at unawain kung sino si Cristo at kung ano ang ginawa Niya para sa inyo. Pagkatapos ay pagsamahin ang dalawang ito para maging malinis kayo sa lahat ng oras at magkaroon ng tiwala sa sarili at sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Pagkatapos, habang nagtatagal, magkakaroon kayo ng mabuting pagpapahalaga at tiwala sa sarili.

Pagdating ng panahon, ito ang mga bagay na natutuhan ko bilang bagong binyag, at labis nitong pinagpala ang buhay ko. Kapag nagsakripisyo, nag-aral, at nagsikap kayong manatiling malapit sa Ama sa Langit, pagpapalain din Niya kayo. Huwag sumuko kailanman! ■

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nariyan para sa inyo oras-oras, araw-araw.

DETALYE MULA SA *SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI HARRY ANDERSON

ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ang Kanyang pagmamahal at pagsang-ayon ngunit hindi ninyo kailanman kayang abutin. Hindi iyan totoo. Mahal kayo ng Ama sa Langit kung ano kayo ngayon, ngunit, siyempre, dapat ay *palagi* ninyong paghusayin at sikaping sundin ang mga kautusan at iangkop ang Pagbabayad-sala sa inyong buhay araw-araw, *sa lahat ng oras*. Tulad ng sabi ni Apostol Pablo, "Siyasatin ninyo ang inyong sarili"

Pansariling Pag-unlad sa AKING FAMILY TREE

Kami lang ng kapatid kong lalaki ang mga miyembro ng Simbahan sa pamilya ko—iyon ang akala ko bago ko sinimulang gawin ang aking family history.

Ni Raisa Marcondes

Lagi kong ipinagpapaliban noon ang paggawa ko ng aking genealogy. Ngunit ang hangarin kong magmisyon ang naghikayat sa akin na magtakda ng mga mithiin para maihanda ko ang sarili ko na maging mas mabuting missionary. Sa tulong ng isang inspiradong bishop, nagpasiya akong simulan ang paggawa ng Pansariling Pag-unlad. Upang maisagawa ang ilang mithiin at mga proyekto sa mabubuting gawa, kinailangan kong makibahagi sa genealogy. Kaya kumilos ako.

Alam kong ginabayan ako ng Espiritu, dahil isang Linggo ng gabi, pagkaraan lamang ng tatlong oras na paggawa, may kamangha-manghang nangyari.

Nang magsimula na ako, naalala ko na ang aking kalolo-lolohan ay naging gobernador ng estado ng Amazonas, Brazil. Kaya isinulat ko ang pangalan niya sa isang online search engine, at nagulat ako dahil may nakita akong isang Wikipedia page tungkol sa aking kalolo-lolohan at kalola-lolahan! Agad kong nakita sa kanila ang mga talento at kaloob na taglay ko, at nag-umapaw ang damdamin ko. Ngunit marami pang tutuklasin.

Nang tingnan ko ang mga link sa page, napansin ko na isa rito ang nagsabing "family tree." Nag-klik ako roon, at natagpuan ko ang mga branch ng pamilya ko na hindi ko akalaing naroon. Ngunit ang lalong nakaagaw ng aking pansin ay ang pangalan ng aking tiya-sa-tuhod na si Rosalina Meireles, na naniranan pala sa Utah.

Nagulat ako. Akala ko kaming magkapatid lang ang mga miyembro ng Simbahan. Talaga bang may iba pang mga miyembro ng Simbahan sa aking pamilya? Nang mag-klik ako sa pangalan niya, nakita ko ang isang link sa Facebook page, kaya kinontak ko siya. Sa loob ng dalawang araw nakatanggap ako ng mensahe mula sa kanya, na nagpapatibay na magkamag-anak kami at na siya rin ay miyembro ng Simbahan.

Napakalaki ng pasasalamat ko sa Ama sa Langit sa pagtutulot na madama ko ang gayong kagalakan sa sandaling iyon.

Patuloy akong naghanap ng mga yumaong ninuno ko, at biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng napakaraming pangalan ng pamilya na madadala ko sa templo. Pero tinulungan din Niya akong mahanap ang mga buhay na miyembro ng pamilya na tapat sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. At utang ko itong lahat sa Pansariling Pag-unlad, sa gawain sa family history, at sa hangarin kong magmisyon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Manaus, Brazil.

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Ni Elder Marcus B. Nash
ng Pitumpu

Mga Banal na Kasulatan para kay Spencer

*"Hilig kong laging binabasa, kasulatang banal. Espiritu'y dama, sa puso ko t'wina" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *66).*

Noong bagong kasal kami ng aking asawa, hinikayat ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) ang mga miyembro ng Simbahan na basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw kasama ang kanilang pamilya. Gusto naming sundin ang propeta, kaya nagpasiya kaming gawin iyon bilang mag-asawa at saka kasama ang magiging mga anak namin.

Makalipas ang maraming taon, nagkaroon kami ng limang anak, kabilang ang aming bunsong si Spencer.

Minsan, noong anim na taong gulang si Spencer, may pinuntahan kaming mag-asawa nang ilang araw at iniwan namin ang mga bata sa isang babysitter. Pag-uwi namin, umupo ako sa tabi ni Spencer at kinumusta kung ano ang nangyari habang wala kami.

Sinabi niya sa akin na nahirapan siyang matulog. Nang tanungin ko kung bakit hindi siya makatulog nang maayos, nag-isip siya at sinabing hindi niya alam.

Kalaunan nang gabing iyon sinimulan naming magpapamilya ang nakasanayan na naming pagbabasa ng Aklat ni Mormon nang sama-sama.

Biglang bumulalas si Spencer, "Kaya pala!" Itinanong ko kung ano ang sinasabi niya. "Kaya pala hindi ako makatulog nang husto sa gabi."

"Bakit hindi ka makatulog?" tanong ko.

"Hindi po kami nagbasa ng mga banal na kasulatan sa gabi noong wala kayo, at gusto ko po ang pakiramdam na dulot ng mga banal na kasulatan."

Natutuhan ni Spencer na ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw ay nagdudulot sa atin ng kapanatagan, kapayapaan, at patnubay ng Espiritu Santo.

Matututuhan nating mahalin ang mga banal na kasulatan kapag binasa natin ito araw-araw. Kapag ginawa natin ito, gagabayan tayo ng Espiritu Santo at palalakasin ng ating Ama sa Langit. ■

PAGLALARAWAN NI DANI JONES

Isang Aral mula sa Aking Ama

Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Natutuhan ko ang malaking aral mula sa aking ama tungkol sa awtoridad at kapangyarihan ng priesthood.

Lumaki ako sa isang tahanang may matapat na ina at napakabait na ama. Ang tatay ko ay hindi miyembro ng ating Simbahan noon pero kasama pa rin siya ng aming pamilya sa mga miting ng Simbahan. Siya ang coach ng aming ward softball team at tumulong sa mga aktibidad ng Scouts.

Noong bata ako maraming beses kong tinanong ang tatay ko bawat linggo kung kailan siya magpapabinyag. Ang sagot ng tatay ko sa tuwina ay, "David, sasapi ako sa Simbahan kapag alam ko na ito ang tamang gawin."

Isang araw ng Linggo tinanong ko ang tatay ko kung kailan siya magpapabinyag. Ngumiti lang siya at nagtanong sa akin. "David, itinuturo sa simbahan ninyo na ang priesthood ay inalis sa mundo noong unang panahon at ipinanumbalik na ng mga sugo ng langit. Kung talagang nasa simbahan ninyo ang ipinanumbalik na priesthood ng Diyos, bakit marami sa kalalakihan sa simbahan ninyo na gumaganap sa kanilang tungkulin sa priesthood ang hindi naman naiiba kumpara sa kalalakihan sa aking simbahan?"

Nablangko ang isipan ko. Wala akong maisagot sa tatay ko.

Alam ko na ang kalalakihang maytaglay ng priesthood ay *dapat* kakaiba ang kilos sa ibang mga lalaki. Ang mga maytaglay ng priesthood ay hindi lamang dapat tumanggap ng awtoridad ng priesthood kundi dapat ding maging tapat at karapat-dapat sa paggamit ng kapangyarihan ng Diyos.

Nagpasiya ako na hinding-hindi ako magiging masamang halimbawa sa tatay ko. Gusto ko lang maging mabuting bata. Tayong lahat na maytaglay ng priesthood ay kailangan ng Panginoon na maging mararangal, mababait, at mabubuting bata sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.

Pagkaraan ng ilang taon, ang tatay ko *ay* nabinyagan. Nagkaroon ako ng pagkakataong ipagkaloob sa kanya ang Aaronic at Melchizedek Priesthood. Isa sa mga dakilang karanasan ko sa buhay ang makitang tanggapin ng tatay ko ang awtoridad at kapangyarihan ng priesthood. ■



PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

Ang Aklat ni Mormon, Isang Regalo mula sa Ama sa Langit

Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–35, 42–54, 59–60

Joseph Smith



Anghel Moroni



Gupitin ang mga larawang ito na may kaugnayan sa banal na kasulatan at idikit o iteyp ang mga ito sa karton, sa makapal na papel, sa maliliit na supot, o sa mga patpat. Ilagay ang mga ito sa isang sobre o bag, kasama ang mga label na may listahan ng mga banal na kasulatan.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER

Bisperas ng Pasko Kasama ang mga Córdoba

Iisa lang ang regalo namin ni Marycielo.
Paano kami maghahati?

MGA PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY

Ni Honney Thalia Cabel Losno
Batay sa tunay na buhay

"Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

Noong Bisperas ng Pasko dalawa lang ang regalo sa ilalim ng aming maliit na puno. Isa para sa aking dalawang-taong-gulang na kapatid na babaeng si Marycielo at isa para sa akin. Gipit kami sa pera, sabi ni Mama, kaya iyon lang ang matatanggap namin.

Nang gabing iyon binasa ni Mama ang isang kuwento mula sa *Liahona* tungkol sa Pasko na walang anumang mga regalo. Habang nagbabasa siya, sumaya ako at napayapa. Siguro hindi naman masamang makatanggap ng iisang regalo lang. Pagkatapos ay sinabi ni Mama, "Sa halip na maglaro tulad ng karaniwan nating ginagawa sa Bisperas ng Pasko, ano kaya kung magdala tayo ng mga regalo sa isang pamilya sa ward?"

"Pero ano po ang maibibigay natin sa kanila?" tanong ko.

"Mayroon tayong kaunting maibibigay."

Sumulyap ako sa dalawa naming regalo, at sa larawan ni Jesus sa dingding. "Siguro po ibibigay ni Jesus kung ano ang mayroon Siya."

Ipinagdasal namin kung aling pamilya ang bibisitahin namin. Marami sa mga pamilyang kilala namin ang medyo hikahos sa taong iyon. Matapos magdasal, nadama namin na dapat naming bisitahin ang pamilya Córdoba. May tatlong anak sila, at nawalan ng trabaho ang papa nila.

Pumunta kami sa tindahan at bumili ng *panetón* (isang holiday bread), isang hinurnong manok, at tatlong maliliit na regalo. Masaya naming pinili ang mga iyon. Ginastos ni Mama ang lahat ng pera niya, mga 30 Peruvian *soles* (mga U.S. $10).

Nang matapos na kami, nagpunta na kami sa mga Córdoba. Hinawakan ko ang kamay ni Marycielo habang naglalakad kami papunta sa pintuan.

Nakita kami ni Sister Córdoba at lumabas siya para yakapin kami. "Napakagandang sorpresa! Tuloy kayo! Maupo kayo," sabi niya. Habang naglalakad kami sa loob ng bahay, pinisil niya ang kamay ni Mama at tinapik niya ang balikat ko. "Matutuwa si Rolando at ang mga bata na makita kayo," sabi niya sa akin.

Lupa ang sahig sa loob ng bahay. Walang kuryente, mga kandila lamang. Medyo nalungkot ako para sa pamilya Córdoba. Sana marami pa kaming maitulong sa kanila. Pero parang hindi pansin ni Mama ang lupa o mga kandila. Basta masaya lang siyang makasama si Sister Córdoba.

"Naparito kami para batiin kayo ng *feliz Navidad*!" sabi ni Mama. "Natutuwa kami't magkakaibigan tayo." Ibinigay niya ang pagkain at mga regalo kay Sister Córdoba, na napangiti nang husto at nagpasalamat.

Tumakbong papasok sina Rolando, Madeline, at Raquel mula sa kabilang kuwarto para bumati. Sumilip si Marycielo na nakakapit sa binti ko at ngumiti. Tumawa siya nang mag-funny face si Rolando sa kanya. Hindi nagtagal nag-uusap na ang lahat, nagbibiruan, at nagtatawanan.

"Mas mainam ito kaysa kami-kami lang ang naglalaro," naisip ko. Masaya ako na nagpunta kami. Hindi mahalaga na wala kaming gaanong naibigay. At hindi mahalaga kung lupa ang sahig nila. Ang Pasko ay hindi tungkol sa kung ano ang mayroon tayo. Tungkol ito sa pagsasama-sama.

Nang maghanda kaming umalis, niyakap kaming muli ni Sister Córdoba. "Maraming salamat," sabi niya. Garalgal ang boses niya, at nakita ko ang luha sa kanyang mga mata. Tumingkayad ako at hinalikan ko si Sister Córdoba sa pisngi.

"Feliz Navidad," sabi ko. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Peru.

Ang Puzzle ng Panunumbalik



Ano ang ibig sabihin ng salitang Panunumbalik*?*

Ni Heidi Poelman

Batay sa tunay na buhay

"Sapagkat aking iginawad sa inyo ang mga susi at kapangyarihan ng priesthood, kung saan ibabalik ko ang lahat ng bagay" (D at T 132:45).

Sa daan pauwi mula sa simbahan, naalala ni Anna ang maliit na papel na bigay sa kanya ng kanyang guro. "Inay, hulaan po ninyo! Magbibigay po ako ng mensahe sa Primary sa isang Linggo."

"Magaling," sabi ni Inay. "Tungkol saan?"

"Magsasalita po ako tungkol sa Panunumbalik. Pero hindi ko po tiyak kung ano ito."

"Ang ibig sabihin ng *Panunumbalik* ay ibinalik, o ipinanumbalik, ng Diyos ang lahat ng nais Niyang taglayin ng Kanyang Simbahan," sabi ni Inay. "Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ibinalik Niya ang mga templo, ang priesthood, pagbinyag, at ang kaloob na Espiritu Santo. Kung wala ang Panunumbalik, hindi mapapasaatin ang Simbahan!"

Tumango si Anna. "Sa tingin ko tama po kayo. Pero parang hindi ko po kayang ipaliwanag ito gaya ng ginawa ninyo."

"Teka, may naisip ako," sabi ni Inay nang makauwi na sila. "Halika."

Sinundan ni Anna si Inay papunta sa sala ng pamilya. Sinimulan nilang buuin ang isang puzzle sa nagdaang gabi, at nagkalat pa ang mga piraso sa isang maliit na mesa.

"Isipin mo na ang ebanghelyo ay tulad sa isang nabuong puzzle." Dinampot ni inay ang isang piraso. "Maraming piraso ng larawan ang nasa mundo sa iba't ibang panahon. Pero nang mamatay si Jesus at ang mga Apostol, maraming katotohanan ng ebanghelyo ang nawala o binago. Ang mga pirasong iyon ng katotohanan ay kailangang maibalik."

"Pagkatapos ano po ang nangyari?" Hinalu-halo ni Anna ang ilang piraso.

"Pagkaraan ng maraming taon tinawag ng Diyos ang isang batang taga-bukid para ibalik at buuin ang lahat ng piraso tulad noong nasa lupa si Jesus. Sino iyon sa palagay mo?"

"Si Joseph Smith!" nakangiting sabi ni Anna. "Parang naiintindihan ko na po." Nag-usap pa sila ni Inay tungkol kay Joseph Smith at sa iba't ibang piraso ng ebanghelyo na ibinalik ng Diyos sa pamamagitan niya.

Sa natitirang mga araw ng linggo, isinulat at pinraktis ni Anna ang kanyang mensahe. Nanalangin siya sa Ama sa Langit na magkaroon siya ng lakas-ng-loob at sana maibahagi niya ang kanyang mensahe sa Primary.

Pagsapit ng Linggo, nang ibibigay na ni Anna ang kanyang mensahe, tumayo siya, huminga nang malalim, at ipinakita ang isang puzzle na nasa tabla para makita ng lahat. Buo na ang mga piraso ng puzzle.

"Noong unang panahon, marami sa mahahalagang piraso ng ebanghelyo ang nasa lupa. Nang mamatay si Jesus at ang Kanyang mga Apostol, ang ilang piraso ay nawala." Kinuha ni Anna ang ilang piraso sa puzzle at inilapag ito. "Pagkatapos

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

PROPETA NG PANUNUMBALIK

"Si Joseph Smith . . . ang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagpapalabas ng sagradong kasulatan, nawalang doktrina, at panunumbalik ng priesthood."

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Joseph Smith," ***Liahona,*** **Nob. 2014, 28.**

ay tinawag ng Ama sa Langit at ni Jesus si Joseph Smith bilang propeta para ibalik ang nawawalang mga piraso ng ebanghelyo. Ito ang tinatawag na Panunumbalik." Dinampot niya ang isang piraso ng puzzle para ipakita sa Primary. Nasa likod ang mga salitang "Kapangyarihan ng priesthood."

Pagkatapos ay ipinakita ni Anna ang iba pang mga piraso. Binasa niya ang nasa likod ng bawat piraso bago niya ito inilagay sa lugar nito sa puzzle. "Isang buhay na propeta . . . labindalawang Apostol . . . gawain sa templo para sa mga walang-hanggang pamilya . . . binyag sa pamamagitan ng paglulubog . . . pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo."

Itinaas ni Anna ang nabuong puzzle. "Ngayon nasa atin na ang lahat ng piraso ng ebanghelyo. Ibig sabihin makikita nating mabuti kung paano tayo liligaya at muling mabubuhay sa piling ng Ama sa Langit balang-araw. Nagpapasalamat ako sa Panunumbalik. Sa pangalan ni Jesucristo, amen." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Si Jesucristo ay Paparitong Muli!

Ni Erin Sanderson

Sa Pasko, ipinagdiriwang ng mga tao sa buong mundo ang pagsilang ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Balang-araw ipagdiriwang natin ang isa pang napakagandang araw—ang Ikalawang Pagparito, kapag nagbalik si Jesus sa lupa! Itinuro na ng mga propeta kung ano ang mangyayari bago muling pumarito si Jesus. Ang isa sa mga bagay na iyon ay na ang Kanyang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo.

Ang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay tumutulong sa atin na makadama ng kapayapaan, kahit tila nakakatakot ang mga nagaganap sa mundo. Sinabi ni Cristo, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

Habang iniisip ninyo si Jesus sa Paskong ito, alalahanin na Siya ay babalik balang-araw, hindi bilang sanggol kundi bilang Hari ng mga hari. At doon malalaman ng lahat na Siya ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng mundo! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



DETALYE MULA SA *ANG IKALAWANG PAGPARITO*, NI HARRY ANDERSEN; MGA PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

ALAMIN ANG IBA PA

Kapag nagbalik si Jesus, Siya ay maghahari sa lupa sa loob ng 1,000 taon. Ang panahong ito ay tinatawag na Milenyo. Sa panahon ng Milenyo, ang mga tao ay magiging napakabubuti kaya hindi sila matutukso ni Satanas. Hindi magkakaroon ng kalungkutan, at ang mga taong sumusunod kay Cristo ay makadarama ng kapayapaan at kaligayahan.

PAG-UUSAP NG PAMILYA

Ang kayamanan ay isang espesyal na bagay na napakahalaga. Basahin ang Joseph Smith—Mateo 1:36–37. Pag-usapan kung paano tayo tinutulungan ng "pagpapahalaga sa" mga salita ni Cristo na maghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Saan natin makikita ang Kanyang mga salita?

Awitin: "Sa Kanyang Pagbabalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 46)

Banal na Kasulatan: Juan 14:27

Video: Magpunta sa Biblevideos.org para panoorin ang "Glad Tidings of Great Joy: The Birth of Jesus Christ."

MAAARI AKONG MAGING HANDA

Gumawa ng buklet na magpapaalala sa iyo kung paano ka makapaghahanda ngayon para sa muling pagparito ni Jesus.

Gupitin at isalansan ang mga kard. Tuhugan ng sinulid at itali ito sa dalawang butas.

Maaari Akong Maging Handa Kapag Muling Pumarito si Jesus



Maaari akong manalangin araw-araw.



Maaari kong basahin ang mga banal na kasulatan.

Maaari kong tuparin ang aking mga tipan sa binyag.



Maaari kong sundin ang mga kautusan.



Maaari kong sundin ang propeta.

TIP SA BANAL NA KASULATAN

Narito ang tatlong paraan na mas mauunawaan mo ang mga banal na kasulatan:

1. Bago mo simulan ang pag-babasa ng mga banal na kasulatan, manalangin sa Ama sa Langit para humingi ng tulong na maunawaan ang mga ito.
2. Mag-ukol ng oras na pag-isipan ang iyong binasa.
3. Sabihin sa isang tao kung ano ang iyong natutuhan at nadama, at isulat ito sa isang journal.

Ang Kuwento ng Pagsilang ni Cristo

Noong unang panahon, isang babaeng nagngangalang Maria at isang lalaking nagngangalang Jose ang malapit nang ikasal. Sina Maria at Jose ay mababuting tao na sumunod sa nais ipagawa sa kanila ng Diyos.



Isang araw isang anghel ang dumalaw kay Maria at sinabi sa kanya na magkakaanak siya! Sinabi ng anghel na dapat ay Jesus ang ipangalan niya sa sanggol. Ang sanggol ang magiging Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas.

MGA PAGLALARAWAN NI SIMINI BLOCKER

Kinailangang maglakbay nina Maria at Jose papunta sa bayan ng Betlehem para magbayad ng buwis.

Ang bayan ay puno ng mga tao. Kaya pinalipas nina Maria at Jose ang gabi sa isang kural ng mga hayop. Nang gabing iyon ang sanggol na si Jesus ay isinilang!

Isang bagong bituin ang lumitaw sa kalangitan.

Binabantayan noon ng mga pastol ang mga tupa sa kalapit na parang. Dumating ang mga anghel at sinabi sa mga pastol na isinilang na ang Tagapagligtas. Humayo ang mga pastol para hanapin at sambahin ang sanggol na si Jesus.





Sa malayong lugar, nakita ng mga Pantas ang bagong bituin. Alam nila na tanda iyon na isinilang na ang Tagapagligtas. Sinundan nila ang bituin hanggang sa matagpuan nila si Jesus. Nagbigay sila sa Kanya ng mga regalo at sumamba sa Kanya.

Pagkaalis ng mga Pantas, binisita ng isang anghel si Jose. Sinabi ng anghel na gustong saktan ng isang masamang hari si Jesus. Sinabi ng anghel na dapat pumunta ang kanilang pamilya sa Egipto para maging ligtas.

Sina Jose, Maria, at Jesus ay nanirahan sa Egipto hanggang sa ligtas nang bumalik sa Israel. Si Jesus ay lumaki sa bayan ng Nazaret. Natuto siyang maging matulungin, mabait, at masunurin. Nalaman niya ang lahat ng bagay na kailangan Niyang matutuhan para maging Tagapagligtas natin. Sinunod Niya palagi ang plano ng Diyos para sa Kanya.

Tuwing Pasko ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo. Ituro ang mga larawan ng mga taong ito, na naging bahagi ng kuwento ng Pagsilang ni Jesus.

Maaari nating tularan sina **Maria at Jose** sa paggawa ng nais ipagawa sa atin ng Diyos.

Maaari nating tularan ang **mga pastol** at **mga Pantas** sa pagsunod kay Jesucristo.

Maaari nating tularan ang **mga anghel** sa pagbabahagi sa iba ng totoong kuwento ng Pasko.

At maaari nating tularan si **Jesus** sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa! ■

MULA SA MGA BANAL NA KASULATAN

Mababasa ninyo ang kuwento ng Pagsilang ni Jesus sa Mateo 1:18–25; 2; Lucas 1:26–38; 2:1–20.

Ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95)
Ikalabing-apat na Pangulo ng Simbahan

ANG TUNAY NA PASKO

Ang tunay na Pasko ay dumarating sa mga taong nagpapasok kay Cristo sa kanilang buhay.

Sa maikling liham ni Pablo sa mga taga-Galacia, nagpakita siya ng matinding pag-aalala sa kawalan nila ng paniniwala at sa pagtalikod nila sa kanyang mga turo tungkol kay Cristo. Isinulat niya sa kanila: "Datapuwa't mabuti ang ipagmalasakit sa mabuting bagay sa lahat ng panahon, at hindi lamang samantalang ako'y kaharap ninyo. Maliliit kong mga anak, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Cristo ay mabadha sa inyo" (Mga Taga Galacia 4:18–19). Sa madaling salita, ipinahayag ni Pablo na nasasaktan siya at nababalisa hanggang sa "mabadha o mabuo" si Cristo sa kanila. Ibang paraan ito ng pagsasabing "kay Cristo," dahil ang pahayag na iyan ay paulit-ulit na ginamit ni Pablo sa kanyang mga sulat.

Posibleng isilang si Cristo sa buhay ng mga tao, at kapag talagang naranasan nila iyon, ang isang tao ay "kay Cristo"—si Cristo ay "nabuo" sa kanya. Ibig sabihin ay taglay natin si Cristo sa ating puso at Siya ay nabubuhay sa atin. Hindi lamang Siya pangkalahatang katotohanan o tunay na nangyari sa kasaysayan, kundi ang Tagapagligtas ng mga tao sa lahat ng lugar at sa lahat ng oras. Kapag sinisikap nating tularan si Cristo, Siya ay "nabubuo" sa ating kalooban; kung bubuksan natin ang pintuan, Siya

ay papasok; kung hahangarin natin ang Kanyang payo, papayuhan Niya tayo. Para "mabuo" si Cristo sa atin, kailangan tayong maniwala sa Kanya at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang gayong paniniwala kay Cristo at pagtupad sa Kanyang mga utos ay hindi paghihigpit sa atin. Sa pamamagitan nito, ang mga tao ay lumalaya. Ang Prinsipe ng Kapayapaan na ito ay naghihintay na magbigay ng kapayapaan ng isipan, at maaaring gawing daluyan ng kapayapaang iyon ang bawat isa sa atin.

Ang tunay na Pasko ay dumarating sa kanya na tumanggap kay Cristo sa kanyang buhay bilang isang buhay, makapangyarihan, at nagpapalakas na puwersa.

Sa kanyang pagmumuni-muni ukol sa Kapaskuhan, isinulat ni James Wallingford ang mga linyang ito:

Ang Pasko ay hindi isang araw o panahon, kundi isang kalagayan ng puso't isipan.
Kung mahal natin ang ating kapwa tulad sa ating sarili; kung sa kabila ng ating kayamanan tayo ay maralita sa espiritu at sa kabila ng ating kahirapan tayo ay mayaman sa biyaya;
kung ang ating pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nagmamapuri, kundi nagtitiis nang matagal at mabait;
kung kapag ang ating kapatid ay humingi ng tinapay, sa halip ay ibinibigay natin ang ating sarili; kung bawat bukang-liwayway ay may pagkakataon at nagwawakas sa tagumpay, gaano man ito kaliit—
kung gayon bawat araw ay araw ni Cristo at ang Pasko ay laging nariyan lang.
(Sa Charles L. Wallis, ed., Words of Life *[1966], 33) . . .*

Kung gusto ninyong mahanap ang tunay na diwa ng Pasko at makabahagi sa tamis na dulot nito, ito ang imumungkahi ko sa inyo. Sa kaabalahan ng masayang pagdiriwang ng Kapaskuhang ito, humanap ng oras para ibaling ang inyong puso sa Diyos. Marahil sa tahimik na mga sandali, at sa isang tahimik na lugar, at sa pagluhod—nang mag-isa o kasama ang mga mahal sa buhay—magpasalamat sa mababuting bagay na dumating sa inyo, at hilinging mapasainyo ang Kanyang Espiritu habang masigasig ninyong sinisikap na paglingkuran Siya at sundin ang Kanyang mga utos. Aakayin Niya kayo at tutuparin ang Kanyang mga pangako. ■

Mula sa "Ang Tunay na Pasko", Liahona, *Dis. 2005, 12–15.*

MGA KABATIRAN

Mga miyembro sa Natal, Brazil.

Ano ang magagawa natin para maging kalugud-lugod ang Sabbath?

"Ang Sabbath ay nagbibigay ng magandang pagkakataon para patibayin ang ugnayan ng pamilya. . . . Ginagawa nating kaluguran ang Sabbath kung itinuturo natin ang ebanghelyo sa ating mga anak. . . . Maliban pa sa oras na kasama ang pamilya, makakaranas kayo ng tunay na kaluguran sa Sabbath sa paggawa ng family history. . . . Gawin ang Sabbath na kaluguran sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba, lalo na sa may mga karamdaman o nalulungkot o nangangailangan."

Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Sabbath ay Kaluguran," *Liahona,* Mayo 2015, 130, 131.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Napaagang Pag-uwi mula sa Misyon

Nang makauwi na ako, nahirapan ako sa aking patotoo. Ngunit kalaunan ay nangako ako sa Ama sa Langit na mananatili akong tapat kahit hindi ako nakatanggap ng mga sagot.

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN

p. 60

Mga Bagay na **Natutuhan Ko** Bilang Isang Kabataang Nabinyagan

Kunwari ay sumapi ka sa Simbahan sa edad na 17 at ikaw lang ang miyembro sa inyong bayan na nagsasalita ng inyong wika. Basahin kung ano ang natutuhan ni Elder Klebingat ng Pitumpu sa sitwasyong iyon!

PARA SA MGA BATA

Ang Kuwento ng Pagsilang ni Cristo

Masiyahan sa anim-na-pahinang pag-sasalarawan ng kuwento ng pagsilang ng sanggol na si Jesus!

p. 74

4 02125 72893 5
TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW